Prophetic Insights ★★★ Gospel News ★★★ End-Time Revelation

# mensahe

www.endtimemessage.info

Revised Edition | DYARYO NG PAGKAING ESPIRITWAL PARA SA MASANG PILIPINO | December 2007



**Ang Bagong Kapanganakan**
pp19 [ JOHN 3:3 ]



pp12
**Mansanas nga ba ang kinain ni Eva?**

## Israel News


## BANSANG ISRAEL: Hinog Na Sa Pangalawang Pagbabalik ng Messiah

Sa loob halos ng mahigit sa dalawang libong taon, ang bansang Israel ay sinakop ng dalawang makakapangyarihang bansa - ito'y ng emperyong Romano at ng mga Palestinong Muslim. Habang ang mga dayuhang ito ay nakikipanahan sa bayang pinili ng Dios, nagkawatak-watak naman ang tunay na mga Israelita sa iba't-ibang dako ng daigdig.

Datapuwa't dumating na ngang muli ngayon ang itinakdang sandali ng Dios upang maipanumbalik ang "*Chosen People of God*" sa sarili nilang bayan. Tinukoy ng Biblia ang Israel bilang ang "*fig tree*" o ang puno ng **igos** na noo'y pinutol ng Dios, datapuwa't ito'y muling manariwa ngayon at inihulang hindi na magluluwat at magwawakas na nga ang lahat ng mga bagay kapag nakabalik na silang muli sa lupang ipinangako.

**(Sundan sa pahina 18)**

# JESUCRISTO
## DIOS BA O TAO LAMANG?



Sa pagdaan ng maraming panahon, nakaugalian na ng mga tao ang manampalataya sa iisang Dios na hindi nakikita.

Madalas na ang Dios na ito'y tagurian sa iba't-ibang Pangalan. Naririyan ang tawagin siyang Bathala, Elohim, Yahweh, Jehovah, at El Shaddai.

Datapwa't kailanman ay hindi pa NAKITA ng tao ang tunay na ANYO ng Dios sa pisikal. Minsan man siyang magpakita sa tao ay sa anyong Apoy na lumalagablab sa puno, sa panahon ni propeta Moises.

Ang karaniwang tao ngayon ay nagtatanong: "Tunay nga ba kayang walang ANYO ang Dios?"

Bakit sinasabi naman sa Aklat ng *Genesis 1:27* na "**Ang TAO ay nilikha ng DIOS ayon sa Kanyang WANGIS**"? Maaari bang mag-anyong TAO ang DIOS? Atin ngang alamin ang bagay na ito.

Sa pasimula pa lamang, tunay na nalalaman na ng Dios ang kahahantungan ng lahat ng bagay. Ito'y dahil sa Siya ay ang "*Alpa at Omega, ang Pasimula at ang Wakas*" (Apocalipsis 1:8). (*sundan sa pp. 6* )

## May Halaga Ka Ba Sa Mata Ng Dios?




Sa gitna ng labis na kahirapan, pagsubok at kabiguan sa buhay, madalas ay naipagtatanong ng tao sa kanyang sarili kung, *"Mahal nga ba ako ng Dios?* At kung sadyang mahal nga ako ng Dios, bakit naman kaya pinahihintulutan Niyang maganap ang kabiguan, ang karalitaan, at ang pagdurusa't karamdaman sa aking buhay? Samantalang kung loloobin naman ng Dios ay pupuwede naman Niyang ipagkaloob sa akin ang kariwasaan at kasaganaan sa buhay."

Eto ang katanungang bumabagabag sa bawat taong sadyang naghahanap ng kasagutan sa tunay na kahulugan ng buhay ngayon. Alamin natin ang katugunang napapaloob sa Biblia ukol sa bagay na ito.

**(Sundan sa pahina 4)**

## WILLIAM MARRION BRANHAM
### Mensahero Sa Huling Kapanahunan



Si **William Marrion Branham** ay isa sa mga pinakakilalang ministro ng Dios sa ating kapanahunan. Siya ay itinuturing ng karamihan bilang "**initiator**" ng ***healing*** **at** ***charismatic revivals*** of the *20th Century.*

Mula sa taong 1947 hanggang sa kanyang pagpanaw noong 1965, ay di halos mabilang ang mga pinagaling ng Dios mula sa karamdamang cancer, leukemia, tuberculosis, at iba pang mga sakit sa pamamagitan ng panalangin ni William Branham. Ang mga bulag ay nakakita, ang mga pilay ay nakalakad, ang mga bingi ay nangakarinig, at ang mga patay ay muling nangabuhay, sa panalangin ng alagad na ito ng Dios. Kanyang pinatunayan na ang kapangyarihan ni JesuCristo ay naririto pa rin sa ating kalagitnaan hanggang ngayon (Hebreo 13:8).

**(Sundan sa pahina 14)**


## MGA NAPAPALOOB:


**RAPTURE?**
Pag-agaw Nga Ba Sa Mga Hinirang Ng Dios?



pp.5

**SABBATH**
Linggo Nga Ba O Araw ng Sabado?




pp.9

**KATAPUSAN NG DAIGDIG**
Kailan Magaganap Ito?




pp.5




**SA SEKTA AT RELIHIYON MAY KALIGTASAN BA?** pp.10

**BAUTISMO SA TUBIG**



pp.3 ... Sa PANGALAN nga ba ni JesuCristo o sa mga TITULONG Ama, Anak, at Espiritu Santo?

# SALITA MO, HAHATOL SA IYO

**BUKAMBIBIG mo ba ang pagmumura?** Ang mga anak mo ba ay marunong na ring magmura nang dahil sa natutunan nila ito sa iyo? Kung oo ang sagot mo sa tanong kong ito, bakit di mo usisain ang sinasabi ng Salita ng Dios ukol sa gawain mong ito, kapatid?

Ang sabi mismo ni Jesus sa Mateo 12:36-37 ay eto: "*At sinasabi Ko sa inyo, na ang bawa't salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom. Sapagka't sa iyong mga salita ikaw ay magiging banal, at sa iyong mga salita ikaw rin ay hahatulan.*"




Sa Efeso 4:29 mababasa rin na, "*Anumang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig.*"

Sa 1 Corinto 15:33, eto pa ang pahayag ni Apostol Pablo- "*Huwag kayong padaya: ang masasamang pangungusap ay sumisira sa magandang ugali.*"

Binabantayan ho pala ng Dios ang bawat salitang lumalabas sa ating mga bibig. At sa araw ng paghatol, ang bawat tao ay mananagot at hahatulan ayon sa mga bagay na ating ginawa at sinalita dito sa lupa.



Ang dila raw po ay isang matalas na sandata. Maaari raw itong gamitin sa mabuti at masama. Subali't hindi ang pumapasok sa bibig ang nakakasama sa tao, kundi ang lumalabas dito.

"*Ang kamatayan at buhay ay nasa kapangyarihan ng dila.*" (Kawikaan 18:21) "*Gayon din naman ang dila ay isang maliit na sangkap, at nagpapalalo ng malaking bagay. Narito, kung gaano kalaking gubat ang pinagaalab ng lubhang maliit na apoy.*"(Santiago 3:5)

Paalala pa sa atin ng Efeso 5:6, *"Huwag kayong madaya ng sinoman ng mga salitang walang kabuluhan: sapagka't dahil sa mga bagay na ito'y dumarating ang galit ng Dios sa mga anak ng pagsuway.*"

Kung tayo raw po ay mangungusap, sadyang isipin natin kung tayo ay nakapagdadala ng biyaya sa mga nagsisipakinig. Dahil kung hindi rin lang naman ay mas mabuti pang itikom na lang natin ang ating mga bunganga. *Ika nga ay "More talk, more mistakes; less talk, less mistakes; no talk, no mistake.*"

Ayon sa Banal na Kasulatan, kung ano raw ang nasa iyong puso ay siya rin namang lalabas sa iyong bibig. At kung ano ang lumalabas sa iyong bibig ay ikaw nga yaon. Ang iyong pagkatao ay nahahayag sa iyong mga pangungusap. Ang isda mandin ay nahuhuli sa sarili nitong nguso. At kung ang isang tao ay mahalay mangusap at walang *palabra de honor*, kailanman ay hindi sila makaaasa ng respeto at tiwala sa kanilang kapwa tao.

Pansinin na ang pananalita ay ginagamit din sa pandaraya. Ganyan ang *modus operandi* ng mga manggagantso, mga oportunista at mga manloloko.

Sa pamamagitan ng kanilang matatamis at kapani-paniwalang pangungusap ay nakukumbinsi nilang dayain at gulangan ang kanilang kapwa. Iyan din ang istilo ng mga anak ng serpiente. Di baga't Si Eva ay nadayaan ng serpiente nang ito ay makinig sa panlalansi nito upang kainin ang ipinagbabawal na bunga sa Hardin ng Eden? Ito pa rin ang taktika ni Satanas hanggang ngayon - ang mandaya sa pamamagitan ng matatamis na mga pananalita.

Kaya't isang payo lang sa inyo, mga kapatid. Huwag kayong basta-basta na lang magpapaniwala sa kung sinu-sino lamang, dahil maraming lobo ngayon asuot ng kasuutang tupa, lalung-lalo na pagdating sa usaping nauukol sa relihiyon at politika.

Pakasiguruhin din natin na malinis ang ating sariling motibo at marunong tayong tumupad sa ating mga pangako. Ito'y upang sa gayo'y maging kagalang-galang tayo at karapat-dapat na pagkatiwalaan ng ating kapwa. At higit sa lahat, upang tayo'y maging kalugod-lugod lalo sa harapan ng ating Dios.




Karamihan sa mga taong may karamdaman ngayon ay madalas na sa doktor at ospital na lamang iniaasa ang kanilang kagalingan. Bagama't walang masama sa bagay na ito, datapuwa't ang Biblia ay sagana sa mga pangako ng Dios ukol sa pagpapagaling na nababatay sa pananampalataya.

Kung tayo ay naniniwala na may kakayahan ang Dios na magligtas sa ating mga kaluluwa, ay lalong mas madaling paniwalaan na kaya rin naman Niyang pagalingin sa ating mga pisikal na karamdaman. Ang kagalingan mula sa sakit ay isang bagay na tinapos na ni Cristo sa Krus ng Kalbaryo. Sinasabi ng Banal na Kasulatan sa **Isaias 53:5** na "*sa pamamagitan ng mga latay Niya, ay pinagaling na Niya tayo.*"

Kung ikaw ay tunay na mananampalataya, ang kagalingan sa anumang karamdamang mayroon ka ay abot-kamay mo lamang. Alamin mo na sa **Marcos 16:17-18** ay ganito ang pangako ni Cristo sa kanila na may pananampalataya : "*Ito ang mga TANDA na susunod sa kanila na mananampalataya: sa aking Pangalan ay mangagpapalayas kayo ng mga Demonyo… at ipapatong ninyo ang inyong kamay sa maysakit at sila'y magsisigaling.*"

Si Jesus ay di nagbabago, noon, ngayon at magpakailan pa man (Hebreo 13:8). Ang pagpapagaling sa karamdaman ay isa sa mga pangunahin Niyang komisyon na iniutos sa lahat ng kanyang mga alagad na Apostol na sinabing, "*Heal the sick! Cast out devils!*" (Mateo 10).

Hindi kailanman inalis ni JesuCristo ang kapangyarihang ito sa Iglesya, bagkus ang pangakong ito at kapangyarihan ng Espiritu Santo ay "*para sa inyo, sa inyong mga anak, sa lahat ng mga nasa malalalayong lugar, at sa lahat ng mga tatawagin pa ng Panginoon*" (**Mga Gawa 2:39**).

Ang karamdaman ay dulot ng masasamang ispiritu na lumulukob o kumakapit sa katawan ng tao upang ang tao'y pahirapan, saktan at iksian ang kanyang buhay. Wala tayong mababasa sa Biblia na nagkaroon man ng mga sakit na leukemia, TB, diabetes o kanser sa panahon ni ating Panginoong JesuCristo. Bagkus ang mga terminolohiyang ito ay gawa-gawa na lamang ng pag-aaral ng modernong siyensya at medisina.

Datapuwa't ang katotohanan ng bagay na ito ay ito'y mga espiritu lamang ng Diablo. Isang halimbawa nito ay nang palayasin ng Panginoong Jesus ang mga ito mula sa inaalihan ng diablo sa bayan ng Gadara. May pangalang *Legion* ang Diablo at Kanyang pinalayas ito mula sa nasisiraan ng bait at lumipat nga ito sa mga baboy (**Marcos 5:8-15**). Kaya rin nating gawin yaon kung meron tayong pananampalataya.

Ang susi sa tunay na kagalingan ay ang pagsisisi at pagtanggap sa Panginoong JesuCristo bilang sarili mong Panginoon at Tagapagligtas. Ang karamdaman ay bunga ng kasalanan.

Pansinin na noong si Eva at si Adan ay hindi pa nahuhulog sa pagsuway ay wala man lamang karamdamang dumadapo sa kanila. Wala rin silang kamatayan sapagka't sila'y nilikha ng Dios bilang mga "*immortal creatures*".

Pumasok sa eksena ang karamdaman at kamatayan nang sila'y sumuway sa kabilin-bilinang utos ng Dios na huwag silang hihipo ni kakain man sa ipinagbabawal na bunga. Ang bilin ng Dios ay "*sa oras na kainin ninyo ang bungang mula sa punongkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama, ay tiyak ngang mamatay kayo!*" (**Genesis 2:17**).

Sa pagsuway nilang yaon sa Salita ng Dios ay nawala sa kanila ang kalikasang "imortal". Bagkus sila'y naging karaniwang mga tao na lamang na kinakailangang magbata upang mabuhay; at sa bandang dulo sila nga ay namatay.

"*Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan*" (**Roma 6:23**). Dahil sa kasalanang nagawa ni Eva kung kaya't naitatag ang bawat ospital at sementeryo sa mundo ngayon.

Kinakailangan ng tao na makapagsisi at makapanumbalik sa Dios upang siya ay tuluyang mapagaling. Walang tao, ni ospital o medisina, ang pwedeng makapagpagaling sa iyong karamdaman liban sa Dios lamang.

(Sundan sa pahina **16**)




# SA KALIWA O SA KANAN, SAAN KA?

Ang **paghuhukom** ay isang tiyak na bagay na darating. Ang bawat tao ay magsusulit sa Panginoong Dios sa bawat bagay na kanyang ginawa sa lupa, mabuti man ito o masama. May gantimpalang naghihintay sa mga matuwid at may kaparusahan ding nakatakda para sa masasama. Paghihiwalayin ng Dios ang dalawang uri ng tao na inihalintulad Niya sa mga tupa at kambing sa araw ng paghatol. Ang mga **tupa** ay ilalagay Niya sa **kanan** at ang mga **kambing** naman ay sa gawing **kaliwa**.

Ating mababasa ang kagananapan ng bagay na ito sa aklat ng **Mateo 25:31-46**:

*Datapuwa't pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian: At titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila'y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga **tupa** at sa mga **kambing**; At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang **kanan**, datapuwa't sa **kaliwa** ang mga kambing. Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan: Sapagka't ako'y nagutom, at ako'y inyong pinakain; ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom; ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy; Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; ako'y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; ako'y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan. Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauuhaw, at pinainom ka? At kailan ka naming nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka? At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin? At sasagot ang **Hari** at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa. Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel."*

Malinaw na isinaysay ng mga nasabing talata ang mahahalagang detalye sa paghuhukom gaya ng mga sumusunod: Ang luklukan ng paghatol, ang mga hahatulan (sa gawing kanan at sa gawing kaliwa), at ang kahihinatnan ng mga matuwid at ng mga masasama. Subalit nalalaman ba ninyo na may isang dako sa bahaging ito ng Kasulatan na hindi napupuna ng karamihan? Datapuwat ito'y isang hiwaga na ipinahayag lamang sa mga hinirang ng Dios sa huling kapanahunan? Iyan ay ang posisyon ng Ispirituwal na Kasintahan ng Panginoong Jesus Cristo na dili'y walang iba kundi ang Iglesia ng Dios na buhay.

Kalimitan kapag tinanong mo ang sinumang nagsasabing Cristiano kung saan ba niya nais mapadako sa araw ng paghuhukom, (kung sa gawing kanan ba o sa gawing kaliwa?), ang isasagot niya ay sa gawing kanan sapagkat ang mga kaluluwang naroroon diumano na itinipo sa mga tupa ay pagkakalooban ng Buhay na Walang Hanggan. Magandang kaisipan po iyan subalit may mas mahalagang dako pa na hindi gaanong naituturo ng mga relihiyon ngayon sa mga Cristiano. Yaon ay kung saan ang dapat kalagyan nating mga banal. Ito'y hindi po sa kanan o ni sa kaliwa, kundi ito'y mismong sa luklukan ni Cristo. Opo, sa dako roon po tayo dadalhin ni Cristo upang tayo ay makasama Niyang hahatol sa buong sangkatauhan.

Maaring sabihin ninyo na napaka-ambisyoso naman ng manunulat na ito at gusto pang umupo sa trono ni Cristo. Hayaan ninyong ipagpatuloy ko ang aking kaisipang ito.

(SUNDAN SA PAHINA 15)




EDITORIAL

## IMORALIDAD, BAKIT LAGANAP NGAYON?

Mapapansin na sa araw-araw ay laganap ngayon ang kalaswaan sa iba't-ibang uri at kaparaanan. Nandidiyan ang mga tabloid at pahayagan na naglalaman ng mga senswal na larawan ng mga hubad na lalaki at babae. Maging sa mga programang pantelebisyon, mga palabas sa pelikula, at mga posters sa naglalakihang billboards sa kalye, ay makikita ang mga larawan ng mga babaeng halos wala ng saplot sa katawan.

Sa udyok ng komersyo at advertising, at ng pakikipagsabwatan ng mga nangangasiwa nito sa iilang kapitalistang ganid sa salapi, nagagawa nilang sikmurain ang ganitong kahalayan kumita lamang ng salapi. Mapapansing ang gobyerno at ang media ay para bagang pikit-mata na lamang na sinsikmura ang ganitong lumalalang sitwasyon ng imoralidad na sadyang nakakaapekto sa murang kaisipan ng mga inosenteng kabataan.

Matutunghayan din ngayon sa internet ang laganap ng pagkalat ng mga *pornographic materials*. Napakadali nang naida-*download* ng sinuman ang mahahalay na mga letrato at video mula sa libu-libong pornographic websites. Maging sa bangketa at mga istasyon ng MRT at LRT ay laganap din ang mga vendors ng malalaswang VCD at DVD na para bagang isinusubasta na lamang ang kaluluwa ng tao. Pati ang mga cellphones ay diumanong nagagamit na rin ito para sa kahalayan. Dumating na nga kaya tayo sa panahong tinatawag na *"modern-day"* Sodom at Gomorrah?

Nagtataka ang tao kung bakit ang krimen, *rape* at *human right violations* ay laganap. Samantalang hindi kaya nila napapag-uunawa na ang pinakaugat nito'y ang kawalan ng kontrol ng pamahalaan na gamitin ang kalaswaan sa panenegosyo. Ano pa't pinalala pa ito ng naglalakihang *billboards* na nagtutulak sa tao sa bisyo na gaya ng mga *advertisements* ng alak, sigarilyo, *nightclubbing* at mga *casino*. Anupa't di baga pawang kabulukan lamang ang naidudulot ng mga ganitong bagay sa lipunan. Para makabenta lamang ng produkto, gagamiting pang-akit ng mga negosyante ang mga nakalabas na dibdib at nakahilatsang mga hita ng mga kababaihang nilulunok na lang ang puri dahil sa kagipitang pinansiyal sa buhay. Di baga nila nalalaman na ang mga kalalakihang tumitingin dito, lalung-lalo na yaong mga walang Cristo sa puso, ay naibubulid nito sa pangangalunyang ispiritwal? Tahasang sinabi ni JesuCristo na ang sinumang tumingin sa babae ng may pagnanasa ay nakagawa na ng pangalunya sa kanyang puso. Dahil sa mga tabloids na bulgar, *sexual perversions* sa TV at pelikula, at malalaswang VCD at DVD na nagkalat ngayon sa kalye, kaya't dumarami ang rape, *polygamy, adultery* at prostitusyon sa bansa.

Ang ating mga katawan ay "templo" ng Banal na Espiritu Santo ng Dios. Sa pagbibisyo ng tao ay niyuyurakan nila ang templong ipinahiram lamang sa kanila ng Dios. At kung ang tao nga ay mananatili sa pagsuway, di kataka-takang sila'y parusahan nga ng Dios at kapitan sila ng mga salot na kaakibat ng kasalanan na kagaya ng AIDS, cancer, *sexually transmitted diseases (STD)* at iba pang mga karamdaman. Ang tunay na sanhi ng pagkabulok ng isang lipunan ay ang kawalan ng tao ng pagpapahalaga sa moralidad ng kanyang kapwa. Alalahaning nilipol ng Dios ang Sodoma at Gomorrah nang dahil na rin sa ganitong uri ng mga pagsalangsang. Kailan pa kaya matututo ang tao na manumbalik sa dalisay na kalooban ng Dios?




**ANG ULAN AT ANG ARAW ay kapwa pumapatak at sumisikat para sa mabuti at masama.** Maihahambing ang ulan at ang araw sa pagbuhos ng pagpapala ng Dios sa tao. Ang mabubuting tao ay inihambing ng Biblia sa **trigo.** Samantalang sa mapanirang **damo** naman ay itinulad sa mga taong masasama. Bagama't magkaiba ang **binhi** ng **trigo** at ng **damo**, ang ulan at ang araw ay kapwa ipinararating ng Dios sa ikalalago ng dalawang binhi na ito sa lupa.

Bagama't ang **damo** nga ay susunugin sa bandang huli, di hamak na ito'y nakatatamasa rin ng kasaganaan mula sa Dios. Di baga't mas marami pa ngang masasamang tao ngayon ang yumayaman at umuunlad keysa sa mga totoong anak ng Dios na mahihirap lamang? Subali't hindi sapat na batayan ang pagpapalang materyal o ang pagiging relihiyoso man sa panlabas na anyo ng tao upang masabing ligtas na nga ito o anak nga siya ng Dios.

Ang turo ni Jesus sa Mateo 7:21-23 ay pakinggan n'yo: "*Hindi ang bawa't nagsasabi sa Akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang **gumaganap** ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit. Marami ang mangagsasabi sa Akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong Pangalan, at sa Pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonyo, at sa Pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? At kung magkagayo'y ipapahayag Ko sa kanila, "Kailan ma'y hindi Ko kayo nangakikilala: magsilayo kayo sa Akin, kayong manggagawa ng katalampasanan.*"

Bagama't may mga tao pala ngayon na umaaming Cristiano din sila, datapuwa't sa bandang huli ay itatakwil din pala ng Dios ang mga ito.

Papaano nga ba natin masisiguro kung saan tayo napapabilang? Kung sa **trigo** nga ba o sa **damo**? "*Sa kanilang mga **bunga** ay mangakikilala ninyo sila*", iyan ang sagot ng Biblia sa katanungang ito (Mat. 7:20).

Suriin daw po nating maigi kung anong uri ng **bunga** mayroon tayo sa ating buhay. " *Ang **bunga** ng Espiritu ay pag-ibig, pagpapahinuhod, pagtitiis, kababaang-loob, pananampalataya*..." (Gal 5:22) Iyan daw ang mga bungang dapat sumunod sa buhay ng tunay na mga anak ng Dios.




Ang **Bautismo** ay isang mahalagang *kautusan* para sa katiyakan ng ating kaligtasan.

Matutunghayan sa **Marcos 16:16** ang ganito: "*Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*"

Sa 1 **Pedro 3:20-21** ganito rin ang pagkakasabi, "*Na ang pagpapahinuhod ng Dios, ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid ay walong kaluluwa ang nagaligtas sa pamamagitan ng **TUBIG;** na ayon sa tunay na KAHAWIG ngayo'y nagligtas, samakatuwid baga'y ang BAUTISMO, hindi sa pag-aalis ng karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Dios.*"

Sadyang mahalaga na tayo ay mabautismuhan dahil sa ito'y pakikiayon sa kamatayan at muling pagkabuhay ni JesuCristo.

Subali't marami sa mga tao ngayon ang nalilito kung ano nga ba talaga ang wastong paraan ng pagbabautismo sa tubig. Sa **PANGALAN** nga ba ni **JesuCristo** ayon sa **Mga Gawa 2:38**? O sa mga **TITULO** ng **Ama** at ng **Anak** at ng **Espiritu Santo** na nasasaad naman sa **Mateo 28:19**?

Mahalagang malaman natin ang katotohanan ukol sa bagay na ito upang makasiguro tayo sa ating kaligtasan. Ako'y naniniwala na walang kaguluhan o pagbabanggaan sa katuruan ng Biblia. Lahat ng ito ay Salita ng Dios. Kinakailangan lamang nating unawain ang kaganapan ng utos na ito sa bautismo ayon sa wastong kapahayagan na nagmumula sa Dios.

Pansinin natin na bago tinupad ng mga apostol ang pagbabautismo ayon sa utos ng Panginoon, kinailangan muna silang mapuspos ng Banal na Espiritu Santo sa Araw ng Pentecostes upang lubos nilang maunawaan at magampanan ang mahalagang utos na ito.

Ang pagbabautismo ay unang ginanap ni Apostol PEDRO, na siyang pinagbigyan ni Jesus ng SUSI sa kaharian ng langit. "*At sinabi sa kanila ni Pedro, "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa **PANGALAN** ni JESUCRISTO sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo"* (Acts 2:38).

Ginamit ni Pedro ang PANGALAN ni JESUCRISTO sa pagbabautismo. Ito'y dahilan sa sinasabi kasi ng Biblia na anuman ang ating gawin o sabihin, ay kailangang gawin natin ito sa **Pangalan** ni **JesuCristo** (Col 3:17).

Sa Mga Gawa 4:12 ay mababasa na, "*At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang PANGALAN sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas*" kundi ang Pangalan lamang ni **JesuCristo.**



Itinuro sa atin ni JESUS ayon sa Lucas 24:47 na dapat nating "*Ipangaral sa Kanyang PANGALAN ang **pagsisisi** at **pagpapatawad** ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem"...* At "*Ang **SUMAMPALATAYA** at **MABAUTISMUHAN** ay maliligtas, datapuwa't ang hindi sumampalataya ay paparusahan* (Marcos 16:16).

Gaano man natin hanapin sa Biblia ay wala tayong makikitang ni isa mang Cristiano na nabautismuhan sa mga TITULONG Ama, Anak at Espiritu Santo. Lahat ng mga alagad ni Cristo mula kay Pedro, Juan, Pablo, Felipe, atbp.. ay nangagbautismong lahat sa **PANGALAN** ni **Lord Jesus Christ.** Nahayag sa kanila na ang PANGALAN ng **AMA** ay **LORD,** ang Pangalan ng **ANAK** ay **JESUS**, at ang Pangalan ng **Holy Spirit** ay **CHRIST**. **LORD JESUS CHRIST** - ito ang kumpletong **Pangalan** ng Dios. ***(sundan sa pahina 8)***

**Contributing Pastors**

DANILO DEL MUNDO
RUSTICO JUNIO
CERNAN BANAGAN
MANNY PERALTA
ROSAURO FRANCO
VIRGILIO AQUINO
ALDO BARBADILLO
JOHN BALBIN
RONNIE MILLEVO

mensahe
Diyaryo ng Pagkaing Ispiritwal Para sa Masa

**PTR. RONNIE M. MILLEVO**
Publisher / Editor-In-Chief

**PTR. HENRY RANCE**
Publishing Coordinator

**BRO ALFRED GARCIA**
Public Relations Officer

**BRO. MOSES JUMAWAN**
Finance Officer

**PTR. JOHN BALBIN**
Distribution Coordinator

**PTR. JHONG JOVERES**
Outreach Coordinator

**BRO. JOSELITO LORETO**
Circulation Manager

**PTR. HEMINO GONZALES**
Provincial Liason

Ang MENSAHE ay isang libreng lathalain ng Spoken Word Fellowship Ministries na may tanggapan sa **58 Sammar1 St, Old Balara,** Quezon City, Philippines. Para sa inyong libreng kopya, tumawag sa Tel. **70019979.** O mag-text sa Cellphone No. 0919-3681887.
E-mail: ronmillevo@yahoo.com; Website: http://www.endtimemessage.info

# MAY HALAGA KA BA SA MATA NG DIOS?

## FOREKNOWLEDGE OF GOD

Ni ALFREDO MEJIA



**Nalalaman mo ba** na bago pa naitatag ang sanlibutan ay batid na ng Dios ang lahat ng mga bagay na magaganap sa lupa?

Kilala na rin ng Dios ang lahat ng taong iluluwal sa mundong ito bago pa man nalikha ang sanlibutang ito. Magpawalang-hanggan ang karunungan ng Dios. Napapakinggan Niya ang ating mga hinaing at panalangin bago pa man natin ito sambitin. At maging ang bilang ng buhok sa ating mga ulo ay bilang na ring lahat ng Dios. Iniukit pa nga Niya ang ating mga pangalan sa Kanyang mga palad. Iyan ang katuruang nasasaad sa Biblia - ang Salita ng Dios.

Batid ng Dios ang pasimula at ang lahat ng mga magaganap pa sa hinaharap sapagka't Siya ay ang *"Alpa at Omega", ang Pasimula at ang Wakas* (Apocalipsis 1:8).

Nasasaad sa Biblia na maging ang buhay ng mga **ibon** ay hindi linggid sa kaalaman ng Dios. Sinabi ni Jesus sa **Mateo 10:29** na "*Hindi baga't ipinagbibili sa isang beles ang dalawang maya? Datapuwa't kahit isa sa kanila'y hindi nahuhulog sa lupa kung **hindi ipahintulot** ng inyong **Ama**. Datapuwa't maging ang mga **buhok** ng inyong ulo ay pawang **bilang** nang lahat. Huwag nga kayong mangatakot. **Kayo'y mas lalong mahalaga kaysa mga maya**.*"

Sadyang batid ng Dios ang lahat ng mga bagay na nagaganap sa buhay ng isang tao. Maging ang dinaranas nilang pagdurusa, hirap o pagsubok man. Ang paanyaya sa atin ni Jesus ay ganito: "*Magsiparito kayo sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking papagpapahingahin*" (Mateo 11:28).

Kung ikaw ay anak ng Dios, nakikilala ka Niya bago pa naitatag ang sanlibutang ito.

Sa Efeso 1:5-6 mababasa na, "*TAYO ay ITINALAGA Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga ANAK sa pamamagitan ni JesuCristo sa ganang Kaniya, ayon sa minagaling ng Kanyang kalooban.*"

*"At yaong mga ITINALAGA Niya ay Kanyang TINAWAG naman, at ang mga tinawag Niya ay INARING-GANAP naman Niya, at ang mga inaring-ganap Niya ay NILUWALHATI naman Niya."* (Roma 8:30)

Kung ikaw ay anak ng Dios, kailanman ay hindi ka Niya maaaring pabayaan. Maaaring ipahintulot ng Dios na dumaan ka sa matinding pagsubok (gaya ng nangyari kay Job), subali't lahat ng ito'y pansamantala lamang at para ito sa ikasasakdal mo. Tibayan mo lamang ang iyong loob at manampalataya ka sa Panginoon dahil hinding-hindi ka Niya bibiguin. Ipagkakaloob Niya sa iyo ang karampatang lakas at biyaya upang mapagtagumpayan mo ang lahat ng mga pagsubok na dumarating sa buhay mo.

"*At nalalaman natin na ang lahat ng bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa IKABUBUTI ng mga nagsisiibig sa Dios, sa makatuwid baga'y niyaong mga TINAWAG alinsunod sa Kanyang nasa.*" (Roma 8:28).

Kung ang Dios nga mismo ay natiis Niyang si Cristo ay maghirap sa Krus ng Kalbaryo at hindi Niya ipinagkait na ibigay ang Kanyang bugtong na Anak hanggang kamatayan upang matubos lamang tayo at mapatawad sa ating mga kasalanan, anupa't ipinangako rin Niya na sasamahan Niya tayo't kukupkupin hanggang sa kadulu-duluhan ng panahon.

"*Kumatok ka at ika'y bubuksan. Humingi ka at ika'y bibigyan. Hanapin mo, at ito'y iyong masusumpungan.*"

Kung hindi pa man natutupad ang mga pangakong ito ng Dios sa buhay mo, may kakulangan pa sa iyong paglilingkod sa Kanya. Kinakailangang magampanan mo ang iilang mga pamantayan ng Dios upang ang Kanyang pagpapala ay lubusang matanggap mo.

Ang **unang kundisyon** ng Dios para sa tao ay nasasaad sa **Mateo 6:33** - *"Datapuwa't **hanapin muna** ninyo ang Kanyang **kaharian**, at ang Kanyang **katuwiran**, at ang **lahat** ng mga*



***bagay** na ito ay pawang **idaragdag** na lamang sa inyo."*

Unahin daw po muna nating hanapin ang kaharian ng Dios at lumakad tayo ayon sa Kanyang katuwiran. At kapag nagawa nga natin ang mga bagay na ito, ang lahat ng inyong naisin o hilingin sa Dios (materyal, pisikal, pinansyal o ispiritwal na pagpapala) ang lahat ng ito'y pawang idaragdag na lamang ng Dios sa iyo, ayon sa minagaling ng Kanyang kalooban.

Madalas ang nangyayari kasi sa tao ay inuuna nila ang mga "dagdag" imbes na ang paglilingkod muna sa Dios ang kanilang unahin, kaya't nauuwi rin sa wala ang kanilang pagpupunyagi sa buhay. Ang susi sa pagpapala ay nakasalalay sa tamang "*priority*" natin sa buhay. Kapag inuna mo ang Dios, ang lahat ng mabubuting bagay ay idaragdag na lamang Niya sa iyo.

*"Kaya nga sinasabi Ko sa inyo,"* ang pahayag ni Jesus, sa **Mateo 6:25**, *"Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong iinumin, kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin. Hindi baga mahigit pa ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa pananamit? Masdan ninyo ang mga ibon sa langit, na hindi sila nangaghahasik, ni nagsisigapas, ni nangagtitipon man sa bangan, subali't sila'y pinapakain ng inyong Amang nasa kalangitan. Hindi baga lalong higit ang halaga ninyo kaysa kanila? At sino sa inyo ang sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kanyang buhay? …Kaya't huwag ninyong ikabalisa ang araw ng bukas: sapagka't ang araw ng bukas ay mababalisa sa kanyang sarili."* (Mateo 6: 25-27,34).

Ang payo sa atin ng Dios ay magpasalamat tayo sa lahat ng bagay. "*In everything give thanks for that's the will of God concerning you*" ( 1 Thes.5:18). Maging kuntento tayo sa anumang kalalagayan natin sa buhay. Ang ating hininga at pagtibok ng ating puso sa pang-araw-araw ay napalakin nang bagay na dapat ipagpasalamat natin sa Dios. Ang ating kinakain, ang ating kalusugan, at ang pag-iingat Niya sa ating mga pamilya, aba'y napakarami nating dapat ipagpasalamat sa Dios. Matuto tayong makuntento sa kung ano ang iniaatang ng Dios sa atin, dahil ang tunay na kaligayahan ay nakasalalay sa pagiging kuntento, maliit man o malaki ang biyaya na ating tinatanggap.

**Pangalawang kundisyon** ng Dios upang pagpapalain Niya tayo nang husto ay ang taus-puso nating pagsisisi at pagtalikod sa mga nagawa nating kasalanan. Papaano ka nga naman pagpapalain ng Dios kung sinusuway mo ang Kanyang kalooban?

""*Kung ang Aking bayan na tinatawag sa Aking Pangalan ay magpapakumbaba at dumalangin at hanapin ang Aking mukha, **at talikuran ang kanilang masamang lakad**; Akin ngang **diringgin** sila mula sa langit, at **ipapatawad Ko** ang kanilang mga kasalanan, at **pagagalingin Ko** ang kanilang lupain*" (11 Mga Cronica 7:14 ).

Kung ninanais nating pagpalain tayo ng lubusan ng Dios ay kinakailangang pagsisihan natin ang lahat ng ating mga gawang liko. Hindi kailanman malulugod ang Dios sa isang taong tampalasan.

"*At sinabi sa kanila ni Pedro, "**Mangagsisi** kayo at at **MANGAGBAUTISMO** ang bawa't isa sa inyo sa PANGALAN ni JESUCRISTO **sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan**, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo*" (Mga Gawa 2:38).

Kinakailangan din nating mabautismuhan sa **Pangalan** ni **JesuCristo** upang maging bahagi tayo sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Ang wastong bautismo ay ang paglubog sa atin sa tubig sa PANGALAN ni JesuCristo at hindi sa pamamagitan ng pagwisik lamang o sa paggamit ang mga TITULONG Ama, Anak at Espiritu Santo.

Matapos tayong mabautismuhan, **pinakahuling kundisyon** ng Dios ay ang maipamuhay natin ang Kanyang banal na Salita.

*"Kung Ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos"* (Juan 14:15), ang wika ni Jesus. "*Kung kayo'y nagsisipanatili sa Akin, at ang mga **SALITA** Ko'y **magsisipanatili sa inyo**, ay HINGIN ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin ito sa inyo*" (Juan 15:7).

Iyan ang hustong pangako ng Dios para sa atin. Langit at lupa ay mawawala, subali't ang SALITA na ito ng Dios ay hindi kailanman magmamaliw. Kapag nagawa natin ang mga bagay na ito, tiyak akong matatanggap natin ng lubusan ang mga pagpapala ng Dios.

"*Kaya nga sinasabi Ko sa inyo, sa lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na ito, at inyo itong kakamtin*" (Marcos 11:24). Iyan ang matapat na pangako ni Cristo sa sinumang tunay na mananampalataya sa Kanya. Pagpalain nawa kayo ng ating Dios, ang taimtim kong panalangin para sa lahat.

# PAANO BA MALILIGTAS ANG TAO?

Maliligtas nga ba ang tao sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan at sa paggawa lamang ng kabutihan? Ating tunghayan sa Biblia ang katugunan sa mahalagang katanungang ito:


*Galacia 3:11*- "Maliwanag nga na sinoman ay hindi aariing-ganap sa **Kautusan** sa harapan ng Dios; sapagka't ang ganap ay mabubuhay sa **pananampalataya**."

*Roma 3:20-22* - "Sapagka't sa pamamagitan ng mga **gawa** ng **Kautusan** ay walang laman na aariing-ganap sa paningin Niya; sapagka't sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala sa kasalanan. Datapuwa't ngayon bukod sa Kautusan ay ipinahahayag ang isang katuwiran ng Dios. Samakatuwid baga'y ang katuwiran ng Dios sa pamamagitan ng **pananampalataya** kay JesuCristo."

*Roma 3:28*- "Kaya't nga maipasisiya natin na ang tao ay inaaring-ganap sa **pananampalataya** na hiwalay sa mga **gawa** ng Kautusan."

*Galacia 3:13* - "Sa sumpa ng Kautusan ay tinubos tayo ni Cristo na naging sumpa sa ganang atin."

*Apoc. 1:5* - "Na Siya ring nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo."




*Hebreo 10:12* - "Na Siya, nang makapaghandog ng isa lamang hain, ay Kanyang pinasakdal magpakailan pa man ang mga pinagiging banal."

*2 Timoteo 1:9* - "Na Siyang sa atin ay nagligtas, at sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, **hindi** ayon sa ating mga **gawa**, kundi ayon sa Kanyang sariling biyaya na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus."

*Efeso 2:8-9* - "Sapagka't sa **biyaya** kayo'y naligtas sa pamamagitan ng **pananampalataya**; at ito ay hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; **hindi** sa pamamagitan ng mga **gawa**, upang ang sinuman ay huwag magmapuri."

*Titus 3:5,7* - "Na **hindi** dahil sa mga **gawa** sa katuwiran na ginawa nating sarili, kundi ayon sa Kanyang kaawaan ay Kanyang iniligtas tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas ng **muling kapanganakan** at ng pagbabago sa Espiritu Santo. Upang sa pagkaaring-ganap sa atin ay maging tagapagmana tayo sa pag-asa sa buhay na walang hanggan."

Samakatuwid baga'y hindi pala maliligtas ang sinumang tao sa kanyang mabubuting **gawa** *(works)* ni sa pagsunod sa **Kautusan** man *(law)*, kundi sa pamamagitan ng **biyaya** *(grace)* at **pananampalataya** *(faith)* kay Cristo Jesus.

## SEVEN COMPOUND NAMES OF JEHOVAH

**JEHOVAH-JIREH**
*"The Lord will provide a sacrifice"* -Gen 22:13

**JEHOVAH-RAPHA**
*"The Lord that Healeth thee"* -Exo 15:26

**JEHOVAH-SHAMMAH**
*"The Lord is Present "* - Ezek. 48:35

**JEHOVAH-SHALOM**
*"The Lord our Peace"* -Judges 6:24

**JEHOVAH-NISSI**
*"The Lord our Banner"* -Exo 17:8,15

**JEHOVAH-RAAH**
*"The Lord my Shepherd"* - Psalm 23

**JEHOVAH-TSIDKENU**
*"The Lord our Righteousness"* -Jer 23:6

## KATAPUSAN NG DAIGDIG : KAILAN MAGAGANAP ITO?

**Ang katapusan ng daigdig** ay binanggit sa Biblia kaakibat ng mga tanda ng muling pagbabalik ni JesuCristo sa lupa upang muli nang maghari rito.

Isinalarawan ni Apostol Pedro ang katapusan ng daigdig sa kanyang aklat ng **2 Pedro 3:9-12:**

*"Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kanyang pangako, na gaya ng pagpapaliban na ipinalalagay ng iba; kundi mapagpapahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ang magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa tinding* ***init,*** *at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang* ***masusunog.*** *Yamang ang lahat ang mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng pagkatao ang nararapat sa inyo sa banal na pamumuhay at pagkamaawain. Na ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Dios. Na dahil dito'y ang* ***sangkalangitan*** *na* ***nagniningas*** *ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay* ***matutunaw*** *sa* ***tinding init****..."*

Tinukoy din ito ni JesuCristo sa **Mateo 24:37-39** at Kanyang nilinaw ang mga **tanda** ng takdang araw ng kanyang pagbabalik bago magkagunaw:

"*Kung papaano ang mga araw ni NOE, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng Tao. Sapagka't gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiisinom at nangag-aasawa at pinapag-asawa, hanggang sa araw na pumasok si NOE sa DAONG, ay hindi nila namalayan hanggang sa dumating ang* ***paggunaw****, at sila'y tinanggay na lahat; ay sa GAYON DIN NAMAN ang PAGPARITO ng ANAK NG TAO.*" (Mateo 24:37-39)

Ang ganitong kalalagayan ay sadyang makikita na natin sa ating kapaligiran. Ang mga tao ngayon ay abala sa kani-kanilang mga makalupang gawain – karamiha'y nakatuon sa makamundong pagpapasasa sa laman – sa paglalasing, sa pagsusugal, sa pagngangalunya, sa pagpapayaman at sa pagliliwaliw. Ang *sexual perversion, prostitution*, krimen at *homosexuality* ay laganap na rin. Tila nga ba dumating na tayong muli sa panahong gaya ng panahon ng *Sodom at Gomorrah. "As it was in the days of Sodom, so shall it be in the coming of the Son of Man."*

Tinatayang sa nalalapit na panahon ay uusbong ang Pangatlong Digmaang Pandaigdig (World War 111) sa pagitan ng



Mga nagbabadyang digmaang namumuo sa Middle East sa pagitan ng America at Iran.

mga bansang kaalyado ng America laban sa terorismo at komunismo sa buong mundo. Isang "***religious war***" din naman ang tinatayang sasabay sa kaganapang ito sa pagitan ng mga bansang Muslim at Arabo laban naman sa bansang Israel upang mapagpasyahan ang matagal na nilang alitan patungkol sa usaping pag-angkin sa bayan ng Jerusalem bilang sentro ng kani-kanilang pananampalataya.

Sa paglala ng sitwasyong ito, hahantong ang lahat sa isang Digmaang Nukleyar - ang kinatatakutang digmaan ng huling siglo. Kung noon ay sa paraang tagisan ng lakas at armas lamang ang paraan para magtagumpay sa labanan, ngayon sa ating modernong panahon ay sa isang pindot na lamang ng buton-nukleyar ay kaya nang burahin sa mapa ang alinmang bansa sa daigdig. Tinatayang sa mga bombang nukleyar, armas biological at armas kemikal, mga missles at torpedo, na pakakawalan sa dagat at himpapawid ng bawat magkakalabang bansa, ay imposibleng may matira pang buhay na nilalalang sa daigdig sa sandaling ito ay maganap. Ang mga pagsabog na ito ay maglilikha ng isang malawakang apoy na siyang lilipol sa sangkatauhan at tutupok sa buong sandaigdigan.

Ayon sa mga siyentipiko, maging ang tubig-dagat sa

## PROPHETIC INSIGHT

Ni Pastor Virgilio Aquino

pagkakataong ito ay maaaring matupok din. Ito'y dahil sa sobrang init na magaganap sa mundo dulot ng *global warming.* Ang tubig na galing sa pinaghalong eksplosibong elemento ng Hydrogen at Oxygen (H20) ay malamang na sumabog din. Lahat ng nilalang na may buhay - ito man ay hayop, tao at halaman, ay pawang matutupok sa digmaang ito na tinagurian din ng Biblia bilang ang Digmaang Armageddon.

Sa kakila-kilabot na pagsapit ng araw na ito, may paraang ibinigay ang Dios sa sinumang nagnanais maligtas. Kung papaanong sa panahon ni Noe ay may daong na ibinigay upang ang nais maligtas ay makapasok doon at mailigtas sa baha at delubyo, sa ating panahon ay mayroon ding MENSAHE ng Kaligtasan upang tayo naman ay makaiwas sa apoy na tutupok sa sanglibutan.

TATLONG TANDA ang ibinigay ng Biblia upang ang sinumang tao ay makapaghanda sa mga bagay na magaganap bago magunaw ang mundo. Ang mga ito ay napapaloob sa **1 Tesalonica 4:16-17:**

*"Sapagka't ang PANGINOON ay bababang MULA SA LANGIT, na may isang* (1) **SIGAW,** *may* (2) **TINIG** NG ARKANGHEL, *at may* (3) **PAKAKAK** n*g DIOS: at ang mga nangamatay kay Cristo ay unang mabubuhay na mag-uli; kung magkagayon, TAYONG NANGABUBUHAY NA NANGATITIRA, ay AAGAWING kasama nila sa ALAPAAP, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa PANGINOON tayo magpakailanman.*"

Sa pagbaba na ito ng Panginoon mula sa langit, kaalinsunod ng paggunaw at pagtupok sa lahat ng bagay sa lupa, ay may **TATLONG TANDA** Siyang ibinigay upang siyang maging SUSI para malaman ng tao ang takdang oras ng Kanyang pagdating.

Una ay mayroong **SIGAW** na aalingawngaw. May MENSAHENG ipapahayag ang SIGAW na ito at kung saan manggagaling at kung sino ang pagmumulan ng SIGAW na ito ay dapat nating malaman, kung nais nating makapaghanda.

Pangalawa, may **TINIG** ng ARKANGHEL (Apoc. 10:7) Sino ang Arkanghel na ito at ano ang bumabalot na hiwaga sa TINIG na kanyang dadalhin sa atin?

Pangatlo, may **PAKAKAK** ang DIOS. Sa mga Hudyo, dalawa lamang ang kahulugan ng pakakak. Ito ay nangangahulugan ng paghahanda sa isang matinding digmaan o dili naman ito'y nagpapatungkol sa paghahanda tungo sa isang piging o handaan.

Napakahalagang mabatid ng sinuman ang kapahayagang bumabalot sa mga hiwagang nabanggit dahil dito nakasalalay ang kaligtasan ng lahat ng tao bago pa man gunawin ng Dios ang mundong ito. Ang kapahayagan ng mga tandang aking nabanggit ay bukas na sa mga hinirang ng Dios sa huling kapanahunan. Sa pamamagitan ng MENSAHE na ipinadala ng Dios sa kanyang propetang nasa epsiritu ni Elias ay nabuksan na nga ito: ***"Narito, Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon.*** *At kanyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka Ako'y dumating at saktan Ko ang lupa ng sumpa."* (**Malakias 4:5,6**)

Sa mga nagnanais mangakaalam sa kahulugan ng mga TANDANG nabanggit, mangyaring makipag-ugnayan sa diyaryong ito ng **MENSAHE** at aming bukas-palad na tutugunan ang inyong mga katanungan ukol sa napakahalagang paksang ito.

## ROCK OF REVELATION

Ni Pastor Aldo Barbadillo



## RAPTURE: PAG-AGAW NGA BA SA MGA BANAL?

Ang **"rapture"** o **"pag-agaw"** ay tumutukoy sa ikalawang pagbabalik ni JesuCristo kung saan kukunin niyang buhay ang mga Cristianong nanampalataya sa kanya bago pa man gunawin ng Dios ang mundong ito.

Kasabay nito ay ang pagbangon ng mga namatay kay Cristo upang sila ay dalhin ng Dios sa kaharian ng langit. Sa isang iglap ay papalitan ng Dios ang ating mga katawang may kamatayan ng isang katawang wala nang kasiraan upang mamuhay nang muli tayo sa isang panibagong langit at lupa na nasasaad sa Apocalipsis 21:1 - *"At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang lupa ay naparam at ang dagat ay wala na."*

Ang hiwagang ito patungkol sa "rapture" ay napapaloob sa dalawang bahagi ng Biblia. Ang isa ay matatagpuan sa **1 Corinto 15:51-53:**

"*Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak. Sapagka't tutunog ang pakakak at ang mga patay ay mangabubuhay na mag-uli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan."*

At sa **1 Tesalonica 4:14-17** eto naman ang nasasaad:

"*Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na mag-uli, ay gayon din naman ang nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama Niya. Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog.*

*Sapagka't ang Panginoon din ay bababang mula sa langit, na may isang* ***SIGAW****, may* ***tinig*** *ng* ***arkanghel****, at may* ***pakakak*** *ng Dios at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na mag-uli; Kung magkagayon, tayong nangabubuhay na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito 'y sasa Panginoon tayo."*

Naganap ang pasimula ng pagbaba na ito ni Cristo sa lupa sa pamamagitan ng MENSAHE ng **ikapitong anghel** ng *Apocalipsis 10:7,* na siya ring katuparan ng *Luke 17:30* na nagsasabing "*in the days when the Son of Man is revealed again*".

Ito'y siya pa ring katuparan ng *Apocalipsis 10:1* kung saan nasusulat, *"At nakita ko ang isa pang dakilang* ***Anghel na nanaog mula sa langit****, na nabibihisan ng isang* ***alapaap****, at ang bahag-hari ay nasa kanyang ulo, at ang kanyang mukha ay gaya ng araw.. at* ***Siya'y may isang maliit na aklat na bukas*** *sa kanyang kamay..."*

Sa bukas na aklat na ito ay nasusulat ang lahat ng mga pangalan ng mga Cristianong aagawin ng Panginoon sa *rapture.* Kung ikaw ay napapabilang sa mga makakasama sa *rapture,* napakahalagang malaman mo ngayon ang mga kapahayagang napapaloob sa *"Revelation of the Seven Seals"* at "*Revelation of the Seven Thunders"* na ipinangaral ni *Rev. William Branham.* Ang mga mensaheng ito ang siyang magbibigay sa iyo ng *rapturing faith* upang makasama ka sa pagdating na ito ng Panginoon anumang oras ngayon.

Ang mga makakasama sa *rapture* ay itinuturing na mga ***wise virgins*** (**Mateo 25**). Sila'y tumatanggap ngayon ng **langis** sa kanilang mga ilawan o ng *"Baptism of the Holy Spirit"* nang marinig nila ang ***SIGAW*** sa Mateo 25:6-7 na nagsasabing "***And at midnight****, there was a* ***CRY*** *made,* ***Behold the Bridegroom cometh****! Go ye out to meet Him.* ***Then all those virgins arose and trimmed their lamps.***"

Tanging ang mga ***wise virgins*** lamang ang makakapasok sa *Wedding Supper of the Lamb* na gaganapin sa kalangitan. Sila ay kilala rin sa tawag na "***The Bride of Jesus Christ*** ".

Ang mga ***foolish virgins*** naman ay inihambing sa mga Cristianong kabilang pa rin sa sekta't denominasyon hanggang ngayon na nangangapa pa rin sa kadiliman. Sila ay maiiwanan sa *Tribulation Period* upang usigin at patayin ng *AntiChrist* dahil sa hindi nila natanggap ang *"Oil"* na dala ng MENSAHE ng anghel sa huling kapanahunan.

# JESUCRISTO: DIOS BA O TAO LAMANG?

Sadyang batid din ng Dios na madadaya ng serpiente ang Kanyang unang mga nilikha na sina Adan at Eva. Ito ay Kanyang pinahintulutan upang sa bandgang huli ay magampanan Niya ang Kanyang pagiging Manunubos at Manliligtas.

Sa **Hosea 13:4** ito ang pasabi ng Panginoong Dios:

"Gayunma'y AKO ang PANGINOON mong DIOS mula sa lupain ng Egipto, at WALA kang makikilalang ibang DIOS kundi AKO, at **LIBAN** sa **AKIN** ay **WALANG TAGAPAGLIGTAS**."

Mula nang mahulog ang tao sa bitag ng kasalanan, ay naitakda ng Dios na **kamatayan** ang siyang magiging kabayaran ng kasalanan. *"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan"*, (**Roma 6:23).** Datapuwa't nagbigay din ang Dios ng kaparaanan upang ang tao'y muling maligtas at makapanumbalik sa dalisay Niyang kalooban.

Ito'y nasusulat sa **Hebreo 9:22**- "At ayon sa kautusan ay halos masasabi kong lahat ng bagay ay **nililinis ng DUGO**, at **MALIBAN sa pagkabuhos ng DUGO ay walang kapatawaran**."

Maliban pala na may magbuhos ng DUGO para sa tao ay wala tayong kaligtasan. Kinakailangang may magbuhos ng dugo upang tayo ay maligtas. Subali't halos di na mabilang ang tupa, kambing, guya at baka, ang sadyang kinitil na sa Lumang Tipan, inihain sa Dios, at ibinuhos ang kanilang sariwang dugo, datapuwa't tila baga wala pa rin itong naging katuturan sa mata ng Dios para ang tao ay lubusang maligtas.

Kinailangang TAO at hindi hayop ang gumawa ng pagbubuhos ng dugo dahil TAO rin naman si Adan at si Eva na nangagkasala, kaya't nararapat na TAO (Kinsman Redeemer) rin ang siyang magbayad nito.

Subali't ating balikan ang sinabi ng Dios sa Hosea 13:4:

"Gayunma'y AKO ang **PANGINOON** mong DIOS mula sa lupain ng Egipto, at **WALA** kang makikilalang DIOS kundi AKO, at **LIBAN** sa **AKIN** ay **WALANG TAGAPAGLIGTAS**."

Liban daw pala sa Dios ay wala nang iba pang Tagapagligtas. Kaya nga't ang katanungan natin ay ganito. Papaano nga ba mangyayaring mailigtas tayo ng Dios samantalang Siya'y wala namang LAMAN at DUGO na maaaring ibuhos para sa kabayaran ng ating mga kasalanan? Siya ay isang Espiritu.

Ahh...dito natin ngayon mauunawaan ang HIWAGA ng DIOS ayon sa kapahayagan niya sa laman, na sinasabi sa **1 Timothy 3:16**:*" **And without controversy, GOD was MANIFEST in the FLESH."***

**Ang ating DIOS daw po ay "NAHAYAG sa LAMAN".** At kanino namang laman nahayag ang Dios? Aba'y kanino pa po, kundi sa laman ni JESUCRISTO! Si Cristo ay ang katawang LAMAN ng Dios.

Ating basahing maigi ang mga patotoo ng Biblia patungkol kay JesuCristo upang lalo nating malinawan ang bagay na ito.

Eto ang pasabi sa <u>Colosas 2:9</u> patungkol kay **Jesus**: "*Sapagka't sa KANYA nananahan ang buong KAPUSPUSAN ng pagka-DIOS sa kahayagan ayon sa LAMAN."*

At sa <u>Colosas 1:14-15,</u> sinabi rin: "*Na SIYANG kinaroroonan ng ating KATUBUSAN, na SIYANG KAPATAWARAN ng ating mga kasalanan, Na **SIYA ang LARAWAN ng DIOS** na **DI NAKIKITA**.."*

Aba'y malinaw na sinabi po na si **JesuCristo** ay ang **siyang "LARAWAN" ng DIOS na di nakikita.** Tumpak po ito. Hindi nga naman pala talaga makikita ninuman ang DIOS dahil Siya'y isang **Espiritu.** Subali't heto't nakita ng tao ang Dios sa pamamagitan ng KATAWAN ni JesuCristo.

Napatunayan ito ni Felipe, at sa aklat ng **Juan 14:8,9** ating mababasa: "At sinabi ni Felipe kay Jesus, *"Panginoon, **ipakita** mo sa amin ang AMA at at sukat na ito sa amin." **Sinabi sa kanya ni Jesus**, "Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo pa rin ako nakikilala, Felipe? **Ang nakakita sa Akin ay nakakita na sa AMA**; paanong sinasabi mo, ipakita mo sa amin ang Ama?." "**AKO at ang AMA ay IISA**."* (Juan 10:30)

Napakalinaw na si **Cristo** ay siya manding **Katawan at LAMAN ng Dios Amang Espiritu**.

Nagpapatunay lamang ito na ang IISANG DIOS ay nag-anyong TAO upang ganapin ang pagiging Manunubos sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Kanyang sariling **DUGO**, na sadyang hindi pwedeng magawa ng Dios kung mananatili lamang Siya sa kanyang estado bilang isang Espiritu.

Subali't tila baga napakahirap para sa ibang tao na tanggapin ang katotohanang si **JesuCristo ay Dios**, samantalang ang buong Kasulatan ay nagpapatotoo sa mga bagay na ito.

**Iisa lamang ang Dios, at tanging Siya lamang ang ating Manunubos at Tagapagligtas.** Si **Jesus** ay hindi isa pang bagong Manunubos o Tagapagligtas. Siya mismo ang NAG-IISANG TAGAPAGLIGTAS na nagkatawang TAO na siyang tinutukoy sa Lumang Tipan.

***"At walang DIOS liban sa Akin: isang ganap na DIOS at TAGAPAGLIGTAS; WALANG IBA LIBAN SA AKIN."*** (Isaias 45:21)

Kung walang ibang Dios at Tagapagligtas liban sa Dios mismo, di baga't nangangahulugan lamang ito na si Jesus ay hindi isa pang panibagong Tagapagligtas, kundi Siya rin ay ang Dios mismo na nag-anyong TAO lamang?







**Si Jesus ay ang Dios na nagkatawang-tao.**

"Sumagot si Jesus, ang pangulo ay pakinggan mo, Oh Israel; ang Panginoon nating DIOS, ang PANGINOON AY **IISA**." (Mark 12:29)

Ang KATAWANG PISIKAL na ito ni JESUS, ay tinagurian sa Biblia bilang "**ANAK**".

Samantalang ang napapaloob namang ISPIRITU sa KATAWANG yaon ay ang "**AMA**" na si Jehovah. Di baga't sinabi ni Jesus na "**Ang nagsugo sa Akin ay SUMASAAKIN**" (Juan 8:29)? Hindi kailanman nagpaiwan ang Amang Espiritu sa kung saan mang lugar, bagkus nilukuban Niya ang Katawang yaon ni Jesus. Walang imposible sa Dios. Kaya Niyang mag-anyong apoy, kalapati, at ulap, noon pa man. Gaano pa kaya kadali sa Kanya ang mag-anyong TAO? Masyado naman kasing tinatawaran ng iilang relihiyon ang kapangyarihan ng Dios. Para bang sinasabi nila sa Dios na, "O Dios, hanggang Espiritu ka na lang mananatili. Hindi ka pupwedeng mag-anyong tao." Aba'y sino baga tayo para pagbawalan natin ang Dios sa mga ninanais Niyang gawin? Huwag naman sanang lilimitahan ninuman ang kakayanan ng Dios dahil lang sa kanilang mga karnal na pag-iisip.




**THE WHEEL OF PROPHESY**

Ang Dios ay nahayag nga sa TATLONG DISPENSASYON.

Siya ay tinaguriang **"GOD <u>Above</u> US"** sa Lumang Tipan, bilang ang Dios sa kaitaas-taasan sa Kanyang *"Fatherhood Dispensation."*

Nang Siya ay magkatawang-TAO, Siya ay tinaguriang "**GOD <u>with</u> US"** o **Emmanuel** – na ang ibig sabihin naman ay ang Dios na nakasalamuha natin. Tinawag rin siyang "**Kinsman Redeemer**" o ang Manunubos na naging TAO sa Kanyang ***"Sonship Dispensation."***

Ngayon nga, Siya ay nasa "*Holy Ghost Dispensation*". "**GOD <u>in</u> Us"** ang turing sa Kanya ngayon dahil Siya ay nanahanan sa katawan ng Kanyang mga mananampalataya. Tayo ay itinuturing bilang TEMPLO ng Banal na Espiritu Santo (1 Cor.6:19-20).

Ang Espiritu Santo ay si Cristo pa rin sa Kanyang panibagong anyo. Sa **Juan 14:18** ay sinabi Niya na "*Hindi Ko kayo iiwanang mag-isa, AKO'Y paparito sa inyo.*" At sa **Galacia 4:6** sinabi na, "*At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Dios ang ESPIRITU ng KANYANG ANAK sa ating mga puso na sumisigaw, "Abba Ama."*

Si Cristo pa rin ang APOY na nangaghati-hati at pumatong sa ulo ng mga alagad na bumababa sa Araw ng Pentecostes. Sang-ayon ka ba rito?

Pansinin mo na noong si Jesus ay umakyat sa langit, Siya ay bumalik nang muli sa dati Niyang ANYO bago pa man Siya nagkatawang-TAO - bilang isang haliging APOY na gaya ng nasalubong ni propeta Moises sa ilang. Ang Kanyang pisikal na Katawan ay nakaupo sa trono ng langit ngayon.

Pansinin na nagpakitang muli si Jesus kay Saulo sa anyong isang apoy, isang LIWANAG. Ito ay mababasa sa **Mga Gawa 19:1-5**,

*"At sa kanyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag sa palibot niya ang isang ILAW mula sa langit. At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kanya'y nagsasabi, "Saulo, Saulo, bakit mo ako pinag-uusig?" At sinabi niya, "Sino ka baga, Panginoon?" At sinabi Niya, "Ako'y si **JESUS** na iyong pinag-uusig.*"

Malinaw na si JESUS ay walang iba kundi ang nag-iisang Dios na nagkatawang tao, upang maibuhos Niya ang Kanyang sariling DUGO para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan sa ikaliligtas ng sangkatauhan.

Pansining walang dugo ang Dios sa Kanyang estado bilang Amang Ispiritu. Kung kaya't gumawa Siya ng paraan upang magampanan Niya ang Kanyang planong pagliligtas. Lumikha Siya ng isang **katawan** sa sinapupunan ng birheng si Maria upang panahanan Niya ito. Ito'y upang Siya pa rin mismo ang tanghaling nag-iisang Manunubos at Tagapagligtas.

Sa **Isaias 9:6** binanggit ito kung saan sinasabing - *"Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang BATA, sa atin ay ibinigay ang isang ANAK na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang balikat: at ang Kanyang PANGALAN ay tatawaging Kamagha-mangha, Tagapayo, **Makapangyarihang DIOS, Walang-hanggang AMA**, Pangulo ng Kapayapaan.*"

Ang BATA ay siya pa rin daw tatawaging makapagyarihang DIOS at walang-hanggang AMA.

Kung bubuksan lang natin ang ating pag-iisip ay maunawaan natin na si **Jesus ay ang Katawang PISIKAL ng Dios.** Hindi naging dalawa o tatlo ang Dios. Kinailangan ng Dios na magbuhos ng DUGO para sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan. Hindi Niya ito magawa bilang isang Ispiritu. Kaya't minarapat Niyang gumawa ng isang **KATAWAN** na Siya niyang pananahanan upang matupad ang Kanyang planong pagliligtas. Ang Dios ay namatay nga sa laman.

*"Mangagkaroon nga kayo sa inyo ng pag-iisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman, na SIYA, bagama't nasa ANYONG DIOS,ay hindi Niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay Niya sa DIOS, kundi bagkus hinubad Niya ito, at NAG-ANYONG ALIPIN, na NAKITULAD sa mga TAO."* (Filipos 2:6-7)

**Tunay ngang si Jesus ay TAO; subali't Siya ay DIOS din.** Dapat maunawaan ng bumabasa na may "**dual personality**" ang ating Panginoon. Tunay na may kalikasan Siya bilang TAO (*Human Nature*), subali't Siya ay likas na Dios din sa kanyang *Divine Nature*.

Pansinin na noong si Jesus ay magutom at naghanap ng makakain sa isang puno ng igos, siya nga ay TAO.

Datapuwa't nang Siya na ay kumuha ng limang tinapay at dalawang isda upang pakainin ang limang-libong katao. Aba'y yaon ay sobra pa sa TAO! Yaon ay walang iba kundi ang DIOS at manlilikhang si Jehovah mismo!

Tunay ngang TAO si Jesus noong Siya'y umiyak sa puntod ng kaibigan Niyang si Lazarus. Datapuwa't noong Siya'y sumigaw nang napakalakas at sinabing, "Lazaro, bumangon ka!"

At ang apat na araw nang patay at bulok na katawan ni Lazaro ay bumangon at nabuhay na mag-uli mula sa mga patay. Aba'y yaon ay higit pa sa TAO! Sino'ng tao ang bumuhay na ng patay maliban sa ang DIOS lang mismo?

Siya nga ay totoong TAO noong Siya ay mapagod at makatulog ng mahimbing sa bangka samantalang lumakas ang alon at ang unos sa dagat at ianod ang kanilang bangka.

Subali't noong Siya'y magising at Kanyang sawayin ang unos at sabihing "Unos, pumayapa ka!" At sa isang iglap ay

tumigil ang unos at bagyo sa karagatan! Aba'y yaon ay sobra pa sa TAO! Yaon ay walang iba kundi si Yahweh na Siyang Maylikha ng buong kalikasan!

TAO nga si Jesus noong Siya'y sumigaw sa tindi ng sakit at kirot ng pagkakapako Niya sa Krus at winikang, "Ama Ko, Ama Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?"

Subali't nang si Jesus ay muling bumangon mula sa mga patay at sinabing, *"At Ako'y namatay, at narito, Ako'y nabubuhay magpakailanman!"* Aba'y yaon ay walang iba kundi ang Dios mismo na nasa lamang yaon na nagsabi ring "*Ako'y may kapangyarihang ibigay ang aking buhay, at may kapangyarihan din Akong ibangon itong muli.*"(Juan 10:18)

At bakit nagawang ipako ng mga Judio si Cristo sa KRUS? Samantalang napatunayan naman nilang Siya nga ang ANAK ng Dios? Ito po'y dahil sa sila ay mga bulag na gaya ng ibang mga relihiyon ngayon na hindi matanggap na si Cristo ay DIOS.

Sa Juan 10:33 matutunghayan ang kaganapang ito - *"Sinagot siya ng mga Judio, "Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagka't IKAW, bagaman ikaw ay TAO, ay nagkukunwari kang DIOS".* (Juan 10:33)

Aba'y hindi nga tila nila lubusang maunawaan ang hiwagang yaon, bagama't naturingan sila bilang mga pinakarelihiyosong tapapangaral ng Israel sa kanilang panahon. Hindi baga't ganito rin ang katayuan ng ilang relihiyon ngayon? Kanilang ipinapakong muli si JesuCristo sa pamamagitan ng pagtanggi nila na si JesuCristo ay hindi Dios.

"*I said therefore unto you, that ye shall die in your sins: for if ye believe not that I am [HE], ye shall die in your sins"*, ang diin pa ni Jesus sa John 8:24. Mamamatay daw ang tao sa kasalanan kapag hindi nila pinaniwalaang si Jesus ay ang DIOS mismo.

*"Bago pa si Abraham, ay AKO na nga"*, patotoo pa ni Jesus sa Juan 8:58. Ang katotohanan nito'y bago pa nagkatawang tao si Cristo, ay nagpakita na Siya kay Abraham sa katauhan ni Melchizedek. At doo'y kanyang ginanap ang *communion* nang ipaghanda Niya ng alak at tinapay si Abraham matapos na manaig ito sa mga kalabang hari na umagaw kay Lot.

Aba'y kung tao lamang si JesuCristo, ayon sa itinuturo ng ilang relihiyon ngayon, ang sabi ng Biblia ay walang taong pwedeng magligtas sa kanyang kapwa tao, at sumpain ang sinumang tao na nagtitiwala sa kanyang kapwa tao. Aba'y bakit pa tayo magtitiwala kay Cristo kung Siya nga ay tao lamang at hindi Dios?

Tanging sa Dios lamang nauukol ang ating pagtitiwala at kaligtasan. At yaon nga'y nararapat nating igawad kay Jesus, dahil Siya'y totoong DIOS. Siya ang ating DIOS na nagkatawang TAO.

Ano ang sabi sa Titus 2:13? Ang sabi po roon ay ating "*Hintayin yaong mapalad na pag-asa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang DIOS at TAGAPAGLIGTAS na si JESUCRISTO".*

Napakalinaw na sa Biblia'y sinamba si Cristo maging ng tatlong haring mago kahit noon pa mang sanggol pa siya.

*"At nagsipasok sila sa bahay, at nangakita nila ang sanggol na kasama ng kanyang inang si Maria; at NAGPATIRAPA sila at NAGSISAMBA sa Kaniya; at pagkabukas nila ng kanilang mga kayamanan ay inihandog nila sa Kanya ang mga alay na ginto, kamangyan at mira."*(Mateo 2:11)

Aba'y kung hindi Dios si Cristo, bakit nila ito SINAMBA? Masusumpungan sa Biblia na hindi lamang iisang beses na si JESUS ay sinamba ng mga apostol at ng kanyang mga alagad kundi napakaraming beses pa. *(Basahin n'yo ito sa Mateo 8:2; 9:18; 14:33; 15:25; 18:26; 28:9; 28:17; Marcos 5:6; 15:19; Lucas 24:52; at Juan 9:38;)*


"*Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa ay naibigay na sa Akin ng Ama,"* dagdag pa ni Jesus sa Mateo 28:18. Kung may Ama pa mang nakaluklok sa langit ngayon ay sadyang wala na itong kapagyarihan pa dahil sa ang lahat nga ng kapangyarihan ay ibinigay na Niya kay Cristo Jesus. Subali't alam natin na si Cristo ay ang Ama pa rin sa pisikal Niyang kalalagayan.

Tunay na ang hiwagang ito ukol sa "**Deity of Jesus Christ**" ay mauunawaan lamang ng mga taong may kaloob na karunungang nagmumula sa Dios. Ito'y sadyang itinago sa mata ng pantas at matatalino bagkus inihahayag lamang ito ng Dios sa mga mapagpakumbabang-loob. Dalangin ko na ang bawat bumabasa nito ay mabuksan sa kapahayagang dulot ng *revelation* at maunawaan nila na IISA lamang ang DIOS at ang Kanyang PANGALAN ay LORD JESUS CHRIST.

Ang "LORD" ay PANGALAN ng Kanyang pagiging "AMA". "JESUS" naman ang Kanyang PANGALAN bilang "ANAK". At "CHRIST" naman ang Kanyang PANGALAN bilang "Espiritu Santo." Yaon po ang kumpletong PANGALAN ng DIOS - LORD JESUS CHRIST. IISANG DIOS; hindi TATLO o DALAWA man.

*"Upang sa PANGALAN ni JESUS ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa*." (Filipos 2:10)

"*At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang PANGALAN sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas*" kundi ang PANGALAN lamang ni **JesuCristo** (Gawa 4:12). AMEN!




**Ang mga sumusunod na pangungusap ay hango sa mga pangangaral ni Reverend William Branham patungkol sa "Godhead":**

**1. Brother Branham believed that Jesus Christ is God Himself made man:**

"**JESUS was GOD in the form of a man.** That's hard for people to swallow. He wasn't nothing less than God. He was GOD manifested in FLESH. He was the Creator in His own creation." *(God's Gift Always Find Their Places/1963)*

"**I believe HIM to be God: Jesus Christ**, the same yesterday, today and forever. That He wasn't just a prophet, that He wasn't just a man, that He wasn't just a teacher or a good man, **HE was the DIVINE JEHOVAH GOD living in a BODY of Flesh**." *(Who Is This?/59-1004)*

**2. Brother Branham believed that the BODY of JESUS was GOD's own flesh:**

"That's exactly what HE was. "We handled God," the Bible said. **1 Timothy 3:16**, "Without controversy, great is the MYSTERY of Godliness, GOD was manifest in the FLESH." We handled HIM with our hands. **THAT BODY WAS GOD**. Certainly was. **He was GOD all over, in the form of a human being**." *(The Token/64-0308)*

"It wasn't the blood of a Jew. It was the Blood of God that saved us, not the blood of a Jew. **He wasn't no man's Blood. He was the creative Blood of Jehovah God, Who created the Blood cell. He wasn't neither Jew not Gentile by Blood. He was God. God's Blood saved us." *(Witnesses/54-0303)***

"And there, God, the Creator, wrapped around Himself and created a Blood cell, **the virgin not knowing any man. If you don't believe that, you're still in sin. She had nothing to do with a man. God, Himself... Christ was not a Jew. His Blood wasn't a Jew, neither was it a Gentile. It was God's Blood. The Blood cell come from the Male, and the Male was God.** The Bible said we're saved through the Blood of God, **no sex into it at all. There it is. (*Christ/55-0221*)**

**3. Brother Branham believed that JESUS is the very PERSON of GOD:**

"So you see, **JESUS was GOD.** He was not NO third person, fourth person, second person, **HE was THE PERSON, HE was GOD**, see? He was **GOD Immanuel**, God come down from glory, revealed Himself."
*(God's Gift Always Find Their Places/63-1222)*

**4. Brother Branham believed that GOD DIED in His SONSHIP FORM:**

"**GOD veiled in JESUS to do the work of REDEMPTION at the cross**... **GOD could NOT DIE in the SPIRIT**; He's ETERNAL. But He had to put on a **MASK** and **ACT** the part of **death**. **HE DID DIE**, but He couldn't do it in His God FORM. **He had to do it in SON form**, as a Son of Man on earth." *(Unveiling of God/ 64-0614m)*

"Your BODY has to LIVE by DEAD SUBSTANCE for natural life, then you've got to have something DIE SPIRITUALLY to SAVE your SPIRITUAL LIFE. And **GOD BECAME MATERIAL, FLESH, and DIED that WE MIGHT LIVE.**"
*(Sir, We Would See Jesus / 62-0724)*

*Scriptural application:* **1 JOHN 3:16 - *"Hereby perceive we the LOVE [of GOD], because HE laid down HIS LIFE for us."***

**5. Brother Branham believed that GOD had NO BODY until HE became JESUS:**

"**GOD is a SPIRIT. He had no hands till He become JESUS.** He had no feet, arms, legs and so forth, till He become JESUS... HE come to a stable, borned over a manure pile. **And Little JEHOVAH crying in a manger**, little JEHOVAH playing as a boy, little JEHOVAH toiling as a man, He crossed His cast with us. **GOD BECOME HUMAN**. **When JESUS CHRIST was born, GOD was HUMAN on earth**... He toiled and labored and felt for the teen-ager. HE went through every temptation that we go through. GOD DID IT, that He might do His own judgment justice." *(Show us the Father/ 60-0731)*

"It come to a place that **HE was TRANSFORMED.** See? That means HE CHANGED His way. HE was GOD Jehovah. **And God JEHOVAH changed Himself FROM a SPIRIT and BECAME A MAN.** He's the SAME JEHOVAH GOD living in a BODY of FLESH." *(Let Your Light Shine Before Men/ 64-0614m)*

**6. Brother Branham believed in only ONE GOD; NOT TWO OR THREE:**

"**There is NO three or four Gods. THERE IS ONLY ONE GOD.** There is THREE ATTRIBUTES of GOD: Father, Son and Holy Ghost, BUT they're NOT THREE GODS. GOD the Father was in the wilderness, as a PILLAR of FIRE. All right. GOD The SON: **GOD the FATHER CREATED a BODY which was GOD THE SON**, and LIVED in the SON. See?" *(A Court Trial / pp. 31)*

"If there were THREE Gods, you might as well baptize for a FATHER, and a SON, and a HOLY GHOST. But the REVELATION given to John was that **there is ONE GOD and His NAME - LORD JESUS CHRIST**, and you baptize for **ONE GOD** and only ONE... If JESUS is BOTH LORD and CHRIST, then HE (Jesus) is, and cannot be else but "Father, Son and Holy Ghost" in ONE PERSON manifested in FLESH. It is NOT "GOD in THREE persons, Blessed Trinity," BUT **ONE GOD, ONE PERSON with THREE MAJOR TITLES, with THREE OFFICES** manifesting those TITLES. HEAR IT ONCE MORE - This SAME JESUS is "BOTH LORD and CHRIST". **LORD (Father) and CHRIST (Holy Spirit) are JESUS, for HE (Jesus) is BOTH OF THEM (LORD AND CHRIST)**. If that doesn't SHOW us the TRUE REVELATION of the GODHEAD, NOTHING WILL. **LORD is NOT another ONE; CHRIST is NOT another ONE. This JESUS is LORD JESUS CHRIST - ONE GOD."** *(Seven Church Age Book/ pp. 29)*

**7. Brother Branham believed that GOD lived in Jesus Christ: Body, Soul, and Spirit:**

"**But the first thing YOU ARE a TRIUNE BEING, just like Father, Son, and Holy Ghost.** Father, Son and Holy Ghost is THREE TITLES going to ONE PERSON, which is JESUS CHRIST. And YOU'RE soul, body and spirit. But it takes THOSE THREE to MAKE YOU. With just ONE of them, you're NOT YOU. **IT takes THREE to make YOU.. YOU'RE living in a HOUSE - SOUL, BODY and SPIRIT. THAT'S THE WAY GOD LIVED in JESUS CHRIST, both SOUL, BODY and SPIRIT."** *(Inner Veil/ 56-0121)*

"**Now in my HOME, I'm THREE different PEOPLE.** In my home my **wife** has claims on me as **HUSBAND**. My **daughter** out there, she doesn't have any claims on me as HUSBAND; I am her **FATHER**. And my little **grandson** there, I'm **GRANDFATHER** to him; so he has no rights to call me FATHER. I am his grandfather, **BUT** I'm still the **SAME MAN**." (Mighty God Unveiled / 64-0629)

**8. Brother Branham believed that JESUS is JEHOVAH even from BIRTH:**

"You know, **HE was once a BABY HIMSELF**. Talk about a SIGN, **Isaiah 9**... When they asked for a SIGN, God gave them a SUPERSIGN: "A **virgin** shall conceive and bear a child. His NAME shall be called Counselor, Prince of Peace, Mighty GOD, the everlasting FATHER. IT SHOULD HAVE BEEN STRIKING - **JEHOVAH, a BABY**; **JEHOVAH GOD, a BABY crying in a MANGER.** It ought to have been striking: **JEHOVAH, a TEENAGE BOY playing**; JEHOVAH, driving nails as a carpenter. Oh, my! And ABOVE ALL: **JEHOVAH NAILED TO A CROSS TO SAVE SINNERS**, it should have been striking!" *(Unbelief Does Not Hinder God/ 62-0128)*

**9. Brother Branham believed that JESUS is the Creator:**

"**And that great CREATOR BECAME my SAVIOUR,** come down to a little BLOOD CELL, NOT through a man, but come virgin to a woman; and took thils little pollen from the woman, and **FORMED HIMSELF A LITTLE HOUSE and LIVED IN IT**. Oh, it - it ought to be striking. JEHOVAH over a pile of manure in a barn, crying: **JEHOVAH in a MANGER of straw**. That's an EVERLASTING SIGN." *(Smyrnean Church Age/ 60-1206)*

**10. Brother Branham believed that MELCHISEDEC was JESUS Himself:**

"**Now, MELCHISEDEC, the King of Salem, the Priest of the Most High, the King of Peace, which was NONE OTHER THAN THE FOREPART of the LORD JESUS CHRIST,** and when HE met Abraham, He fed Abraham the COMMUNION and blessed him.. **WHO WAS THIS PRIEST? NONE OTHER THAN THE INCARNATED LORD JESUS CHRIST.** In His magnificent power He was the **same ONE** a **LITTLE LATER ON**, after HE met Abraham, and gave him, as being a COVENANT PEOPLE, the **COMMUNION**." *(Melchisedec the Great Prince/ 55-0109m)*

"When **Jesus** was **manifested** in the Old Testament in a **theophany**, in the **Person of Melchisedec**, not a priesthood, but the Person, the **Man**... See? For this **Man Jesus had yet not been born**, but **He was in a theophany** so He had no father, no mother. He was God Himself. He was manifested in the form of a Man called King of Peace and King of Righteousness. See King of Salem, which is? **He was Melchisedec**. He had neither father nor mother, beginning of days of ending of life. See? **It was JESUS in a theophany in the form of a man."**
*(Christ Revealed In His Own Word/65-0822M)*

## BAUTISMO SA TUBIG... mula sa pp.3

Noong sinabi nga ni Jesus sa Mateo 28:19 na "*Magsiyaon nga kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa PANGALAN ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo,"* ito'y nangailangan ng makalangit na kapahayagan upang maarok nila kung ano talaga ang kahulugan ng PANGALANG yaon.

Maaari bang mangyari kahit isang sandali man lang na ang mga apostoles ay lumihis mula sa isang tahasang utos ng Panginoon na magbautismo sa **Pangalan** ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, at pagkatapos ay masumpungan sila sa sadyaang pagsuway? Hindi po.

Batid nila kung ANO ang PANGALAN, at wala ni isa mang dako sa Kasulatan kung saan sila ay nagbautismo sa alinmang paraan, maliban sa PANGALAN lamang ng PANGINOONG JESUCRISTO.

Lubusan nilang naunawaan na ang mga katagang "Ama", "Anak" at "Espiritu Santo" ay hindi PANGALAN, kundi ito'y mga TITULO lamang ng pagka-Dios ni Jesus.

Nasusulat sa Mga Gawa 4:12 na, "*Sapagka't WALANG IBANG PANGALAN sa silong ng langit na IBINIGAY sa mga tao, na sukat nating IKALIGTAS*" maliban lamang sa Pangalan ni JESUCRISTO. Ang mga katagang "*Ama*", "*Anak*" at "*Espiritu Santo*" ay mga TITULO lamang ng NAG-IISANG DIOS.

Isang matinong halimbawa nito ay kung ikaw ay magpapapalit ng tseke sa bangko. Kinakailangan na ang PANGALAN mo ang nakasulat duon, at hindi titulo. Maaring ikaw nga ay isang ANAK, o AMA, o LOLO, pero yaon ay mga TITULO mo lamang. Kung yaon ang isusulat mo sa tseke, malamang hindi ito tanggapin ng bangko. Sa pagpasok sa kaharian ng langit ay sa ganuon din. Kinakailangang sigurado ka sa bautismong tinanggap mo sapagka't tanging ang Pangalan lamang ni JesuCristo ang tatanggapin sa gawi roon. Balang araw ang lahat ng pamilya ng Dios sa lupa at langit ay tatawaging JESUS. Iyan ang nakasulat sa Biblia. Kung hindi ka pa nababautismuhan sa PANGALAN ni JESUCRISTO, panahon na upang ganapin mo ang bagay na ito.

Ang katagang **"baptism"** ay hango rin sa Griyegong kataga na "**baptizo**", na ang ibig sabihin ay "**TO IMMERSE**" o "**mailubog ang tao sa tubig**". Ang wastong pagbautismo sa tubig ay sa pamamagitan ng "*immersion*", o ng paglubog ng buong katawan ng tao sa tubig at hindi sa pamamagitan ng wisik lamang.



Sa loob ng daan-daang taon mula kay Juan Bautista at kay JesuCristo, sa ganitong paraan lamang ginanap ang pagbabautismo para sa lahat ng mga Cristiano. "*And they went both DOWN INTO THE WATER, both Philip and the Eunuch; and he baptized him. And when they were COME OUT of the water, the Spirit of the Lord caught away Philip.*"**(Acts 8:38-39)**

Si Apostol PABLO mandin, sa lahat ng dako ng Biblia, ay nagbautismo rin sa PANGALAN ni JESUCRISTO. Sa totoo lang, lahat ng binautismuhan ni Juan Bautista na nasumpungang muli ni Apostol Pablo ay muli niyang binautismuhan sa Pangalan ni JesuCristo. Mapapatunayan natin ito sa Acts 19:1-5: "*At nangyari na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad. At sa kanila'y sinabi niya*, "*Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya?*" At sinabi nila sa kanya, "*Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo.*"

At sinabi niya, "*Kung gayo'y sa ANO kayo nabautismuhan?*" At sinabi nila, "*Sa Bautismo ni JUAN.*" At sinabi ni Pablo, "*Nagbautismo si Juan ng bautismo ng PAGSISISI, na sinasabi sa bayan na sila'y magsisamplataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y kay JESUS.*"

***At nang kanilang marinig** ito, ay NANGAGPABAUTISMO sila sa **PANGALAN** ng **PANGINOONG JESUS**.*"

Lahat nga ng mga nabautismuhang Cristiano sa buong Biblia, SAMARITANO man, HUDYO o GENTIL, ay pawang sa PANGALAN lamang ni JESUCRISTO NABAUTISMUHAN (*Basahin sa Mga Gawa 8:14-16/ Gawa 10:46-48*). Kaya't nararapat na ito rin ang dapat nating sundin kung sinasabi nating tayo ay Biblical at Full-Gospel sa paninindigan. Binago ang bautismong ito ng Roman Catholic Church noong 325 A.D.

| TITLES | Father | Son | Holy Ghost |
|---|---|---|---|
| NAME | LORD | JESUS | CHRIST |

Napakalinaw na ginamit ng mga alagad ng Panginoong Jesus and Kanyang PANGALAN sa pagbabautismo sa tubig bilang pagtalima sa mahalagang utos Niyang ito sa Mateo 28:19.

Suriin mong mabuti ang iyong kaligtasan, kapatid. Ikaw ba'y nabautismuhan na nga ba sa tunay na PANGALAN ng Dios o sa mga TITULO lamang Niya? Mahirap nang magkamali pa ngayon patungkol sa ating "*eternal destination*".

Kung ang mga Cristiano nga noon sa panahon ng mga apostol ay nagpa-bautismong MULI kay Apostol Pablo sa Pangalan ni JesuCristo nang malaman nila na sa PANGALAN lamang ni Jesus may kaligtasan, gaano pa kaya tayong nasa huling kapanahunan? May panahon pa upang maituwid ang iyong kakulangan, kapatid. MagpaBAUTISMO ka ngayon sa mga totoong alagad ng Dios sa PANGALAN ng PANGINOONG JESUCRISTO, at tatanggapin mo ang pangakong kaloob ng Banal na Espiritu Santo. Iyan ang pangako na nasasaad sa Mga Gawa 2:28-39.

At pagkatapos, ay "*Hintayin (mo) yaong mapalad na pag-asa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang DIOS at TAGAPAGLIGTAS na si JESUCRISTO"* (Titus 2:13).




**Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya** ay matatagpuan sa **Book of Revelation Chapter 1 verses 10-11** na inilahad ni **John:**

*"**I was in the Spirit on the Lord's day**, and I heard behind me a great voice, as of a trumpet, Saying, I am Alpha and Omega, the first and the last: and, What thou seest, **write in a book,** and send [it] unto the **Seven Churches which are in Asia**; unto **Ephesus,** and unto **Smyrna**, and unto **Pergamos,** and unto **Thyatira,** and unto **Sardis**, and unto **Philadelphia,** and unto **Laodicea."***

Ang mga nabanggit na lugar ay nagpapatungkol sa pitong kapanahunan ng **Gentile Churches** na siyang itinuturing na ***Bride Tree*** ng Panginoong JesuCristo. Ang bawat iglesya ay isinasalarawan ng mga **kandelyerong ginto** samantalang ang mga **mensahero** naman sa bawat iglesya ay inihambing sa **pitong bituin**. Mababasa ito sa **Rev. 1:12,13, 20:**

"*And I turned to see the voice that spake with me. And in the midst of the **seven candlesticks** [one] like unto the **Son of man**, clothed with a garment down to the foot, and girt about the paps with a golden girdle...*
*The **mystery** of the **seven stars** which thou sawest in my right hand, and the **seven golden candlesticks**. The **seven stars are the angels** of the **seven churches**: and the **seven candlesticks** which thou sawest are the **seven churches."***

Ang Pitong kapanahunan ng Iglesya ay isang paglalahad ng mga hiwaga ng Dios sa mga nagdaaang panahon mula pa sa panahon ni apostol Pablo hanggang sa huling kapanahunan. Tayo ngayon ay namumuhay sa ilalim ng pampito at panghuling iglesya na tinaguriang *Laodecian Church Age* na nagpasimula noong 1906 hanggang sa takdang oras ng *"rapture"*. Ito na ang pinakahuling siglo ng pagtawag sa mga anak ng Dios pabalik sa purong Evanghelyo ni Cristo.

Kung ang sinuman ay nagnanais na matunghayan ang buong kaganapan ng hiwagang napapaloob sa *7 Church Ages* na ito, maaari kayong mag-*request* ng aklat na pinamagatang "**The Exposition of the Seven Church Ages**" by **Rev. William Marrion Branham** (*381 pages*) sa patnugot na ito ng **MENSAHE** o sa opisina ng **Voice of God Recordings** at **Bible Believers Philppines**.

## HISTORICAL RECORDS

BRITANNICA ENCYCLOPEDIA - *"Everywhere in the oldest sources, it states that baptism took place in the Name of Jesus Christ"* (11th Edition/Vol.3/pp.82)

CANNY ENCYCLOPEDIA OF RELIGION - *"The early Church always baptized in the Name of Jesus Christ until the development of the Trinity Doctrine in the 3rd Century."* (pp. 53)

HASTINGS ENCYCLOPEDIA OF RELIGION - *"Christian Baptism was administered using the words "In the Name of Jesus". The use of a Trinity formula of any sort was not suggested in the early church history. Baptism was always in the Name of the Lord Jesus until the time of Justin Maryr when triune formula was used."* (Vol.2/pp. 377-378)

# SABBATH: LINGGO BA O SABADO?

## SPIRITUAL REST

Ni Pastor John Balbin



**ANG SALITANG “SABBATH” ay tumutukoy sa “kapahingahan” o spiritual “*REST*” na ginampanan ng Dios sa ikapitong araw matapos Niyang likhain ang sanlibutan at ang lahat ng mga bagay na nalikha rito.** Nasasaad ang **Sabbath** sa Sampung Utos ng Dios sa Lumang Tipan upang tuparin, ipangilin at ipag-ayuno ng bayang Israel.

Sa ating kapanahunan ay pinagtatalunan ng mga Cristiano kung kinakailangan pa nga bang ipangilin ang araw na ito ng *Sabbath* sa Bagong Tipan. Unang katanungan ay kung ano nga raw ba talaga ang takdang pampitong araw na ito ng Dios? Ito nga ba ay araw ng Sabado o araw ng Linggo? Mayroon nga bang tinukoy na literal na araw sa Banal na Kasulatan patungkol sa *Sabbath*? O dili kaya nama'y mayroon din itong ibang ispiritwal na pakahulugan ngayon.

Kung pagbabatayan ang turo at halimbawa ni JesuCristo sa Bagong Tipan ay sadyang wala Siyang tinukoy na araw, maging Linggo man o Sabado. Sa totoo lang, para bang Kanya pa ngang binalewala ang bagay na ito nang Siya ay magpagaling ng maysakit sa Araw ng ***Sabbath***. Ito'y isang bagay ay sukat na ikinagalit ng mga Hudyo sa Kanya, at dahil sa tila baga pagbali Niya sa utos na ito ay naging dahilan ito upang ipako Siya ng mga Hudyo sa Krus ng Kalbaryo.

Datapuwa't ating pansinin na ang sabi ni Cristo ay hindi Siya naparito upang sirain ang Kautusan, bagkus upang tuparin ang mga ito (Mateo 5:17). Kung sa ganuon pala, ay hindi nangangahulugan na sinira nga ni Cristo ang utos na ito ukol sa **Sabbath** nang dahil lamang sa pagpapagaling Niya sa maysakit.Bagkus kinakailangan lamang natin ang wastong pang-unawa ukol sa bagay na ito.

Tatlo sa mga turo ng Kautusan ang nakikita kong lalo pa ngang pinalinaw ni JesuCristo. Ang tatlong bagay na ito ay ang patungkol sa **(1) pangangalunya**, **(2) pagpatay**, at **(3)** ang patungkol sa **Sabbath** o “**kapahingahan**” ng Dios.

Ang bagong utos Niya ukol sa PANGANGALUNYA ay nasasaad sa Mateo 5:27-28 – “*Narinig ninyong sinabi “Huwag kayong MANGANGALUNYA.” Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, na ang bawat **tumingin** sa isang babae na taglay ang **masamang pagnanasa** ay nagkasala na ng PANGANGALUNYA sa kanyang puso.*”

Aba'y di baga't lalo pa Niyang pinatindi ang Kautusang ito. Na kung tutuusin, noon ang pangangalunya ay isang pisikal na pagkikipagtalik lamang.Datapuwa't ngayon ay tumingin lamang pala ng may pagnanasa ang isang lalake sa isang babae, ay nagkasala na siya ng pangangalunya sa harapan ng Dios.

Ang bagong utos naman ni Cristo ukol sa PAGPATAY ay nakasulat sa Mateo 5:21-22,- “*Narinig ninyo na sinabi sa mga tao sa una, “Huwag kang PAPATAY.” Datapuwa't sinasabi Ko sa inyo, na ang bawat **mapoot** sa kanyang kapatid ay mapapasa panganib ng kahatulan.*” “*Ang sinumang **napopoot** sa kanyang kapatid ay **mamamatay-tao**.*” (1 Juan 3:15.)

Aba'y mas grabe pa pala ito! Mapoot ka lang pala sa isang kapatid ay mapapasa-panganib ka na ng kasalanang pagpatay ayon sa paningin ng Dios. Tunay ngang magagawang patayin ng sinumang tao ang impluwensya at pagkatao ng kapwa niya kung siya ay napopoot dito.

Samakatuwid baga'y may ispiritwal na pakahulugan ang Kautusan sa Bagong Tipan at hindi na lamang LITERAL ang ibig sabihin ng mga bagay ito.

**Ang ukol naman sa pakahulugan ng *SABBATH*** o “Rest” ay nasasaad din naman sa Mateo 11:28-29. Pansinin na ang **Sabbath** na tinutukoy ni Cristo dito ay walang iba kundi ang Kanyang SARILI at hindi ang Araw ng Sabado o Linggo man. Si Jesus ay ang totoong “**Sabbath**” na kinakailangang matanggap ng tao sa kanilang mga puso. Si Cristo ang siyang “kapahingahan” o “rest” ng lahat ng mga Cristianong napapagal.



*Ang kautusan sa panahon ni Moises ay binago at lalong pinalinaw ni Jesus sa Bagong Tipan.*

Heto ang aral ni Cristo patungkol sa Sabbath ayon sa Mateo 11:28-29:

“ *Come unto ME, all ye that labour and are heavy laden, and I will give you REST.” “For the Son of Man is LORD even of the Sabbath Day.”* (Matthew 12:8)

Ibig sabihin po nito ay kapag tinanggap natin si JesuCristo bilang sarili nating Panginoon at Tagapagligtas, ikaw ay pumasok na sa **REST** o sa kalalagayang “**Sabbath**”. Yaon ang kapahingahang ispiritwal na tinutukoy ni Cristo para sa ating mga kaluluwa. Ito ay hindi patungkol sa literal na araw, bagkus ito ay ARAW ng KALIGTASAN para sa sinumang tao.

Nilinaw pang lalo ito ni Apostol Pablo sa Hebrews: 4:8-11, na sinasabing:

“*For if Jesus have given them REST, then would He not afterward have spoken of another DAY. There remaineth therefore a REST to the PEOPLE of God. For he that is ENTERED into his REST, he also hath CEASED from his own works, as GOD did from His. Let us labour therefore to ENTER into that REST, lest any man fall after the same example of unbelief.*“

Ang tao raw na pumasok na sa kanyang Sabbath ay nagpahinga na rin naman sa kanyang mga gawa, na GAYA ng DIOS sa Kaniyang mga gawa, sa pasimula.”

Sa anong “gawa” naman tayo magpapahinga? Malinaw na ang kapahingahang tinutukoy ni Cristo dito ay ang pagsuko at panunumbalik ng tao sa sakdal na kalooban ng Dios. Mula sa g a w a n g makasalibutan tayo ay nais papagpahingahin ng Dios. Ang totoong pamamahinga ng isang Cristiano ay ang makamit Niya ang isang lubusang pagbabago mula sa kanyang mga makasanlibutang gawa o kasalanan na gaya ng paghango ng Dios sa kanya mula sa mga bisyo ng alak, sugal, paninigarilyo at mga makamundong pita ng laman. Iyan ang tunay na kalalagayang **Sabbath** o “*spiritual rest*” para sa isang tunay na Cristiano ngayon.

Ang paraang ito tungo sa kapahingahan ay siya ring itinuro ni Jesus kay Nicodemos na sinabing “*Except a man be BORN AGAIN, he cannot ENTER into the Kingdom of Heaven*” (John 3:3-5).

Kailanman ay walang sinumang taong nakasunod sa Kautusan, noon at sa pangkasalukuyan man. Iyan ay malinaw na sinabi sa Roma 3:2- “*For all have sinned and fell short of the Kingdom of God.*” (Rom 3:2)

Kung kaya't pinawi mismo ni Cristo ang Kautusan upang tayo ay mailigtas Niya ayon sa Kanyang BIYAYA. “*For by grace are ye saved through faith; and that not of yourselves: [it is] the gift of God: **NOT OF WORKS**, lest any man should boast”* (Ephesians 2:8-9).

Hindi na kailanman maliligtas ang TAO sa pamamagitan ng pangingilin sa isang LITERAL na ARAW ng Sabbath bagkus sa pamamagitan na ng pananampalataya kay Cristo na siyang totoong “Lord of the Sabbath”.

Tahasang binanggit ito sa Galacia 2:16- Na ”*bagama't ang tao ay hindi inaaring-ganap sa mga GAWANG ayon sa Kautusan, MALIBAN na sa pamamagitan ng pananampalataya kay JesuCristo, tayo rin ay nagsisampalataya kay Cristo Jesus, upang tayo'y ARIING-GANAP sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at HINDI dahil sa mga GAWANG KAUTUSAN: sapagka't sa mga gawang Kautusan ay HINDI aariiing ganap ang sinomang LAMAN.*”

Ikaw ba kaya, kaibigan, ay pumasok na sa **Sabbath** na tinutukoy na ito ni Cristo? O dili kaya'y nababalot pa rin sa kadiliman ang iyong buhay at alipin ka pa rin ng kasalanan? Kung nais mong mamahinga sa kamunduhan, lumapit ka kay Cristo at tanggapin mo Siya bilang sarili mong Panginoon at Tagapagligtas. Handa ka Niyang tulungan at patawarin. Siya lamang ang tanging makapagbibigay sa iyo ng kapahingahan o *Sabbath.* Sa Kanya ay may tagumpay at kapayapaan. “*Come unto Me, ye that labour and are heavy laden, and I will give you REST.*” Iyan ang tunay na SABBATH para sa mga Cristiano ngayon.

“No, sir, there's not, not a Scripture in the Bible, for in the New Testament, for us to keep either Saturday or Sunday. But the reason we keep **Sunday**, is a **memorial** of the **resurrection**.”

-William Branham


## SPIRITUAL MANNA from p.17

Ano pa nga ba ang maidadahilan ng mga tao na naglalakad pa rin sa kadiliman hanggang ngayon? Ano pa ang kanilang maidadahilan ngayong ang Liwanag ay abot-tanaw na nila? Narito't napakalinaw ng Mensahe at ipinamamahagi ng libre sa lahat. Hindi mo na kailangang bayaran pa ito. Ang lathalaing ito ay libre. Ang mga aklat ng huling mensahero ay libre din. Ang mga pa-seminar ng Mensahe ay libre. Wala na ngang dahilan pa para ang tao ay hindi makasama sa Pag-agaw.

May taggutom nga na nagaganap sa sanglibutan ngayon, datapuwa't nagbigay ang Dios ng pagkaing sapat, sariwa, siksik, liglig, at umaaapaw, para sa lahat ng sa Kanya ay nais tumanggap. Sa kabila ng kasaganaang ito ng Salita ng Dios, ang mangmang ay sadyang gutom pa rin at nangangapa sa kadiliman. Siya'y maralita, hubad at bulag – kahalintulad ng Laodecia kung saan siya ay namumuhay. Ang sariwang pagkain ay nailatag na para sa Nobya ni Cristo Jesus. Ang maliit na kawan ni JesuCristo ay di kailanman magugutom, mauuhaw, magdarahop, ni mangangailangan man.

Mga kapatid ko, lumapit na tayo sa hapag-kainan na ito ng Dios at makisalong kasama Niya. Tayo ay nasa huling mga araw na. Darating nang muli si Cristo. Inyong bilisan ang paglapit sa Kanya upang kayo'y makakain, mabusog at mabuhay. Pagpalain nawa kayo ng Dios.

## THE SEVEN DIMENSIONS




Unang ginawa ng Dios ay Liwanag at ito ang **First Dimension**. *“Let there be **Light**!”* Iyan ang pasimula ng creation.

Sumunod ay “oras” o “panahon” na siyang **2ndDimension**.Nagpasimulang magkaroon ng ***time*** sa mundo nang si Eva at Adan ay mahulog sa kasalanan. Balang araw ay ibabalik ng Dios ang lahat ng bagay sa ***Eternity***.

“***Matter***” naman o “materyal” ang **3rd Dimension**. Ito ay kinabibilangan ng lahat ng mga *tangible things* gawa sa elemento na nasa lupa at kalawakan.

“***Science***” o siyensya naman ang **4th Dimension**. Dito kabilang ang mga *radio waves, electricity, soundwaves* at mga *radioactive elements.*

“Ang mga **kaluluwang makasalanan** at nangamatay ay naroroo't nakakulong naman sa tinatawag na ***5th Dimension***. Dito sila naghihintay sa pagdating ng ***Judgment Day*** upang sila ay hatulan ng Dios ayon sa kanilang mga gawa.

Ang mga **Cristianong banal** na nangamatay kay Cristo ay narooon sa “**paraiso**” ngayon o sa tinaguriang **6th Dimension**.

Ang **Dios** ay nag-iisang nananahan sa **7th Dimension**.

# SA SEKTA AT DENOMINASYON, MAY KALIGTASAN BA?

*Ni Pastor RONNIE MILLEVO*

Naitanong na ba natin sa ating mga sarili kung ano ang sadyang pinagmulan ng mga nagsilitawang sekta at denominasyon na nagkalat ngayon sa buong mundo?

Saan nagbuhat ang sari-saring uri ng mga relihiyong ito? At bakit naman kaya pinahintulutan ng Dios ang ganitong pagkabaha-bahagi?

Tinatayang mayroon ngayong humigit kumulang sa tatlong libong denominasyon sa balat ng lupa. Bawat isa ay nag-aangkin na sila lamang ang may dalang katotohanan, at sila lamang ang may kapangyarihang makapagligtas ng tao.

Maaari nga kayang mangyari na lahat ng sekta ay nasa katotohanan? Iisa lamang ang Biblia datapuwa't iba-iba ang kanilang pakahulugan dito.

Kung ang bawa't sekta nga ay may wastong paninindigan, bakit tila baga naroroon pa rin sa kanila ang alitan, debatehan at di pagkasundo-sundo?

Hindi linggid sa lahat na ang bawa't sekta ay naglalayong maagaw ang miyembro ng kabilang sekta na para bang batayan nila ang dami ng miyembro upang masabing nasa katotohanan nga sila. Di ba kaya nila alam na marami nga ang tinawag, subali't kakaunti lamang ang pinili?

Madalas na marinig din natin ang pananakot ng iilang mga pinuno ng mga sekta at relihiyon na nagsasabing, "O, kailangan ninyong umanib sa amin upang kayo ay maligtas, dahil kung hindi kayo aanib sa amin ay sa impiyerno sigurado ang tungo ninyo!"

Ganyan ang madalas na ipangalandakan ng bawat sekta at relihiyon. Ito ay isang tahasang paglapastangan sa kaluwalhatiang nararapat lamang na maibigay sa Panginoong Jesucristo. Bakit kamo?

Ito'y dahil sa sinabi ni Cristo sa **Juan 14:6** na, "*AKO ang Daan, (AKO) ang Katotohanan, at (AKO) ang Buhay: sinoman ay di makaparoroon sa AMA, kundi sa pamamagitan Ko.*"

Samakatuwid baga'y hindi sekta o relihiyon ang DAAN at KATOTOHANAN. At walang ibang kaligtasan ang maaaring angkinin ng sinumang grupo, sekta o relihiyon, maliban mismo sa kaligtasang dulot ng pagpapakasakit at kamatayan ni JesuCristo sa krus ng Kalbaryo.

Sa aklat ng **Mga Gawa 4:12** ay mababasa na "*Walang ibang PANGALAN na ibinigay sa silong ng langit upang sukat nating ikaligtas*", maliban lamang sa Pangalan ni JesuCristo.

Hindi po pala ibinigay ang pangalang Baptist, Methodist, Adventist, Presbyterian, Pentecostal, Anglicans, Catholic, Protestant, atbp, upang ang tao ay maligtas. Kundi ang pangalang ibinigay ng Dios upang tayo ay maligtas ay ang Pangalan lamang ni Jesucristo.

Samakatuwid baga'y hindi "RELIHIYON" ang kailangan ng tao upang maligtas, kundi pakikipag-"RELASYON" kay JesuCristo. Ang ariin mo si Jesucristo bilang sarili mong Panginoon at Tagapagligtas - iyan ang susi sa tunay na kaligtasan.

*"Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang dumirinig sa Aking SALITA, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay MAY BUHAY NA WALANG HANGGAN, at hindi na hahantong sa paghatol, bagkus LUMIPAT na sa kabuhayan mula sa kamatayan.*" Iyan ang itinuro ni Jesus sa atin, sa Juan 5:24.

Tunay nga na sa pakikinig at pagtupad sa mga SALITA ni JesuCristo nakasalalay ang ating kaligtasan, at hindi sa pamamagitan ng pag-anib sa anumang sekta o relihiyon.

Ilan nga ba ang batayan upang maituring tayo bilang Iglesya ng Dios? Ang sabi ni Jesus sa Mateo 18:20 ay "*Saanman DALAWA o TATLO ang nagkatipon sa Aking Pangalan, naroroon Ako sa kanilang kalagitnaan.*"

Hindi pala libo o milyon ang batayang bilang upang makapiling natin ang Panginoon. Kundi kahit dalawa lang pala o tatlo ang magkatipon sa Kanyang Pangalan ay naroroon na rin Siya sa ating kalagitnaan.




Sadyang hindi rin bato o kahoy na gusali ang itinuturing na iglesya ng Dios. Tayo, bilang tao, ang ating mga katawan, ang siyang totoong templo ng Panginoong Dios.

Basahin natin ito sa **Mga Gawa 7:49**: *"Bagama't ang Kataas-taasan ay hindi tumatahan sa mga bahay na gawa ng mga kamay.. Ang langit ay Aking luklukan; at ang lupa ay tungtungan lamang ng aking mga paa; anong uri ng bahay ang itatayo ninyo para sa Akin?*" Iyan ang tanong ng Dios.

"*O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong KATAWAN ay TEMPLO ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios?*" Aba'y saan daw po ba nanahan ang Dios, ayon sa **1 Corinto 6:19?**

Sa ating mga tao pala nananahan ang Dios. Tayo ang tunay na iglesya ng Dios. Ang ating katawan mismo, na siyang pinananahanan ng Espiritu Santo, ang totoong TEMPLO ng Dios, at hindi ang matutulis na gusali o anumang edificio na gawa lamang ng tao mula sa kahoy at semento.



Si Constantine ang founder ng pag-organisa ng kauna-unahang relihiyon nang kanyang papag-anibin ang lahat ng mga paganong Romano, Griyego at Cristiano sa tinaguriang Nicea Council noong 320 A.D. Ang lahat ng tumanggi ay pinagpapatay sa tinaguriang Holy Inquisition.

Datapuwa't papaano ngang nangyari na inangkin ngayon ng bawa't sekta at relihiyon ang patungkol sa kaligtasan ng tao?

Atin pong alamin at suriing mabuti ang bagay na ito.

Nagpasimula ang lahat ng ito sa pamamagi-tan ng **pagdaragdag** at **pagbabawas** ng bawa't sekta at relihiyon ng kanilang pansariling interpretasyon sa Biblia. Ito ang siyang pinaka-ugat ng pagdami ng sekta at denominasyon, noon at ngayon.

Nilapatan ng bawat sekta ng pansarili nilang unawa ang Banal na Kasulatan kung kaya't dumami ang sekta at relihiyon sa mundo. Bawa't isa ay gumawa ng sarili nilang ***credo*** at ***dogma***. Iisa lamang ang Biblia, datapuwa't napakaraming iba't-ibang interpretasyon. Pupuwede nga ba kayang lagyan natin ng pansariling interpretasyon ang Biblia?

Hindi po. Kailanman ay hindi ipinahintulot ng Dios sa tao na haluan ng pansarili nilang interpretasyon ang Kanyang SALITA. Ito'y nasasaad sa **2 Pedro 1:20**- "*Na maalaman muna ito, na alinmang hula sa Kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag.*"

Kung papaanong nalinlang ni Satanas si Eva sa pamamagitan ng **maling interpretasyon** nito sa SALITA ng Dios, ay sa ganuon ding paraan inuudyukan ni Satanas ang mga sekta't relihiyon ngayon upang lapatan nila ng pansariling pagpapaliwanag ang Biblia na siya namang nagdulot ng *hybrid teaching* sa kanilang mga turo.

Ang anumang HYBRID ay hindi na puro. Bawat sekta ay mayroong lebadurang turo.

Pansinin natin ang **utos** na ipinagbilin ng Dios kina Eva at Adan sa **pasimula ng Biblia**.

Genesis 3:3: "*Datapuwa't sa bunga ng punongkahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, **Huwag kayong kakain** niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y **mamatay**.*" Iyan ang kabilin-bilinan ng Dios sa unang Niyang mga nilikha.

Heto naman ang sariling pagpapaliwanag ng Diablo sa kanila:

Genesis 3:4: "*At sinabi ng serpiente sa babae, "Tunay na **hindi** kayo **mamamatay**. Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios."*"

Aba'y binigyan nga ni Satanas ng ibang pagpapaliwanag at pakahulugan ang Salita ng Dios kung kaya't nasadlak ang tao sa kasalanan at kapighatian nang dahil sa pakikinig nito.

Iyan pa rin ang istilo ni Satanas hanggang ngayon - ang haluan ng maling interpretasyon ang Salita ng Dios upang ang tao ay mawalay sa dalisay na kalooban ng Dios.

Ginagamit ni Satanas ang mga sekta't relihiyon upang maisakatuparan niya ang mga bagay na ito.

Iisa lamang ang Biblia, ngunit heto't napakaraming interpretasyon ang naglipana ngayon.

Ang Baptist ay iba ang turo kesa Methodist. Ang Protestante ay iba ang turo kesa Katoliko. Ang Fundamentalist ay iba ang turo kesa mga Pentecostals.

Gaya ng ginawa ng Diablo sa pasimula, nilapatan din nila ng pansariling pagsasalin ang Salita ng Dios ayon sa kanilang pansariling unawa kung kaya't hindi na puro at may lebadura na ang aral na dala ng bawat denominasyon ngayon.

Napakahalagang manatili lamang ang tao sa purong aral ng Biblia - ang SALITA ng DIOS. Sapagka't kamatayan ang kahulugan ng paglayo rito. Maging ang pagpapala ng Dios ay dumarating lamang kung sinusunod natin ang Kanyang purong Salita.

"*Kung kayo'y nagsisipanatili sa Akin, at ang mga **SALITA** Ko'y **magsisipanatili sa inyo**, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin ito sa inyo*" (Juan 15:7).

Heto nga't sa **kalagitnaan ng Biblia** ay sinabi rin ni Jesus mismo na, "*Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang kundi sa **bawat salita** na namumutawi sa bibig ng Dios.*"

Hindi lang daw pala sa 99 porsyento lamang ng Salita tayo dapat sumunod, kundi sa **bawat salita** ng Dios ang tao ay dapat na mamuhay.

Ang pagkakamali ng bawat sekta at denominasyon ngayon ay ang paghalo nila ng LEBADURANG TURO sa ispiritwal na tinapay na ito ng Dios - ang Biblia.

Sa **kadulu-duluhan ng Biblia** ay nagbanta pang muli ang anghel ng Dios patungkol sa bagay na ito, at sinabing:

"*Kung ang sinoman ay MAGDAGDAG sa mga ito, ay daragdagan siya ng Dios ng mga salot na nakasulat sa Aklat na ito. At kung ang sinoman ang MAG-AALIS sa mga nakasulat sa Aklat ng hulang ito ay aalisin ng Dios ang Kanyang bahagi sa punongkahoy ng buhay, at sa bayang banal*" (Apocalipsis 22:18-19).

**Nagpasimula ang bawat sekta at denominasyon sa simbahang Romano Katoliko.** Ang *Roman Catholic Church* ang maituturing na INA ng lahat ng sekta sa lupa.

Bago pa man naitatag ang Iglesyang Romano Catolico, ito ay nagpasimula muna sa sistemang *Pagan Roman Empire* sa pamumuno ng isang Roman Emperor.

Hindi kaila sa lahat na ang Imperyong Romano, sa pamumuno mismo ni Julius Caesar, ang siyang nagpapatay kay Cristo Jesus sa hatol at parusang *capital punishment.* Ito'y ipinatupad ni Poncio Pilato bilang kapalit ng pagpapalaya kay Barrabas.

Maaaring maitanong ninyo kung papaanong nangyari na ang dating pangunahing *persecutor* ng Cristianismo ay naging mga Cristianong bigla? Ito'y tila baga isang kakatwang bagay.

Papaanong nangyari na inangking bigla ng Roma ang pagiging Iglesya ni Cristo samantalang sila mismo ang nagpapapatay kay Cristo Jesus sa krus ng Kalbaryo? Aba'y ito'y tila isang napakaimposibleng bagay.

Hayaan n'yong isalaysay ko sa inyo ang kaganapan ng bagay na ito. Nang mapagtanto ng Emperyong Romano na mabilis na lumaganap ang Cristianismo sa buong mundo matapos nilang maipapatay si Cristo, nangamba sila na baka maitaob ng Cristianismo ang kanilang kapangyarihang taglay bilang pinakapangunahing emperyo sa lupa.

Gumawa sila ng paraan upang maiwasan nila na maganap ang bagay na ito, at upang lalo pa nilang mapadami ang kanilang mga nasasakupang alipin. Sinakyan nila ang pangalang "*Cristianismo*" at kanila ring niyakap ang pananampalatayang ito. Subali't ang kaibahan nila sa totoong Cristianismo na naitatag ng mga apostol sa Jerusalem, ay ang paghalo pa rin nila dito ng kanilang sistemang pagano.

Upang magmukhang makatotohanan nga ang bagay na ito, kanilang inilagay sa pwesto ni Jupiter, na kanilang "*pagan god of heaven*" ng *Roman Mythology,* itong si

*apostol Peter* bilang unang papa raw naman ng Iglesya Romana.

Subali't sa totoo lang, wala ni isa mang *historical fact* na nagsasabing si Apostle Peter, na isang Israelita, ay napunta man lamang sa Roma. At sa totoo lang din, si Pedro ay may asawa (*basahin sa Mateo 8:14*) at ito'y malinaw na salungat sa pagtuturo ng *Roman Catholic Church* na di dapat mag-asawa ang isang pari o obispo (*Basahin din sa 1 Timoteo 3:2*).

Sinimulan ding baguhin ng Roma ang pagano nilang sistema ng pagsamba sa mga rebulto at diyos-diyosan. Imbes na ang dating Roman *gods and goddesses* pa rin ang kanilang rebulto, kanilang pinalitan lamang ang mga pangalan nito ng mga pangalan ng santo at santa ng Cristianismo.

Kanilang ipinalit si Maria sa Roman "*goddess of heaven*" nilang si **Venus**. At ibinaling nila ngayon kay Maria ang pagsamba bilang "*queen of heaven*", na siyang dating titulo ni Venus sa kanilang *Roman Mythology*.

Humantong sa isang malaking pagpupulong ang lahat. Nagpatawag ang Roman Emperor na si **Constantine** ng isang pangkalahatang pagpupulong na tinaguriang **Nicean Council** noong taong 325 A.D. Layunin ng konsehong ito na papag-anibin ang lahat ng mga pagano, Romano, Griego at mga Cristiano sa ilalim ng isang bagong tatag na relihiyon na kinilala bilang ang *Iglesya Romana Catolica* na nga.

Ang mga totoong Cristianong tumangging makilahok sa kanilang "*Hybrid System of Pagan Religion*" ay pinag-uusig ng Roma. Ang karamihan sa kanila ay ipinahuli, ibinilanggo at ipinasunog sa gitna ng Roman arena. Ang iba nama'y ipinakain sa mga leon, at ang iba'y pinagpapatay sa pamamagitang ng *torture,* sa ilalim ng ***Holy Roman Inquisition****. Sixty-eight (68) million martyrs* ang nakatala mismo sa *world history* ang walang-awang pinagpapatay ng Roman Catholic Church noong panahon ng *Dark Ages*. Kasama na dito sina **Joan of Arc** at **Saint Patrick**.

Di baga't sadyang inamin ito mismo ni **Pope John Paul II** noong pumunta siya sa bansang Israel noong Marso 2000 kung saan humingi siya ng tawad para sa mga kasalanang nagawa ng *Roman Catholic Church* laban sa mga Hudyo at mga Cristiano sa mga nagdaang siglo?

Ang sistemang Romano Katoliko ang siyang kauna-unahang sistema na humiwalay sa katuruan ng Biblia at pinagpapalitan ng **dogma** at **credo** ang katuruan nito.

Saan mababasa ang Purgaturyo sa Biblia? Wala. Saan mababasa na kasalanan ang kumain ng karne pag araw ng Biyernes. Wala rin. At lalong walang mababasa na pwede pang bayaran ng tao ang mga kaluluwang namatay na para mailipat sila sa langit. Lahat ng ito ay *hybrid teaching* ng Roman Catholic Church.

Sa totoo lang, kanilang ipinagbawal ang pagbabasa ng Biblia sa lahat ng mga Catoliko noon, at ipinasunog nila ang mga ito upang huwag malantad sa tao ang kanilang lihis na mga aral.

Subalit dumating ang takdang panahon upang ang kanilang maling mga aral ay mahayag.

Isang paring Aleman na nagngangalang **Martin Luther** ang nabuksan sa katotohanan ng Biblia sa taong 1520. Nang mahayag kay Luther ang mga maling sistema na ito ng relihiyong kanyang kinabibilangan ay karaka-daka'y tumalikod siya sa sistemang ito ng *Roman Catholicism*. Sinimulan niyang ipangaral ang katotohanan ng Biblia sa mga tao sa tinaguriang "*great reformation*". Kanyang itinuro na ang tao'y maliligtas batay sa pananampalataya at hindi sa kanilang mga gawa. *"The Just Shall Live By Faith"*, ito ang kanyang pinakapangunahing katuruan at aral. Kay Luther nagpasimula ang "*Protestant Movement*".

Kasabay rin ng kaganapang ito ang pagkaka-imbento sa *Printing Press* na ipinakilala ni Gutenberg sa Alemanya. Ito'y naging daan upang mapasimulang maipalimbag nang muli ni Luther ang daan-daang Biblia. Ginawa niya ito upang maipabasang muli sa mga tao ang purong Salita ng Dios.

Ipinaskil ni Luther ang tinagurian niyang "*96 Thesis*" sa pintuan ng Iglesya Romana kung saan duo'y nasasaad ang lahat ng mga tiwaling aral ng iglesyang Romano.

Kanya ring kinondena ang maling sistema ng *Roman Catholic Church* ukol sa paniningil nito ng salapi para sa panalangin sa mga patay. Kinondena rin niya ang pagbebenta nito ng mga ***indulgences*** kung saan ibenebenta ng Catholic Church ang mga pwesto sa simbahan sa mga mayayaman at maykaya. Ang masahol pa nito ay nagbebenta rin sila ng kapatawaran para sa mga kasalanang nakatakdang gawin pa lamang ng isang tao. Ang mga dogmang ito ang sadyang pinagkakaperahan ng kanilang mga pari.

Kung kaya't ibinalik ni Luther ang turong "*freely receive, freely give*". Kung tinanggap nga naman natin ng libre ang kaligtasan kay Cristo ay ipamahagi rin naman natin ito ng libre at walang bayad.

Matagumpay na napagtakpan ng Iglesya Romana ang kanilang mga maling aral sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga Katoliko noon sa pagbabasa ng Biblia. Maliban daw kasi sa pari ay wala nang iba pang pwedeng magbasa ng Biblia baka masiraan lang daw ng bait ang tao kapag binasa nila ito. Ito'y naging isang napakabisang paraan ng *Roman Catholic Church* upang mailihis nga nila ang mga tao papalayo sa purong Salita ng Dios.

Ang BIBLIA ang siyang *absolute* ng bawa't Cristiano, at hindi ang anumang dogma o credo na katha lamang ng sinumang tao.


*"Let every man's word be a lie and My Word be the TRUTH,"* ito ang sabi ng Panginoon sa Romans 3:3.

Nang pumanaw ang paring si Luther na siyang kauna-unahang *reformer,* inorganisa namang muli ng mga naging tagasunod ni Luther ang aral nilang ito. Sila ay nag-angkin din na maliban sa grupong LUTHERANS ay wala nang iba pang katotohanan. Dahil sa ginawa nilang ito ay naging sistemang muli ang mga Lutherans na gaya rin ng sistemang kanilang nilabasan, ang kanilang INANG Katoliko.

Kung kaya't sumunod na lumabas sa SISTEMANG Lutherans ay itong si **CALVIN**, na siya namang nagtatag ng sektang CALVINISM. Dito nagmula ang turong "*eternal security*".

Mula naman kay Calvin ay naitatag ang denominasyong ANGLICANS. Subali't di rin kalaunan, ito'y muling naging isang organisadong relihiyon. At gaya nga ng kanilang inang Katoliko, inangkin din nila na maliban sa turong Calvinism ay wala nang iba pang katotohanan.

Kung kaya't magmula naman sa mga Anglicans ay ipinanganak ang mga METHODISTS sa pangunguna ni ***John Wesley.*** Sa kanila naman nagsimula ang turo patungkol sa *holiness* at *sanctification*. Sa Metodista naman ay nailuwal din ang grupong CAMPBELLITES, na siyang nagluwal naman sa CHURCH of CHRIST.




Bumisita ang Papa ng Roma sa Jerusalem noong March 2000 upang ihingi ng tawad ang mga pag-uusig na nagawa ng Iglesya Catolica sa lahat ng Hudyo at Cristiano at upang himukin ang lahat ng relihiyon upang makiisang muli sa Roma.

Mula sa CHURCH of CHRIST ay ipinanganak naman ang mga BAPTISTS, sa pamumuno ng kanilang *founder* na si **John Smith**. Ang mga Baptists ay nagkagulo mandin sa doktrina at nahati naman sila sa Northern Baptist, Trinity Baptist, Bible Baptist at Southern Baptist.

At magmula naman sa mga Baptists ay ipinanganak ang mga EVANGELICALS at mga tinaguriang FUNDAMENTALISTS. At sumunod pa rito ay ang mga iba pang sekta na gaya ng SEVENTH-DAY ADVENTISTS, JEHOVAH WITNESSES, MORMONS, at marami pang iba't-ibang splinter groups.

Sa samahan ng mga METODISTA ay may pag-aaway-away mandin sa doktrina at lumabas mula dito ang mga WESLEYANS, na nanganak din naman sa mga NAZARENES, na nagluwal pa uli sa grupong PILGRIM HOLINESS.


Ang mga kaparaanan ng parusa at pag-uusig ng mga Romanong prayle sa lahat ng Cristianong ayaw umanib sa kanilang relihiyon sa panahon ng Dark Ages sa tinaguriang Roman Inquisition. Umabot sa 68 million martyrs ang nakatala sa world history ang kanilang pinagpapatay.

Ang pinakahuling SEKTA na nailuwal mula sa kanilang inang Katoliko ay ang mga PENTECOSTALS, na kilala rin sa tawag na *Charismatics*. Kagaya rin ng kanilang INANG KATOLIKA, nagluwal din ito sa mga organisasyong kagaya ng ASSEMBLIES OF GOD, PENTECOSTAL FOURSQUARES, CHURCH OF GOD, APOSTOLIC ONENESS, UNITED PENTECOSTALS (UPC), JESUS MIRACLE CRUSADE at marami pang iba.

LAHAT NG SEKTA, gaya ng kanilang INANG KATOLIKO, ay nangangalandakang sila lang ang TAMA at lahat ng iba ay mali. Sa totoo lang, lahat ng sistema ng sekta ay pawang MALI dahil sa ang aral nila'y hindi na PURO bagkus mga *dogma at credo* na ng kani-kanilang mga *founders* ang kanilang ipinapangaral.

Bawa't sekta ay nagdagdag ng kani-kanilang interpretasyon sa Biblia. Ang lahat ng sekta ngayo'y nagdedebatehan, nag-aagawan ng miyembro, at hindi magkasundo-sundo sa turo. Ito'y dahil sa ang aral nila ay may halo nang LEBADURA at TRADISYON.

Di ba't ganito rin ang kalalagayan ng mga Pariseo't Saduceo noon nang sila ay datnan ni JesuCristo sa Israel?

"*By your **traditions**, you have made the WORD of God of NO EFFECT to the people! (Mark 7:13)... In VAIN they do worship me, teaching for doctrine the commandments of men!*" (Mat. 15:9) Iyan ang hatol ni Cristo sa kanila noon, at ganuon pa rin ang hatol ni Cristo sa bawat sekta't denominasyon ngayon!

Ayon sa *Apocalipsis 17:3-8*, lahat ng SEKTA ay mga ANAK na PATOTOT (***Harlots***) ng kanilang INANG PATOTOT din (***Whore***). At balang araw ang lahat ng sekta ay muling manunumbalik sa pangangasiwa ng kanilang inang Romana Catolika sa tinatawag na *Ecumenical Council* o World Council of CHURCHES.

Dito nila gaganaping muli ang pagtatayo ng pangalawang TORE ni BABEL, na siyang magtatanyag sa ANTICRISTONG darating upang sambahin ang DIABLO sa tinaguriang "MARK OF THE BEAST".

Itatatag nila ang *One-World Religion*. At gaya ng sinaunang *Nicean Council* ng Roma, kanilang uusigin ang lahat ng mga hindi aanib dito. Gagamitin nila ang kapangyarihang militar ng *United Security Council* upang ipakulong at ipapatay ang sinumang hindi sasapi rito.

Ipapatupad ng *World Council of Churches* na ito ang TATAK sa NOO at ang TATAK sa KAMAY na siyang BILANG ng **Hayop** - ang **666.** Hindi nila pahihintulutan pang makapagbili, makapagnegosyo o ni makapagbiyahe man ang sinumang hindi kabilang sa unyong ito ng mga relihiyon, maliban na may TATAK sa kamay o noo ang tao. Matutupad sa kanila ang hulang nasasaad sa Apocalipsis 13:11-17 na nagsasabing "*You cannot buy or you cannot sell unless you have the **MARK** of the **BEAST**.*"

Ano ang **"Beast"**? Ito ay simbolo ng kapangyarihan. Ang **"Mark of the Beast"** ay siyang **tatak** *ng ecclesiastical and political **power*** of Rome. At ang **"Image" of the Beast** ay siya namang **"larawan"** o sistemang kahawig ng Roman Catholic Church na walang iba kundi ang mga ***Protestant Churches.***

Anupa't magaganap nang muli ang kahuli-hulihang *UN-HOLY INQUISITION* na uusig sa lahat ng mga *foolish virgins* na maiiwan sa *rapture* pagsapit ng GREAT TRIBULATION PERIOD. Halos lahat sa mga denominasyon ngayon ay kabilang at rehistrado na sa ***World Council of Churches*** o ***Ecumenical Movement***. At balang araw, itataas nilang lahat ang AntiCristong mangangasiwa sa pangkalahatang relihiyon sa buong mundo.

Datapuwa't pansinin natin ang parusa ng Dios sa mga taong aanib at magiging bahagi ng sistemang ito, ayon sa **Apocalipsis 14: 9-11:**

"*Kung ang sinoman ay sumasamba sa **hayop** at sa kanyang **larawan**, at tumatanggap ng **tanda** sa kaniyang **noo** o sa kaniyang **kamay**, ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng Kanyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Kordero.*"

Kaya't di hamak na sumisigaw ang anghel ng huling kapanahunan ng, *"COME OUT OF HER, my people, that ye be NOT partakers of HER SINS and that ye receive NOT of HER PLAGUES!"* (Rev. 18:4).

Panahon na upang lumabas tayo mula sa mga sistemang ito ng mga relihiyon. Manumbalik tayo sa purong SALITA ng Dios. Walang kaligtasan sa sekta at denominasyon. Ang kaligtasan ay na kay JesuCristo lamang. Si Cristo ay ang MENSAHE at purong SALITA ng DIOS.

# MANSANAS NGA BA?




**MANSANAS NGA BA ang naging dahilan ng pagkakahulog ni Eva at ng lahat ng tao sa lusak ng kasalanan?** Bakit mansanas, samantalang wala naman tayong mababasang mansanas sa Biblia, kung patungkol lang naman sa Hardin ng Eden ang pag-uusapan?

Ating tunghayan ang kaganapang ito sa Genesis 3:1-7 :

"*Ang **serpiente** ay lalong **tuso** kaysa alinman sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Dios. **At sinabi niya sa babae**, "Tunay bang sinabi ng Dios na huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?"*

*At sinabi ng babae sa serpiente, "Sa **bunga** ng punongkahoy sa halamanan ay makakakain kami, datapuwa't sa **bunga** ng punongkahoy na nasa **gitna** ng halamanan ay sinabi ng Dios na, Huwag kayong kakain niyaon, ni **huwag ninyong hihipuin**, baka kayo'y mamatay."*

*At sinabi ng serpiente sa babae, "Tunay ha HINDI kayo mamamatay; sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama."*

*At nang makita ng babae na ang **BUNGA** ng punongkahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain. At **nadilat** kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga **hubad**, at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi."*

Pansinin dito na ang **serpiente** ay nagsasalitang **parang tao** at **kinakausap** si Eva. Ako'y naniniwala na ang Biblia ay hindi kwentong pantasya. Ito'y Salita ng Dios at tunay na nangyari nga ang mga bagay na ito sa Hardin ng Eden.

Ayon sa Biblical history, bago pa man naging ahas na gumagapang ang **serpiente**, ito ay isang uri ng hayop na nagtataglay ng itsurang napakalapit sa tao na sadyang nagagawa nitong mangatuwiran at magsalita.


Ang **serpiente** ay isang nilikhang nakatayo ng tuwid at tila baga nasa pagitan ng chimpanzee at ng tao. Siya ang tinaguriang "**missing link**" ng siyensya at ang natatanging hayop na maaring mag-ugnay sa hayop at tao sa pamamagitan ng *blood transfusion.*

Pansinin na bago pa man ang **serpiente** isumpa at gawing ahas ng Dios, ito ay halos **hawig-tao** na kung saan ang kanyang binhi ay maaaring humalo sa tao.

Matapos nitong linlangin si Eva upang hipuin ang bungang ipinagbabawal, ang **serpiente** ay isinumpa ng Dios at binago ng Dios ang bawat buto at katawan nito upang sa gayo'y maging kagaya ito ng ahas na gumagapang.

Ito ay mababasa sa sumunod na tatala ng **Genesis 3:14**: *"At sinabi ng Panginoong Dios sa **serpiente**, sapagka't **ginawa** mo **ito** ay **sumpain ka** ng higit sa lahat ng mga hayop, at ng higit sa bawat ganid sa parang; ang iyong TIYAN ang ILALAKAD mo, at ang alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay."*

Matapos na magawa ng serpiente na ang bagay na ito kay Eva ay isinumpa nga ito ng Dios upang mula sa pagiging malapit sa anyong tao ay maging kahawig



ito ng ahas na gumagapang.

Subali't ano nga ba talaga ang **BUNGA** na tinutukoy dito na siyang kinain ni Eva at naging dahilan ng pagkakahulog nila sa kasalanan? Pansinin na wala tayong nabasa na nagsasabing mansanas nga ang bungang ipinagbabawal.

**Hayaan ninyo akong isalaysay ko sa inyo ang wastong kapahayagan ukol sa bagay na ito.**

Ang orihinal na plano ng Dios sa paglikha sa tao ay sa pamamagitan ng **pagbigkas** lamang sa tao mula sa alabok, at hindi sa **kapanganakang** SEKSWAL.

Nang likhain ng Dios si Adan ay sa pamamagitan po lamang ng "*Spoken Word*" at hindi ng SEX PROGRAM. Si Adan ay **hindi** dumaan sa sinapupunan ng sinumang babae bagkus **sinalita** lamang siya ng Dios mula sa alabok, at yaon ang orihinal na programa ng Dios sa paglilikha sa tao - sa paraang **pagbigkas** na gaya nga ng bigkasin Niya na "*Let there be light!" and there was light!*".

Hindi niloob kailanman ng Dios na magparami ang tao sa paraang **sekswal.**

Ang tanong ay ganito: kailan natuklasan nina Eva at Adan ang SEX PROGRAM sa pagpaparami ng tao? Dito na po natin mauunawaan ang hiwaga ng bagay na ito.

Pansinin natin na matapos na magkasala si Eva, ay winika ang bagay na ito ng Dios sa **serpiente** "At **papag-alitin** Ko IKAW at ang **BABAE**, at ang **iyong BINHI** at ang **kanyang BINHI**..."(Gen 3:15)

Ipinapahiwatig sa sitas na ito na may BINHING NAIPUNLA ang **serpiente** kay Eva na pag-aalitin ng Dios laban naman sa BINHI ng babae.

Samakatuwid baga'y kung ang **BINHI** ng isang babae ay isang batang ANAK, nangangahulugan lamang ito na ang **serpiente** ay mayroong BINHING ANAK na naipunla sa sinapupunan ni Eva, na siyang papag-aalitin ng Dios laban naman sa ANAK ni EVA kay ADAN.

Pansinin na ang naging parusa ng Dios kay Eva matapos niyang **kainin** ang BUNGAng ipinagbabawal ay parusang tiisin pang higit ang sakit ng PANGANGANAK at hindi ang pagkain pa ng maraming bunga o mansanas man.

**Sa Gen 3:16** mababasa natin ito: *"Sinabi Niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong PAGLILIHI; MANGANGANAK kang may kahirapan."*

Ang **BUNGANG ipinagbabawal**, mga kapatid, ay hindi literal na bunga kundi ito ay ang senswal na pagkakatuklas sa SEKSWAL na pagpaparami ng tao.

Hindi baga't ang TAO ay **BUNGA** ng Kanyang AMA at INA?

Ipinagbawal ng Dios na matuklasan ng TAO ang **bungang** ito dahil ito ang magdudulot sa tao ng kamatayan. Dapat sana ay wala tayong kamatayan mula sa pasimula dahil may buhay tayo ng Dios.

Kaya nga't sinabi sa aklat ni **Job 14:1** na ang "*taong ipinanganak ng babae ay kakaunti ang araw, at lipos ng kabagabagan*"? Tumpak po ito.

Dati'y ang tao'y wala sanang kamatayan o karamdaman dahil siya'y sakdal at may buhay na walang hanggan sa harapan ng Dios. Subali't nang magawa nga ni Eva ang pagsuway sa utos na ito ng Dios ay nahulog nga tayong lahat sa kapahamakan. Lahat ng sementeryo at mga ospital ay naitayo dulot ng pagsuway ng isang babae lamang- ng ating inang si Eva.

Hindi ba't ang TAO ay itinuring din ng Dios bilang PUNONGKAHOY na namumunga? Mababasa ito sa **Jeremias 17:7-8** at sa **Psalms 1:3** na nagsasabing *"And HE shall be like a TREE planted by the rivers of water, that bringeth forth FRUIT in his season"?*

Malinaw na ang BUNGANG ipinagbababawal na nahipo ni Eva sa Hardin ng Eden ay hindi mansanas bagkus ito ay ang pagkakatuklas sa SEKSWAL na PAKIKIPAGTALIK.

Malinaw na ito ang tinaguriang "**ORIGINAL SIN**" - ang "ADULTERY" na naganap sa pagitan ni EVA at ng SERPIENTE.

Nang matuklasan ni Eva na ang BUNGA ngang ito ay kasiya-siya, ito'y ipinatikim din Niya sa kanyang asawang si Adan. At mula sa aktong yaon ay nahawi sa kanilang paningin ang tabing ng kabanalan, at nalantad nga sa kanila ang kanilang **kahubaran.** Aba'y kung literal na **pagkain** ang kanilang nagawa ay dapat sanang **bibig** nila ang kanilang tinakpan ng mga dahon dahil sa ito ang bahagi ng kanilang katawan na nagkasala. Pero hindi. Ano ang kanilang tinakpan? Ang kanilang mga ari.

Samakatuwid baga'y kung ang binhing ANAK ni **Adan** kay Eva ay si **ABEL**, malinaw na si **CAIN** naman ang siyang **BINHI ng SERPIENTE**.

Pansinin na si **Cain** ay ang siyang kauna-unahang mamatay-tao sa Biblia. Pinatay Niya si Abel na kanyang sariling kapatid sa INA. Ito'y katibayan lamang na siya nga ay anak ng Diablo, dahil sa ang tunay na anak ng Dios ay hindi mamamatay-tao.

Malinaw rin na sa Hardin ng Eden ay sinamantala ng Diablo ang katangian ng serpiente upang sapian niya ito at linlangin si Eva. Ginawa ito ni Satanas upang maipasok niya ang kanyang BINHI sa sangkatauhang nilikha ng Dios upang magawa niyang guluhing muli ang mundo sa pamamagitan ng kanyang maiitim na balak.

Yaon ang naging paraan ng Diablo upang makapasok siya sa sangkatauhan magbuhat nang siya'y patalsikin ng Dios mula sa langit bilang si **Lucifer**, ang dating suwail at kanang kamay na anghel ng Dios.

Bago pa man nagkaroon si Adan ng karnal na pagnanasa sa kanyang asawa, ay nauna na itong tinaglay ng serpiente. At siya nga'y naunahan nito.

Ang katotohanan ay tinaglay ni Eva ang dalawang ANAK na KAMBAL mula sa magkahiwalay na pagdadalantao.

Ang **1 Juan 3:12** ay nagpapatunay na si Cain nga ay "*of that wicked one*". At sa **Jude 1:14** sinasabi roon na si Cain ay "wala sa angkan ng totoong mga anak ni Adan".

Di hamak na nauna ngang ipaglihi ni Eva si Cain at sumunod na lamang si Abel matapos na ialok ni Eva kay Adan ang kanyang nasumpungang kasiyahan.

At magmula nga sa nag-aalitang BINHI na ito ay nasundan pa ito ng mas lalo pang maraming KAMBAL NA BINHI mula sa bawat salinlahi ni **Seth**, ang pangalawang anak ni Adan na pumalit kay Abel.

Sa **Jude 1:14**, mabababasa natin ang tala-angkanan ni Adan, na *"Si **Enoch**, ay **ikapito** sa **bilang mula** kay Adan"*. Sadyang hindi ibinilang si CAIN sa mga anak ni Adan sa dahilang eto ang pagkasunod-sunod ng angkan ni **Adan** ayon mismo sa Biblia:

(1) **ADAN** (2) **SETH** (3) ENOS (4) CAINAN (5) MAHALEEL (6) JARED, at **(7) ENOCH.** Sadyang wala talaga si CAIN sa angkan ni Adan, ayon ito sa Biblia mismo.

Matutunghayan nga natin ang mga BINHI ng SERPIENTE at ang mga BINHI rin ni ADAN sa mga sumusunod na karakter sa Biblia:

(1) **Cain at Abel** (2) **Esau at Jacob**, (3) **Ishmael at Isaac**, (4) **Moses at Faraon**, (5) **Judas at Jesus** – sila ang mga BINHING NAG-AALITAN na siyang tinukoy ng Dios mula pa sa Hardin ng Eden: "*At papag-alitin Ko IKAW at ang BABAE, at ang iyong **BINHI** at ang kanyang **BINHI**...*"(Gen 3:15)

Pansinin na hanggang sa ating panahon, naririto pa rin ang BINHI ng SERPIENTE. Sila ang mga **anak ng pagsuway** na tinutukoy sa Efeso 2:2 at 5:6.

Pansinin na ang naging dahilan ng unang pagsalangsang ng tao ay DUGO. Kaya't minarapat ng Dios na DUGO rin ang siyang maging kabayaran para sa kaligtasan ng tao. Dahil sa PAGKAKAHALO ng DUGO ng serpiente at dugo ni Eva sa Hardin ng Eden, sinasabi ng **Hebreo 9:22** na, "*At ayon sa Kautusan, ay halos masasabi kong lahat ng mga bagay ay **nililinis ng DUGO**, at maliban na sa pagkabuhos ng DUGO ay walang kapatawaran*".

Kinailangang dumating sa lupa ang **pangalawang ADAN** na walang iba kundi si **JesuCristo.** Si Cristo, "*Na SIYANG kinaroroonan ng ating KATUBUSAN, na SIYANG KAPATAWARAN ng ating mga kasalanan, Na **SIYA ang LARAWAN ng DIOS** na **DI NAKIKITA..**"* ayon sa Colosas 1:14-15) ang gumawa ng paraan upang ang katubusan natin ay maisakatuparan.

Tayong mga Cristiano ngayon ang naturingang PANGATLONG EVA - ang Iglesya ng Dios na dapat na mag-ingat din mula sa katusuhan ng mga anak ng serpiente na nagkalat sa lipunan ngayon. Ang ISRAEL ang pangalawang Eva. Subali't sila'y nadayaan din ng relihiyong Judaism at itinakwil nga nila si Cristo.

Pansinin na natuwa ang Dios sa handog ni **Abel** dahil may kapahayagan ito na DUGO ng TUPA ang dapat ihain sa altar ng Dios, at hindi mga bulaklak at prutas na siya namang handog ni CAIN sa Dios. Dahil sa inggit at pagseselos ni Cain dito ay pinatay nga Niya si Abel.

Pansining ang binhi ng serpiente ay sadyang relihiyoso rin. Sila'y kagaya ng mga Pariseo at Saduceo na kunyari ba-nal sa panlabas, datapuwa't nasa loob ang kulo. Gaya nga ng kanilang amang si Cain, inusig at pinatay din nila si JesuCristo, ang BINHI ng DIOS sa kanilang kapanahunan. *"You are of your father, the devil!"*, iyan ang tawag talaga

# ANG SUSI SA PANANAMPALATAYA




**Karamihan sa modernong tao** ngayon ay may prinsipyo nabago nila paniwalaan ang isang bagay ay kinakailangang makita muna nila ito ng kanilang mga dilat na mata. Ika nga raw ay, "*To see is to believe*."

Ito ang ibinunga ng karnal na pang-unawa na nagbuhat sa *scientific knowledge* na nagdulot naman sa tao ng pag-aalinlangan sa mga pangako at Salita ng Dios.

Kabaliktaran sa ganitong uri ng pananaw ang katuruan ng Banal na Kasulatan. Ayon sa Biblia, "ang matuwid ay mamumuhay sa **pananampalataya**" (Roma 1:17).

At ano nga ba ang **pananampalataya** o ***faith***? Sa Hebrews 11:1 sinasabi na *"Faith is the EVIDENCE of things NOT SEEN, it is the substance of things hoped for*." Ang pananampalataya raw po ay paniniwala sa mga bagay na di natin nakikita.

Porke nga ba't hindi nakikita ang isang bagay ay hindi na ito totoo?

Ikaw ba'y naniniwala na may Dios? Bakit ka naniniwala na may Dios samantalang hindi mo pa naman nakita ang Dios? Bakit ka naniniwala na may anghel at mayroon ding diablo? Nakakita ka na ba ng isa?

Kahit hindi mo pa nakita ang mga bagay na ito, dahil sa mayroon kang **pananampalataya** ay naniniwala ka na totoo ang mga bagay na ito dahil ito ay nasasaad sa Salita ng Dios, hindi ba?

Ang kuryente ay isang bagay na hindi mo nakikita. Datapuwa't ang kuryente ay nakapagpapailaw sa ating mga tahanan at nakapagpapatakbo ng mga makinarya sa pagawaan. Huwag mong sabihin na dahil sa hindi mo nakikita ang kuryente ay hindi na ito totoo. Paano rin baga sasabihin ng isang taong ipinanganak na bulag na hindi siya maniniwalang may araw at buwan dahil sa hindi pa naman niya ito nakikita? Aba'y hindi yaon tama. Ang pananampalataya ay paniniwala sa mga bagay na di mo nakikita, naririnig, nahahawakan, o nadaramaman man, datapwa't ang mga ito'y totoo.

Sa Hebreo 11:6 sinasabi na "*Kung walakang pananampalataya ay hindi ka maaaring maging kalugod-lugod sa Kanya; sapagka't ang lumalapit sa Dios ay dapat sumampalatayang may Dios, at Siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa Kanya'y nagsisihanap.*"

Hindi kailanman malulugod ang Dios sa iyo kung wala kang pananampalataya sa Kanyang Salita.

"*Sa pananampalataya ay natatalastas natin na ang sanlibutan ay natatag sa pamamagitan ng Salita ng Dios, ano pa't ang nakikita ay hindi ginawa sa mga bagay na nakikita.*" (Hebreo 11:3)

Aba'y ang lahat daw pala ng nakikita natin ngayon ay gawa pa mula sa mga bagay na hindi nakikita. Ang lahat ng bagay ay nagmula lahat pala sa ispiritwal na kalagayan bago pa ito naging literal. Lahat ng bagay sa daigdig ay nagpasimula sa pamamagitan ng Binigkas na Salita ng Dios o ng "Spoken Word" of God.



"*Let there be light!*" Iyan ay binigkas na salita lamang ng Dios, at karaka-daka'y nagkaroon nga ng liwanag sa kalawakan.

Sa pamamagitan ng Salita ng Dios ay nalikha ang buong sanlibutan, maging ang lahat ng punongkahoy, hayop, halaman, at ang tao mismo. Nanampalataya ang Dios sa Kanyang sariling Salita na ito'y kusang magaganap, at ang mga bagay na ito'y naganap nga!

Di ba't sinabi rin sa atin ni Jesus na "*Kaya nga sinasabi Ko sa inyo, sa lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na ito, at inyo itong kakamtin*" (Marcos 11:24). Aba'y kaya mo kayang panampalatayanan ang bagay na ito? Kapag nanalangin ka ba ay positibo ka ba na ibibigay nga sa iyo ng Dios ang iyong kahilingan?

Tila mahirap paniwalaan ito lalo na't para sa isang taong *unbeliever*. Subali't sa isang tunay na anak ng Dios, *reality* sa kanya ang pangakong ito. Alam niya na "langit at lupa ay lilipas, subali't ang Salita ng Dios, kailanman ay hindi lilipas".

Kapag ang Dios ay nangako, hindi ito mapapako. Itaga mo sa bato iyan. *"Kumatok ka at ikaw ay bubuksan, humingi ka at ikaw ay bibigyan*", iyan ang pangako ng Dios sa kanila na mayroong pananampalataya sa lahat ng kapanahunan.

Kung ikaw ay tunay na anak ng Dios, ipinangako Niya na lalakip sa iyo ang mga tandang supernatural kung ikaw lamang ay mananampalataya.

"*At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya: mangagpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; mangag-sasalita sila ng mga bagong wika; at kung magsiinom man sila ng mga bagay na nakamamatay sa anomang paraan ay hindi ito makakasama sa kanila; at ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, at sila ay magsisigaling* "(Marcos 16:17-18).

Aba'y nasaan ang mga tandang ito ngayon sa mga nag-aangking Cristiano? Sadyang wala na nga bang pananampalataya ang mga naturingang iglesya ni Cristo ngayon at kanila nang pinag-aalinlanganan ang mga pangakong ito ng Dios at sinasabing lipas na ang mga bagay na ito?

Di baga't sinabi rin ni Cristo na kung may pananampalataya ka na gaya sa maliit na butil ng mustasa ay maaari mong sabihin sa bundok na ito na lumipat ka roon sa kabilang dako at ito ay lilipat doon? Ang Dios ay totoo sa Kanyang salita. Tao lang ang may pag-aalinlangan.

Subali't ano ang pinagkaka-abalahan ng mga sekta at denominasyon ngayon? Aba'y wala, kundi puro debatehan at siraan na lamang. Nawala na ang tunay na kapangyarihan ng Dios sa kanila at maging ang pagkaalam tungkol sa supernatural na kapangyarihang naitakda ng Dios na dapat sana'y lalakip sa kanila ay wala na rin.

Sa totoo lang, ang kauna-unahang bilin ni Cristo sa kanyang mga alagad ay ang tungkuling "*Heal the sick, cast out devils*!" Nasaan na ngayon ang kapangyarihang ito sa mga naturingang iglesya kuno? Aba'y puro batikusan na lamang sa radyo at telebisyon ang ating nakikita't naririnig. Nasaan na ang totoong kapangyarihan ng Dios sa Kanyang iglesya? Ito'y hindi na lumalakip sa kanila sapagka't nahaluan na ng lebadura at politika ang kanilang mga sistema.

Bagama't ganito nga ang naging takbo at kalalagayan ng mga sekta't relihiyon ngayon, mayroon pa ring totoong iglesya ang Dios ngayon kung saan ang mga tandang ito ay sumusunod sa kanila. Ang iglesyang iyan ang dapat ninyong hanapin at aniban sapagka't ang Dios natin ay hindi patay, bagkus Siya'y buhay at gumagawa pa rin ng mga kababalaghan at himala ngayon batay sa positibong pananampalataya.

*"The works that I do you shall do also; even greater works than these shall you do, because I go to My Father*," (John 14:12), iyan ang malinaw na pangako ni Jesus sa atin.

Sa inyo na nagnanais na maipanumbalik sa wastong katuruan at pananampalataya, maaari kayong makipag-ugnayan sa patnugot ng MENSAHE. Handa namin kayong tulungan upang kayo'y makabalik at masumpungan ninyong muli ang kapangyarihang ipinangako ni Cristo sa kanyang totoong Iglesya. Si Cristo ay may kapangyarihan pa ring magpagaling ng may karamdaman hanggang ngayon. Si Cristo ay nakapagpapabago pa rin ng tao hanggang ngayon. "*Jesus Christ is still THE SAME yesterday, TODAY, and forever!* (Hebrews 13:8) Amen!

**Only Believe, All Things Are Possible**

ni Jesus sa kanila. Sa huling mga araw ay mangyayari din na uusigin nga ng mga binhi ni Cain ang totoong mga Cristianong binhi ng Dios. Kanilang susubuking iligaw ang nakakarami anupa't "*dadayain nila ang mga pinili kung maaari nga lamang"* (Mateo 24:24), gaya ng ginawa ng kanilang amang serpiente kay Eva.

Di ba't ang pag-uusig na ito ay naganap nga sa panahon ng *Dark Ages* sa tinaguriang *Holy Inquisition* kung saan 68 milyong mga Cristiano ang pinakain sa leon, pinagsusunog, at pinagto-*torture* ng paganong sistema ng Roma? Sa kanilang mga gawa ay nahahayag nga kung sino talaga ang kanilang ama. Di ba't ang turo ng Biblia ay *"ibigin mo ang iyong kaaway"*. Subali't sadyang hindi yata talaga ito kayang gawin ng mga anak ng serpiente. Iyan ang hiwagang napapaloob sa BUNGA na ipinagbawal sa Hardin. Hindi po yaon nauukol sa literal na MANSANAS bagkus patungkol po ito sa SEKSWAL na pagpaparami ng tao na wala sa orihinal na plano ng Dios.

Kaya nga't balang araw, ang **katawang mortal** nating ito ay papalitan ng isang katawang hindi nasisira. Ibabalik tayo ng Dios sa sakdal at orihinal nating katawan gaya ng katawan nina Adan at Eva bago pa man sila nahulog sa pagsuway (1 Cor 15:51-54). Ito'y **magaganap lamang kung** tayo ay mangagsisisi at manunumbalik sa dalisay na kalooban ng Dios.


Sinabi nga ni Jesus na "*Ye must be BORN AGAIN*". *"Except a man be born of water and of the Spirit, he cannot enter the Kingdom of heaven"* (John 3). Kinakailangangang **maipanganak tayong muli**, hindi na sa LAMAN o *sexual* na kaparaanan, kundi sa ISPIRITWAL na kapanganakan.
Ito ang paraan ng Dios ngayon upang maipanumbalik tayo sa Kanyang dalisay na kalooban. Kinailangang lumakad tayo ayon sa Espiritu upang masupil natin ang mga pita ng laman, na siyang bahid ng serpiente sa bawat indibidwal na buhay ng tao.

Mansanas nga ba ang naging dahilan ng ating mga kasalanan? Kayo na ho ang magpasya para sa sarili ninyo.

(Ron Millevo)


***"Not for one moment do I bring a message to the people that they may follow me, or join my church, or start some fellowship and organization. I have never done that and will not do that now. I have no interest in those things, but I do have an interest in the things of God and people, and if I can accomplish just one thing I will be satisfied. That one thing is to see established a true spiritual relationship between God and men, wherein men become new creations in Christ, filled with His Spirit and live according to His Word. I would invite, plead and warn all to hear His voice at this time, and yield your lives completely to Him, even as I trust my heart that I have given my all to Him. God bless you, and may His Coming rejoice your heart."***

**-William Marrion Branham** (1909-1965)



# SINO SI WILLIAM MARRION BRANHAM?

Ang *Full Gospel Businessman Fellowship International,* sa kanilang lathalain noong Pebrero 1961 sa America, ay isinalaysay ang tungkol sa pagkakakilala nila kay Reverend Branham na sinabing, "*In Bible days, there were men of God who were prophets and seers. But in all sacred records, none of these had a greater ministry than that of William Branham, a prophet and seer of God, whose photograph appears on the front cover of this issue of Full Gospel Men's Voice. Branham has been used by God, in the Name of Jesus, to raise the dead.*"



Si **William Branham** ay ipinanganak sa Kentucky, USA, noong ika-6 ng Abril, 1909. Sa kanyang kabataan, may isang tinig na nagsalita sa kanya at sinabing, "Huwag kang iinom ng alak, ni maninigarilyo man, o kaya'y lapastanganin man ang katawan mong iyan, sapagka't may gawain Akong nakaatang para sa iyo paglaki mo."

Tinanggap ni William Branham ang Espiritu Santo ng Dios noong 1931, at mula noon ay ipinangaral niya ang Evanghelyo ni Cristo.

Pagsapit ng ika-11 ng Hunyo, taong 1933, habang si William ay nagbabautismo sa Ohio River, isang Liwanag ang nagpakita sa mga tao at sa kanya'y sinabi, "*As John the Baptist was sent to forerun the first coming of Jesus Christ, you are sent to forerun His second coming!*" Ang kaganapang ito ay nailathala sa *Jeffersonville Evening News* na may pamagat na "Mysterious Star Appears Over Minister While Baptizing".

Noong Mayo, taong 1946, kanyang sinubukang saliksikin ang kahulugan ng bumabalot na hiwaga sa kanyang buhay. Isang gabi, habang siya'y taimtim na nanalangin, isang anghel ang tumambad sa kanyang harapan at sinabing, "Huwag kang matakot. Ako'y ipinadala mula sa presensya ng Dios upang sabihin sa iyo na ang kakatwang buhay mo ay nagpapahiwatig lamang na may gagampanan kang tungkulin para sa Dios. Kung ikaw lamang ay magiging tapat sa pananalangin at mahihikayat mo ang mga tao na manampalataya sa layunin mo, ay walang karamdaman ang maaaring manaig sa panalangin mo, maging ito man ay kanser. Ikaw ay hahayo sa iba't-ibang bahagi ng mundo upang manalangin at mangaral sa mga hari at mga pinuno ng mga bansa".

Ang bagay na ito ay nagkatotoo nga sa mga sumunod na taon. Pitong beses na naikot ni Reverend Branham ang buong daigdig sa pangangaral at pagpapagaling sa maysakit. Kabilang sa mga napagaling sa kanyang ministri ay sina King George of England at Congressman Upshaw ng Estados Unidos.

## WORLDWIDE MINISTRY

Nang lumaganap ang balita tungkol sa *supernatural gift* na ito ni William Branham, halos lahat ng iglesya sa USA at Canada ay kinumbida siya upang mangaral at magpanalangin sa kanilang maysakit sa mga naglalakihang auditorium sa buong mundo.

Sa Jonesboro, Arkansas meeting, noong ika-12 ng Hunyo, 1947, ay umabot halos sa 20,000 katao mula sa 25 estado ng Mexico ang dumalo sa kanyang miting.

Sa Helsinki, Finland naman ay isang batang nasagasaan ng kotse ang namatay at sa pananalangin ni William Branham ay muling nabuhay ito.

Sa Durban, South Africa, ay umabot sa halos kalahating milyong katao ang dumalo sa kanyang krusada at 300,000 dito ay nagmula pa sa mga tribu ng Africa. Lahat ng ito'y tumanggap sa Cristianismo nang masaksihan nilang nakalakad ang isang batang ipinanganak nang lumpo.

Naikot din ni Brother Branham ang India, Germany at Europa, kung saan libu-libong tao ang tumanggap kay JesuCristo bilang sarili nilang Panginoon at Tagapagligtas.

Ang ministri ni William Branham ay binubuo ng tatlong bahagi, na kanyang tinaguriang "Three Pulls". Ang *First Pull* ay "healing". Ang *Second Pull* ay "prophesying". At ang *Third Pull* ay "opening or revealing of the Word."

Sa ganitong paraan mandin ginanap ni Lord Jesus Christ ang kanyang ministeryo. Ang kanyang *First Pull* ay ang pagpapagaling din sa mga maysakit. Ang *Second Pull* ay ang paghahayag sa mga saloobin ng mga tao (Juan 4:17-18). At ang *Third Pull* ay ang pangangaral Niya ng Kanyang MENSAHE nang walang takot, kahit ito nga'y salungat sa mga tradisyon at turo ng mga sekta't relihiyon sa panahon na yaon ng mga Pariseo't Saduceo.

Ang *Third Pull* ang siyang pinakapangunahing dahilan kung bakit iniwanan Siya ng nakakarami niyang tagasunod. "*Dahil dito'y marami sa kanyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kanya"* (Jn 6:66). Tunay na ang mga totoong anak ng Dios lamang ang binigyan ng Maykapal ng kakayahang makapag-patuloy hanggang sa *Third Pull stage*.

## VISIONS AND PROPHESY

**Pitong pangitain at hula** ni **William Branham** sa taong 1933 ang pawang nagkatotoo. Ito ay ang mga sumusunod: (1) Ang pagiging diktador ni Mussolini; (2) Ang pag-ahon ni Hitler sa kapangyarihan sa Germany; (3) Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig; (4) Ang pagbangon ng Fascism, Nazism at Communism; (5) Ang *amazing advancement* sa *science*; (6) Ang pagbagsak ng moralidad; at (7) Ang *deterioration* ng bansang America at ang paglubong ng Los Angeles sa karagatan dahil sa isang malakas na lindol.



Halos 300,000 ang dumalo sa Healing Crusade in Kapatid na Branham sa Durban, South Africa.



Ang larawang ito kung saan makikita ang haliging **Apoy** sa may ulo ni **Rev. William Branham** ay nakasabit ngayon sa bulwagan ng ***Library of Congress sa Washington D.C.*** Ito ang natatanging larawan kung saan nakunan ng isang *mechanical camera* ang isang *supernatural* Light.

Ang larawang ito ay nakunan noong Enero taong 1950 sa Houston, Texas, kung saan nangangaral ng Salita ng Dios si William Branham. Sa naturang larawan na kuha ng Douglas Studios ay may lumitaw na *"halo"* sa ulonan ni Reverend Branham. Ito'y sinuri mismo ng batikanong lupon ng FBI sa pangunguna ni **George Lacy**, *examiner* ng mga *questioned documents*.

Napatunayang hindi peke ni dinoktor man ang letratong ito kundi mayroon talagang liwanag na tumama sa negatibo ng kamerang ginamit sa pagkuha.

Karaka-daka'y inisyuhan ito ng *Certificate of Authenticity* ng FBI at mismong si Mr. Lacy ay nagwika kay Brother Branham ng ganito: "Reverend Branham, mamatay kang katulad ng karaniwang mortal, subali't ang larawan mong ito ay mananatiling patotoo sa mga darating pang henerasyon na totoo nga ang Cristianismo."

Napatunayan din ng mga iskolar ng Biblia na ang haliging Apoy nga na ito ay siya ring Apoy na bumaba sa Araw ng Pentecostes; at siya ring Apoy na nag-ukit ng Sampung Utos sa bato, sa panahon ni propeta Moises. Siya rin ang Apoy na lumantad kay Pablo patungong Damascus (Acts 9:1-5) at nagpalaya kay Pedro papalabas sa kulungan (Acts 12:7). Siya pa rin ang Apoy na nanguna sa mga anak ng Israel papalabas ng Egipto tungo sa Lupang Pangako. Ang Apoy na ito ay kasama pa rin natin ngayon bilang patunay na *"Jesus Christ is the same, yesterday, today and forever* (Heb 13:8).

# ARIZONA MYSTERY CLOUD



**The Mystery Cloud in Arizona**

**Isang mahiwagang ulap** ang nakunan ng larawan noong ika-28 ng Pebrero sa Arizona, USA. Ang ulap na ito ay nailathala sa **Life Magazine** sa kanilang **May 17th 1963** issue at sa **Science Magazine** naman sa kanilang April 19th issue, 1963.

Ang ulap na ito ay napakataas at nasa *altitude* na kung saan ay walang ulap ang pwedeng mabuo sa kalawakan, ayon sa pag-iimbistiga ng siyensya.

Linggid sa kaalaman ng lahat, ang ulap na ito ang siyang kaganapan ng pangitain ni Rev. William Branham na kanyang binanggit sa kanyang pangangaral sa kanyang kongregasyon sa Jeffersonville, Indiana, dalawang buwan bago pa ito naganap.

At nang dumating nga ang ika-28 ng Pebrero, 1963, si William Branham ay naparoon sa bundok ng Arizona kung saan natunghayan niyang nagkatotoo ang kanyang pangitain. Pitong anghel mula sa Dios ang sa kanya'y nagpakita at nangusap sa kalawakan. Ibinigay ng pitong anghel na ito sa kanya ang kapahayagan ukol sa mga hiwagang napapaloob sa *Seven Seals* na bumabalot naman sa *Seven Thunders* na nasusulat lahat sa Apocalipsis 6,7 at 8, at 10.

At nang magpaalam ang pitong anghel na ito mula harapan niya ay saka nabuo ang bakas ng mahiwagang ulap na ito sa papawirin ng Arizona.

Kapag itinagilid ang larawang ito sa kanan ay makikita natin ang hugis ng mukha ng Panginoong JesuCristo. Ito ang naging kaganapan ng Apocalipsis 1:13 na nagsasabing, "*Na kagaya ng Anak ng tao, ang Kanyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niyebe.*" "*At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng Tao na paparitong nasa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian*" (Lucas 21:27-28).

Kinomisyon ng Dios si William Branham upang ilahad ang mga naitagong lihim ng Biblia na noo'y ipinakita kay Daniel at kay Juan subali't di sa kanila ipinasulat. Sa buhay ni William Branham natupad ang pagiging mensahero ng Apocalipsis 10:7, na nagsasabing, "*But in the days of the* ***voice*** *of the seventh angel, when he shall begin to sound, the* ***mystery*** *of God should be* ***finished****, as he hath declared to His servants the* ***prophets***". Siya rin ang kaganapan ng propetang nasa espiritu ni Elias na tinukoy naman sa *Malakias 4:5-6*.

# WITNESSES TO THE BRANHAM MINISTRY

**Ang mga sumusunod ay mga opinyon** at patotoo ng ilang mga kilalang alagad ng Dios patungkol sa nasaksihan nilang kakaibang ministri sa buhay ni Reverend William Branham:

**JAMES MORRIS** - "It was Branham, more than any other evangelist, who started the post-World War-II fundamentalist healing revival following his encounter with an angel on May 7, 1946. Word radiated in every direction that all manner of diseases and afflictions were healed instantly by the little Indiana preacher. Even cases of raising the dead were published." *(The Preachers)*



**GORDON LINDSAY** - "Never had we known of any preacher calling deaf, mutes and blind people to pray for, and then to see those people delivered on the spot... a ministry that was beyond any that we had before witnessed." *(The House that the Lord Built)*

**TOMMY OSBORN** - " God has chosen diverse and mysterious ways to reveal Himself to His servants especially those called for dispensational purposes as was Brother Branham's call. In short, the man we know as William Branham was sent to demonstrate God again in flesh. *(William Branham Memorial Service)*

**JACK MOORE** - "The most gifted of all the evangelists." *(All Thingsare Possible by David Harell, Jr.)*

**ORAL ROBERTS** - "A humble devout man of God." *(Healing Waters, July 1948)*

**F.F. BOSWORTH** - "When the gift is operating, Brother Branham is the most sensitive person to the presence and working of the Holy Spirit and to spiritual realities of any person I have known." *(A Prophet Visits South Africa)*

**GEORGE EKEROTH** - "God called this humble man and anointed his ministry to a degree that within a few short years his name was known in the most remote jungle outstation. Wherever you would go in this world you would find that the name of this messenger has preceded you." *(Introduction of Morris Cerullo's Book, Wind Over the 20th Century)*

**DAVID EDWIN HARRELL JR.** - "Most of the participants of the healing revival that erupted in 1947 looked upon Branham as its initiator. William Branham became a prophet to a generation. Night after night, before thousands of awed believers, he discerned the diseases of the sick and pronounced them healed. The power of a Branham service remains a legend unparalleled in the history of the Charismatic Movement." *(All ThingsAre Possible)*

**THOMAS R. NICKEL** - "In Bible days, there were men of God who were prophets and seers. But in all the sacred records, none of these had a greater ministry than that of William Branham, a Prophet and Seer of God, whose photograph appears on the front cover of this issue of Full Gospel Men's Voice. Branham has been used by God, in the Name of Jesus, to raise the dead." *(Full Gospel Men's Voice Magazine, February 1961)*

**JOSEPH MATTSON-BOZE** - "Sometimes I was scared because of the deep sense of holiness that penetrated the meeting, but I never failed to see the gift of God in operation through His servant and feel the warmth of love that flowed through his ministry." *(The Herald of Faith, February 1966)*

# WILLIAM BRANHAM RESOURCES

Mula taong 1947 hanggang sa taong 1965 ay mayroong humigit kumulang sa *1,100 sermons* si Rev. **William Marrion Branham** na nailimbag sa wikang Ingles sa bansang America.

Ito'y nasa mga *magnetic tapes, booklets*, MP3 at CD-ROM formats at naglalaman ang mga ito ng mga hiwagang naitago sa Biblia sa mahabang panahon.

Kasama dito ang mga hiwagang natunghayan ni *Daniel* sa Lumang Tipan subali't hindi ipinasulat ng Dios. At gayon ding napapaloob dito ang mga kahulugan ng mga simbolong nakita ni *John* sa buong aklat ng *Revelation*.

Ang mga hiwagang ito na tinaguriang *mystery-truths* ay hayag na ngayon para sa kaunawaan ng mga hinirang ng Dios. Ito'y kilala sa pangalang "*MENSAHE sa Huling Kapanahunan."*

Kabilang sa mga **MENSAHENG** ito ay ang mga katuruang ipinangaral ni Kapatid na Branham patungkol sa wastong unawa ng *Godhead, Water Baptism, Serpent Seed, Predestination, Mark of the Beast, Israel and the Church, Revelation of the Seven Seals, 70 Weeks of Daniel, The Rapture, The Lamb's Book of Life, Exposition of the Seven Church Ages, Feast of the Trumpets*, at marami pang iba.



**AVAILABLE** ang mga pangangaral ni Rev. William Marrion Branham sa anyong booklets, tapes, MP3, VideoCD, at Agapao Tablet *formats.*



Nasa larawan si **Brother Jeremiah Villagracia**, *manager* ng **Voice of God Recordings** sa Pilipinas, habang ipinamamahagi niya ang mga libreng aklat ng MENSAHE sa Huling Kapanahunan sa mga pastor at ministro na dumalo sa naganap na **Annual Believers Camp Meeting 2006** sa Victoria, Tarlac.

## VOICE OF GOD RECORDINGS

Maaaring sumulat sa **Voice of God Recordings, P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana, U.S.A. 47131,** para sa libreng kopya ng mga MENSAHENG ito o kaya'y magsadya sa lokal na opisina ng VGR na may address na **019 St. Mary Street, Bgy E Rodriguez Sr, Cubao, Quezon City, Philippines** Website: **www.branham.org.**

O kaya'y magsadya sa <u>Diaryong MENSAHE</u>, sa **58 Sammar1 St, Old Balara, Quezon City, Philippines Tels. 70019979** o mag-text sa **0919-3681887** para sa mga libreng kopya ng dyaryong ito.

Matatagpuan din sa **internet** ang **MENSAHE** sa mga sumusunod na **websites**:

www.endtimemessage.info
www.biblebelievers.org
www.branham.org
www.bibleway.org
www.williambranham.com
www.messagelinks.org
www.messagehub.info

## KALIWA O KANAN? (mula sa pahina 2)

Pansinin muna natin kung sino nga ba ang mga nasa gawing kanan at ang nasa kaliwa? Inilalarawan sa nasabing talata na ang mga nasa gawing kanan o ang tinutukoy na ***gaya ng mga tupa*** ay mga kaluluwang hindi nakakikilala sa Panginoon. Kung kaya't nagtatanong sila kung kailan nila Siya nakitang hubad at pinaramtan, nagutom at pinakain, nauhaw at pinainom, naging dayuhan at pinatuloy, nagkasakit, nasa bilangguan at Siya'y kanilang dinalaw.

Malinaw ang tanong ng mga matuwid, "Kailan ba namin ginawa sa Iyo ang mga bagay na ito?" Ang tugon naman ng Panginoon sa talatang 40 ay ganito, "*Katotohanang sinasabi ko sa inyo,* ***Yamang ito'y inyong ginawa*** *sa isa* ***dito*** *sa aking mga* ***kapatid,*** *kahit sa pinakamaliit na* ***ito****, ay sa akin Ninyo ito ginawa."*

Nasaan po sa tagpong ito ang mga "**kapatid**" at "**maliliit**" na ito na tinutukoy ng Panginoon na ginawan nila ng mabuti? Aba'y di baga't sila po ay kasamang nakaupo ni Cristo sa Kanyang luklukan? Tandaan po ninyo na ang Panginoon sa pagkakataong ito ay luluklok bilang isang **Hari**. Samakatuwid baga'y kung Siya ay Hari, mayroon Siyang katabing **Reyna**. Sino naman ang Reynang ito? Isinaysay po ng **Apocalipsis 3:20-22** kung sino nga sila : "*Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.* ***Ang <u>magtagumpay</u>, ay aking pagkakaloobang <u>umupong kasama Ko</u> sa aking luklukan****,* ***gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan."*** Ang mga mananagumpay daw po pala ay pagkakalooban Niyang umupo na kasama Niya sa Kanyang luklukan! Aba'y napakalaking pribilehiyo nito!

Sa **1 Corinto 6:2-3** mababasa rin natin ang ganito: "*O hindi baga ninyo nalalaman na* ***ang mga banal ay magsisihatol sa sanglibutan****? at kung ang sanglibutan ay* ***hahatulan ninyo****, hindi kaya baga dapat magsihatol kayo sa mga bagay na pinakamaliit? Hindi baga ninyo nalalaman na* ***ating hahatulan ang mga anghel****? Gaano pa kaya ang mga bagay na nauukol sa buhay na ito?"*

Ang Iglesya ng Dios na binubuo ng maraming magkakapatiran ay itinuring po ng Biblia bilang "**Nobya**" o "**Asawa**" ni Cristo. Sa **Apoc. 19: 7** nasusulat, "***Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang tunay, at Siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal*** *ng* ***Cordero****, at ang* ***Kanyang <u>asawa</u>*** *ay nahahanda na."*

Tayo ay "***laman din ng Kanyang laman, at buto ng kanyang buto***". Samakatuwid, nangangahulugan lamang ito na tayo ay ang siyang **Reyna ni Cristo** na uupong kasama Niya sa Kanyang luklukan.

Hindi natin isinasantabi ang sinasabi sa **Roma 14:10b** na tayong lahat ay haharap sa hukuman ng Dios. Ang kailangan lamang ay malaman natin kung kailan at saan tayo haharap sa hukumang nabanggit. Ang sabi ng **1 Pedro 4:17**, *"Sapagka't dumating na ang panahon ng pasimula ng* ***paghuhukom*** *sa* ***bahay ng Dios."*** Ibinabadya ng talatang ito na ang paghatol ay nagsisimula na sa Bahay ng Dios. Hindi relihiyon ang tinutukoy na "Bahay ng Dios" dito na siyang magiging proteksiyon natin sa oras ng paghatol kundi tanging ang Salita lamang ng Dios ang ating matibay na kanlungan at Ito ang magsasabi sa atin kung tayo nga ay nasa sakdal na Niyang kalooban, gaya ng sinasabi sa **2 Corinto 3:18** –" *Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang* ***salamin*** *sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay* ***nababago tayo*** *sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu".*

Kaya nga katulad ng pagharap natin sa natural na salamin, nakikita natin ang ating tunay na itsura sapagka't hindi maaaring magsinungaling ang salamin na nasa ating harapan. Gayon din naman ang Evangelio. Nagsisilbi itong hatol sa atin sapagka't ipinamumukha Nito sa atin ang ating pagkakamali sa tuwing haharap tayo sa Salita ng Dios.

Kung kabilang ka sa mga hinirang ng Dios sa panahong ito, aayon ang iyong buhay sa Kasulatan hanggang sa ikaw at ang Salita ay maging isa na dahil sa iyong ganap na pagsang-ayon dito. Anupa't ang Salita ay magkakatawang tao muli sa pamamagitan mo. Sa ganitong kalagayan ay matutupad sa iyo ang sinasabi sa **Roma 8:1** - *"****Ngayon nga'y wala nang anomang <u>hatol</u> sa mga na kay Cristo Jesus."*** Kapag tayo ay nakapagsisi sa ating mga sala at tinanggap natin si Jesus bilang sarili nating Panginoon at Tagapagligtas, tayo ay pinapatawad na at nahatulan na bilang mga inaribngganap na matuwid sa pamamagitan ng dugo ni Cristo. Si Jesus Cristo ay ang Salita (Juan 1:1) at kung ikaw ay nasa Salita hindi ba't ikaw ay nakay Jesus Cristo din naman? Samakatuwid, wala nang anumang hatol na igagawad pa sa iyo. Sa halip ay kasama Ka pa Niyang hahatol. Oh, napakadakilang pribilehiyo ito!

**Roma 8:30-"***At yaong mga* ***itinalaga*** *niya, ay kaniyang tinawag naman: at ang mga tinawag ay inaring-ganap naman niya: at ang mga inaring-ganap ay* ***niluwalhati*** *din naman niya."* Hindi ipagkakaloob ng Panginoon ang Kaniyang **kaluwalhatian** maliban sa Kaniyang Iglesia kung paanong hindi Niya ipagkakaloob ang Kaniyang **luklukan** sa iba maliban sa Kaniyang piniling Nobya. Pagpalain kayo ng Dios.

# End Time Evangelism

Ni Pastor Rosauro Franco

## AFLC, KAAGAPAY NINYO SA MISSION WORK

Ang AFLC o **Association of Fellow Labourers of Christ (International)**, ay isang pambansang samahan ng mga nagkakaisang pastor, evanghelista, guro at apostol, na naglalayong maikalat at maipalaganap ang Mensahe sa Huling Kapanahunan sa buong Pilipinas at sa buong Asya.

Ang pinakasentro ng samahang ito ay ang madala ang Kristyanismo sa ganap na kasakdalan sa pamamagitan ng katuruan ng mga Apostol ni Cristo (*Apostolic Doctrine* ) at ng buong Biblia na siyang purong Salita ng Dios. Ang layunin sa pagkakabalangkas ng samahan ay upang maitaguyod ang pagtutulungan at pagkakapatiran ng iba't ibang iglesya tungo sa iisang pananampalataya.

Ang samahan ding ito ay nagtataguyod ng mga libreng pa-seminar patungkol sa Evanghelyo na gaya ng "**Mystery Expo**" kung saan tinatalakay dito ang mga maseselang doktrina ng Biblia at ang mga kapahayagan ng Dios na nahayag sa huling kapanahunan para sa kapakanan ng pangkalahatang Iglesyang katawan ni JesuCristo.

**Ilan sa mga tampok na proyekto ng AFLC ay ang mga sumusunod:**
**(1) Evangelistic Outreach Ministry, (2) Strategic Evangelism Ministry, (3) Ministers Workshop Conferences, (4) Household Evangelism, (5) Local Missions, (6) Ministers Module Seminars, at ang (7) Mystery Expositions.**

Naitatag ang samahang ito noong taong 2001 sa pangunguna ng inyong lingkod na Pastor **Rosauro Franco** bilang Founding Chairman. Ang iba pang bumubuo ng **AFLC** bilang **Board of Trustees** sa taong **2007** ay sina **Ptr. Manny Peralta** (President), **Ptr. Romulo Salcedo** (Vice President), **Ptr. Ramon Alto, Gutiolio Quemada Jr.** at **Ptr. Rolly Febrada** bilang mga *Board Members*.

Ang tanggapan ng **AFLC** ay matatagpuan sa **Sitio Charismatic, Bgy. San Jose, Antipolo City, Rizal.** Ito ay may SEC Registration Bilang A2001-12332.

Di na mabilang ang mga naidaos na libreng pa-seminar ng AFLC na tinawag naming "**Mystery Expo**" sa bansa. Ang iilan sa mga ito ay naganap sa **Pranjetto Hotel** (Tanay), **Star Mall Function Rooms** (Mandaluyong City), **Ciudad Christia Resort** (San Mateo, Rizal), **Bible Believer's Philippines** Office (Pasig City), **Gem's Hotel** (Antipolo City), **Caraballos Spring Resort** (Pangasinan), **Villa Gonzales Resort** (Umingan, Pangasinan) at sa iilan pang ibang mga lugar sa Nueva Ecija, Zambales, Samar, Visayas at Mindanao.

Madalas na imbitahing **speakers** sa aming pa-seminar na ito sina **Pastor Roel at Ray Soriano, Ptr. Danny del Mundo, Ptr. Ronnie Millevo, Ptr. Nestor Espanola, Ptr. Cernan Banagan, Ptr. Jun Ferrer, at Foreign Evangelist Ernie Villanueva** (from Washington D.C., USA).

Maaaring ninyong imbitahin ang **AFLC** bilang **co-sponsor** ng inyong iglesya o *ministerial association* saan man kayo sa bansa kung nagnanais kayong makapagdaos ng lokal ninyong "**Mystery Expo**" sa inyong lugar. Mangyaring ipaabot ang inyong paanyaya sa patnugot na ito ng **MENSAHE** o dili naman kaya ay tawagan ninyo ang **AFLC Hotlines** at ipaalam sa aming mga *secretary* ang inyong panukala ( Pls. call Sister **Judy Villagonzalo** – **09195833457**; Sis. **Lolit Franco** – **09196627909**; or Sis. **Therie Bagas** – **90186987423**). Maraming salamat po.

# BIBLE BELIEVERS, PHILIPPINES

Ang **Bible Believers Philippines** ay isang *foundation* na naglilimbag ng mga *English* at Tagalog *translations* ng Mensahe ni **Rev. William Branham** sa Pilipinas.

Ito'y naitatag ni Pastor **Eddie Byskal** ng **Cloverdale Bibleway Canada** mula noong taong 1994 nang siya ay bumisita sa bansa. Ito ngayo'y nasa pamamahala ng isang lokal na *manager* sa katauhan ni Pastor **Vernon Manahan.**

Nilalayon ng nasabing institusyon na tumulong sa mga *End Time Message Churches* sa pamamagitan ng pamamamahagi ng libreng *Spoken Word Books*, mga Biblia, *used clothings* na nagmula sa USA at Canada, MP3 *players* ng Mensahe, at ng iba pang mga kagamitang pang-*mission work* sa bansa. Iilang pastor na rin ang nabahaginan ng BBPh ng *computers, eBooks* at mga *DVD players* para magamit sa pagmiministri.

Mayroon ding iilang mga kapatiran ang natulungan sa pagpapatayo ng kani-kanilang kapilya sa ilalim ng "**Men Of Vision**" program. Ang *Bible Believers Philippines* din ang siyang kauna-unahang nagpakilala ng "***Mystery Expo Seminars***" sa bansa sa pangunguna ni Evangelist **Ernie Villanueva** ng Washington D.C., USA, at Pastor **Roel Soriano.**

Matatagpuan ang opisina ng **Bible Believers Philippines** sa **#7C 2nd Street, Bgy. Kapitolyo, Pasig City, na may Telepono Numero. 6335676.** Ang kanilang website address ay **www.biblebelieversph.org**



Isang pagpupulong ng *Message translators* ng **Bible Believers Philippines** ang idinaos sa Max Restaurant, Pasig City, kamakailan. (Mula sa kaliwa): Ptr. Ron Millevo, Missionary Tony Abma (Canada), Ptr. Vernon Manahan (BBPh Manager), Ptr. Bobby Ompad, Bro. Joey Miguel, at Ptr. Ray Soriano.



Nasa larawan ang mga ministro na nagbuhat pa sa iba't-ibang iglesya na dumalo sa "Mystery Expo" Seminar na naganap sa Pranjetto Hotel, Tanay, Rizal, noong taong 2006. Ito'y isa sa mga malalaking proyekto ng AFLC.



Nasa larawan sina Ptr. Roel Soriano, Ptr. Ron Millevo, Ptr. Cernan Banagan, at Ptr. Danny del Mundo. Sila'y iilan sa mga regular at pangunahing *speakers/ lecturers* sa idinadaos na mga "Mystery Expo" seminars ng AFLC sa bansa.

## DIVINE HEALING (mula sa pp. 2)

Kung meron mang taong nag-aangkin na kaya niyang magpagaling, ay ginagawa niyang sinungaling ang Dios. Ito'y dahil sinabi ng Dios sa **Salmo 103:2-3** na Siya lang ang nag-iisang Manggagamot: "*Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat Niyang mabubuting gawa. Na Siyang nagpapatawad ng iyong **lahat** na mga kasamaan; na Siyang nagpapagaling ng iyong **LAHAT** na mga **sakit**.*"

Ang medisina at ang doktor ay tumutulong lamang na asikasuhin ang tao sa kanilang karamdaman subali't hindi ang doktor ni ang ospital ang siyang nagpapagaling. Maaaring tahiin ng doktor ang iyong sugat at resetahan ka niya ng gamot subali't kinakailangan niyang maghintay sa Dios upang makalikha ang Dios ang mga bagong tisyu at selula sa nasira mong katawan. Wala sa abilidad ng tao ang maglikha ng tisyu o selula. Dios lamang ang makagagawa nito.

Ang "*antibiotics*" ay parang pamatay-daga lamang. Pinapatay nito ang mga mikrobyo (na tipo ng daga), subali't hindi nito kayang pasakan o isaayos ang mga butas na nginatngat ng daga sa iyong katawan. Dios lamang ang Manlilikha ng buhay, kung kaya't Dios pa rin ang sadyang ating "Dakilang Manggagamot".

Si Satanas mandin ay hindi manlilikha. Hindi rin kaya ni Satanas ang pagpapagaling. Ang sabi ng Biblia, "*Kung papalayasin ni Satanas ang kanyang kapwa diablo, ay hindi mananaig ang kanyang kaharian, bagkus ito'y magigiba*"(Matt. 12:26). Maari ninyang pekein ang pagpapagaling sa pamamagitan ng mga albularyo o "*quack* at *witch doctors*" subali't hindi niya pwedeng lokohin ang tunay na mga anak ng Dios.

Ang pagsisisi sa kasalanan ay talagang kinakailangan para sa kagalingan. Mababasa natin sa Pangalawang Aklat ng **Mga Taga Cronica 7:14** ang ganito, " *Kung ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng Aking Pangalan ay magpapakumbaba at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; Akin ngang didinggin sila sa langit, at ipatatawad Ko ang kanilang kasalanan, at **pagagalingin** Ko ang kanilang lupain.*"

At maging sa Aklat ng **Exodo 15:26** ganito rin ang nasusulat: "*Kung iyong didinggin ng buong sikap ang tinig ng Panginoong mong Dios, at iyong gagawin ang matuwid sa kanyang mga mata, at iyong didinggin ang Kanyang mga utos, at iyong gaganapin ang lahat Niyang mga palatuntunan ay wala Akong ilalagay na **karamdaman** sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga Egipcio…*"

Matapos na tayo'y mapagaling ng Dios sa ating karamdaman, kinakailangan pa rin na tayo ay mamuhay ng may kabanalan at huwag nang babalik pa sa dati nating kasalanan. Dahil kung hindi mo gagawin ito, magiging masahol pa ang kalalagayan mo kaysa sa dati. Itinuturo ito ng Biblia na kapag ang isang demonyo ay lumabas sa isang tao, ito'y magbabalik nang muli at magsasama pa ng pito pang ibang demonyo upang manirahan muli sa iyo. Yaon ay kung hindi ka magbabantay at magpapatuloy sa pananampalataya at paglilingkod sa Dios (Basahin sa **Lucas 11:24-26**).

Sinabi nga ito ng Panginoon sa isang bulag na Kanyang pinagaling: "*Narito, ikaw ay gumaling na : huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama*" (Juan 5:14).

Pitong demonyo rin ang pinalayas ni Jesus mula sa katawan ni Maria Magdalena ayon sa Lucas 8:2 : "*At ang ilang babae na pinagaling sa masasamang espiritu at sa mga sakit, si Maria, na tinatawag na Magdalena, na sa kanya'y PITONG DEMONYO ang nagsilabas*".

Kaya nga't maipapasya ko, mga kapatid, na ang tunay na kagalingan ay nakasalalay sa akmang pananampalataya sa Salita ng Dios. Kung atin lamang na susundin ang mga payo ng Biblia, ako'y naniniwala na walang sakit ang hindi pwedeng mapagaling. "*All things are possible to them that believe.*" (**Mark 9:23**)

At sa Santiago 5:14-15, binanggit ang ganito - "*Maysakit baga ang sinuman sa inyo? Ipatawag niya ang mga matanda sa Iglesya: at ipanalangin nila siya, na pahiran*

(Sundan sa pahina 17)

# End Time Messenger



## Ni Pastor Cernan Banagan

Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo, mga kapatid, ang aking pananaw ukol sa kaganapan ng Salita ng Dios na naisakatuparan sa pamamagitan ng ministeryo ni Kapatid na Branham. Bahagi ng gampanin ng Espiritu Santo ay ang "maghayag sa atin ng mga bagay na darating" (Juan 16:13). Kung papaanong kinasangkapan ng Espiritu Santo si Juan upang maisulat ang mga bagay na magaganap sa hinaharap sa aklat ng Apocalipsis, ay gayon din namang ipinadala ng Dios sa ating panahon ang "***prophetic anointing***" sa pamamagitan ng huling mensaherong si William Branham.

Aking nasaksihan angkaganapan ng **tatlong dakilang hula** sa Biblia na naisakatuparan sa pamamagitan ng ministeryo ni William Branham. Ito'y ang **Apocalipsis 3:14**, **Malakias 4:5b** at **Lucas 17:30.** Kung nais nating lubusang maunawaan ang kaganapan ng Salita ng Dios sa ating kapanahunan, kinakailangan nating siliping maigi ang ministeryong ito ni **William Branham.**

### MENSAHERO SA LAODECIA (Apocalipsis 3:14)

Ang **Apocalipsis 3:14** ay tumutukoy sa pagparito ng isang **anghel** o **mensahero** ng Dios sa ikapitong iglesya ng **Laodecia**. Tayo'y namumuhay sa panahong ito kung saan itinuring itong "**aba, maralita, dukha, bulag at hubad**" sa paningin ng Dios (Rev. 3:17) bagama't ito'y nag-aangking mayaman at di nangangailangan pa ng anuman. Ginamit ng Dios si kapatid na Branham upang ilantad at maituwid ang Iglesyang **Laodecia** mula sa kalalagayang "**maligamgam**" (hindi mainit o malamig) tungo sa pagiging masigasig sa mga bagay na maka-Dios. Kanyang kinondena ang lahat ng sistemang sumasalungat sa turo ng Biblia, mula sa larangan ng edukasyon, siyensya, at politika. Ang kanyang Mensahe ay maihahalintulad sa mensahe ni Elias kung saan kanyang kinondena ang maling pamamahala ni **Ahab** at ni **Jezebel** sa bansang **Israel**, na siyang tipo naman ng mag-asawang **America** at **Roman Catholicism** ngayon. Unang naging komisyon ni Brother Branham ay ang pagiging **pastor** ng ating panahon at **pagiging evanghelista** mandin ng ating henerasyon.

### MINISTERYO NI ELIAS (Malakias 4:5b)

Nasasaad sa **Malakias 4:5-6** ang pinakahuling hula sa Lumang Tipan na pagsugo sa espiritu ni Elias upang maipanumbalik ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama bago pa man dumating ang kahindik-hindik na Araw ng Panginoon. Ang hulang ito ay naganap din sa ministeryo ni **William Branham**. Sa pamamagitan ng mga pangangaral ng propetang ito na umabot sa halos humigit-kumulang na 1,100 sermons (1947-1965), tayo'y naipanumbalik sa purong katuruan ng ating mga amang apostol (**Apostolic Doctrine**). Muli ring naisauli sa atin ang wastong aral ukol sa Bautismo sa Tubig sa Pangalan ng Panginoong JesuCristo, ang wastong kabanalan at pananamit ng mga kababaihan at kalalakihan, ang hindi pagpapahintulot sa mga kababaihan na mangaral sa pulpito ((**1 Timoteo 2:9-15/ 1 Corinto 14:34-35**), ang tunay na dahilan ng pagkakahulog ng tao sa kasalanan (hindi mansanas ang kinain ni Eva), at ang paghahayag sa mga nakatagong lihim ng Dios sa Aklat na tinatakan ng Pitong Selyo. Lahat ng ito ay ginampanan ng Elias sa ating kapanahunan upang marating natin ang kasakdalan bilang paghahanda sa ikalawang pagdating ni JesuCristo.

### PAGHAHAYAG SA "ANAK NG TAO"



Ang pinakahuling gampanin ng Espiritu Santo bago pa dumating nang muli si JesuCristo sa pagagaw ay ang maihayag nang muli ang "Anak ng Tao" (**Son of Man Ministry**). Ito'y hula ayon sa **Lucas 17:30**. Masasabi kong ito'y naganap din sa ministeryo ni **Brother Branham**. Ginamit ng Dios ang huling mensaherong ito upang magampanang muli ang eksaktong **ministri ni JesuCristo** noong Siya'y nandito pa sa lupa (**Juan 14:12**) at upang patotohanan sa atin na si Jesus ay Siya pa rin noon, ngayon at magpakailanman (**Hebreo 13:8**) sa buhay at ministri ng mensaherong ito.

Nasaksihang muli ng buong mundo ang ministeryo ni JesuCristo sa buhay ni kapatid na William Branham. Ang tatlong hatak (**Three Pulls**) sa buhay ng ating Panginoon ay muling namasdan ng sanlibutan sa buhay ng alagad na ito ng Dios (**First Pull**= Healing; **Second Pull** = Discernment; **Third Pull**= Speaking Things into Existence).

Lahat ng may karamdaman at may kapansanang napanalanginan ni Brother Branham ay gumaling sa kanilang mga sakit. Maging cancer man ito, leukemia, epilepsy, atbp ay hindi makapanaig sa pananalangin ng propetang ito. Lima ang naitalang patay na at sinertipikahan ito ng kanilang ospital, ang muling nabuhay sa pananalangin lamang ni William Branham. Kanya ring natalastas ang mga pangalan, tirahan at saloobin ng mga taong kanyang napapanalanginan sa bawat gawain kahit nga hindi man niya kailanman nakikilala ang mga ito (*Panoorin po ninyo ang VideoCD na pinamagatang "Deep calleth Unto the Deep" by Willam Branham* at doon n'yo mapapatunayan ang mga bagay na sinasabi ko). At sa pagbigkas lamang ng kanyang bibig ay nakakalikha siya ng mga bagay bagay na dati ay wala. Tatlong *squirrel* ang sa kanya'y tumambad nang ito ay kanyang salitain sa gubat. Ang malakas na unos na noo'y dumating sa kanilang bayan ay kanyang sinaway at ito'y kusang naglaho, at ang mga siyentipiko at "weather bureau" ay namangha duon sa pangyayaring yaon sa buhay ni William Branham. Sa pamamagitan din ng "Spoken Word" power o pagbigkas lamang ng Salita, ang imposible ay nagiging posible sa ministeryo ng propetang ito.

Sadyang pinatotohanan nga ng Dios sa buong mundo na itong si William Branham ay tunay nga Niyang isinugo. Hindi lamang sa pamamagitan ng mga himala kundi mismong ang **APOY** ng Dios na nagsulat ng Sampung Utos sa Lumang Tipan ay nakunang kasama Niya sa isang larawan. Pitong anghel na nagpormang ulap sa kalawakan ng Arizona ang dumating din sa kanya noong February 28, 1963 upang ihayag sa kanaya ang napapanahong Aklat na sinelyuhan ng Pitong Tatak sa Apocalipsis 5. Ang dakilang **ULAP** na ito ay nailathala ng **Life Magazine** at **Science Magazine** bilang pagpapatotoo sa mga kaganapang ito.

Nangangahulugan lamang ito na ang Dios ay muling dumalaw sa ating kapanahunan. Nangusap Siyang muli sa atin sa pamamagitan ng isang taong mortal.

Eto po ang mga binitawang pananalita ng mensaherong ito ng Dios bago pa man siya pumanaw noong Disyembre 1965.

"*I wasn't the One that appeared down on the river; I was only standing there when He appeared. I'm not the One that performs these things and foretells these things that happens as perfect as they are; I'm only one that's near when He does it. I was only a voice that He used to say it. It wasn't what I knew; it's what I just surrendered myself to, that He spoke through. It isn't me. It wasn't the seventh angel, oh, no; it was a manifestation of the Son of man.* ***It wasn't the angel, his Message; it was the mystery that God unfolded.*** *It's not a man; it's God. The angel was not the Son of man; he was a messenger from the Son of man.* ***The Son of man is Christ.*** *He's the One that you're feeding on.* ***You're not feeding on a man.*** *A man, his words will fail, but* ***you're feeding on the unfailing Body-Word of the Son of man***."

### DIVINE HEALING (from pp. 16)

*nila ng langis sa Pangalan ng Panginoon; at ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon siya ng Panginoon.*"

Kung ang iglesyang inyong kinabibilangan ay hindi naniniwala sa "*Divine Healing*" na malinaw namang pinatotohanan ng Biblia, ay panahon na upang maghanap ka ng iglesyang nagtuturo ng buong katototohanan ng Dios. Duon kayo manambahan. Di patay ang ating Dios. Siya'y buhay na buhay at nagpapagaling pa rin Siya ng mga may karamdaman hanggang ngayon.

---- Ni **Doctor Rustico Junio**, M.D., ( Licensed and Practising Physician)

# SPIRITUAL MANNA



## Ni Pastor Manny Peralta

**Ako po ay ipinanganak na Catoliko at naging Romano Catoliko sa unang 25 taon ng aking buhay. Una kong napakinggan ang Evanghelyo ng Kaligtasan noong taong 1988 subali't ang mga napakinggan ko ay parang walang naging epekto sa ispiritwal na buhay ko.**

Dumating ang taong 1993 at ako'y naakay sa isang Pentecostal na pananambahan. Subali't ako nama'y masyado pang maligamgam para maunawaan ko ang tunay na kahulugan ng Salita ng Dios sa grupong napasukan ko. Nagsisimba nga ako subali't hindi ko maipamuhay ang mga Salitang aking napapakinggan. Sinasabi kong ako'y Cristiano na at na-"born-again" na dahil yaon ang itinuturo sa amin.

Subali't nang dumating ang taong 1999, hinipo ng Dios ang puso ko nang mapakinggan ko ang tila baga bagong katuruan sa aking pandinig na tinaguriang "*End Time Message*'. Ito'y tumimo sa aking puso at mula sa dati kong pagiging maligamgam ay bigla akong naging masigla at masigasig sa paglilingkod sa Panginoon.

Sinimulan namin ng aking maybahay na saliksikin ang aming bagong kinagisnang pananampalataya, kung ito nga baga'y talagang Biblical o hindi (Acts 17:11). Aming napatunayan na ang lahat ng katuruan sa Mensaheng ito ay akmang-akma sa katuruan ng Biblia. Dito kami natutong timbangin ang lahat ng bagay batay sa Salita ng Dios (I Thes. 5:21) at subukin ang bawat espiritu (I John 4:1). Halos gabi-gabi ay aming sinasaliksik ang kalooban ng Panginoon, at unti-unti ngang naipahayag sa amin ng Dios ang mga malalalim na kahulugan ng Salita Niya sa pamamagitan ng Mensaheng ito. At sa puntong yaon, 'tsaka ko lamang nalaman na hindi pa talaga ako totoong "born again" noon. Kinailangan ko ang Mensahe upang malubos ang kapanganakan kong muli.

Dito ko napakinggan sa Mensahe ang mga katuruan patungkol sa wastong Bautismo sa Pangalan ni JesuCristo, ukol din sa Binhi ng Serpiente, Malakias 4:5-6, Apocalipsis 10:7, atbp. Ako'y lubusang nagpapasalamat sa kabutihan ng Dios sa amin na kami ay biniyayaang matunghayan ang mga lihim na ito sa Banal na Kasulatan. Sa patuloy naming pagdalo sa mga gawain ng **End Time Message** ay lubusan akong naliwanagan na ang katotohanan ay nandirito lamang pala sa Mensahe ng Huling Kapanahunan. Malimit ko itong *i-share* sa mga kakilala ko subali't kadalasa'y ayaw nila itong mapakinggan dahil sa ito raw ay salungat sa kanilang mga tradisyon at katuruan. Karamihan sa kanila ay mabilis na tumatanggi, humahatol at binabansagan ng masasamang termino ang Mensaheng ito. Subali't nalalaman kong ganuon talaga ang mangyayari dahil sinabi na ng Biblia na ang katotohanan ay sadyang kamumuhian ng sanlibutan.

Sa Zechariah 14:6-7, sinasabing, "*At magaganap nga na darating ang isang araw na hindi magiging maliwanag o madilim. Datapuwa't ito'y magiging isang araw na itinakda ng Panginoon, hindi araw, hindi gabi: subali't sa panahon ng kadiliman ay magkakaroon ng Liwanag.*"

Si Zacarias ay nakatingin sa isang araw o dispensasyong hindi madilim o maliwanag. Hindi niya ito tinawag na gabi at hindi rin niya ito matawag na araw. Ito ay isang malamlam na panahon kung saan mayroong sukat lamang na liwanag (katotohanan) at may sukat din naman ng kadiliman (pagkalihis). Subali't sa gitna ng panahong yaon, ay sisikat daw po ang Liwanag.

Ako'y nagpapasalamat sa Dios at Siya'y nagpadala ng isang propeta sa ating kapanahunan na siya Niyang ginamit upang maihayag ang Kanyang purong Salita sa huling siglong ito. Itinulak ng Mensahe ang kadiliman upang sumikat sa atin si JesuCristo, ang totoong Liwanag ng sanglibutan. Itinulak din tayo nitong papalabas mula sa lahat ng **uri ng kadiliman** (credo, dogma, tradition, pagkalihis, bisyo, at mga haka-haka ng mga tao).


Sa Amos 8:11 sinasabi ring, "*Narito, darating ang araw, ang sabi ng Panginoong Dios, na aking ipadadala ang taggutom sa lupa, hindi kagutuman sa tinapay, ni hindi kauhawan sa tubig, kundi sa pakikinig ng Salita ng Dios.*"

Totoo ngang may masidhing taggutom sa mundo ngayon. Ito'y hindi sa natural na pagkain o ni sa natural na tubig, kundi sa pakikinig sa sariwang Salita ng Dios. Salamat at naghanda ang Dios ngayon ng isang malaking piging para sa Kanyang Nobya, na di kagaya noon. Ito'y sadyang isang napakagandang Liwanag. *(sundan sa pp.9)*

# ECUMENICAL COUNCIL: Ipapatupad ang One-World Religion

Ang *Ecumenical Council* o *World Council of Churches* ay isang pandaigdigang samahan ng mga Protestanteng iglesya na binubuo ng halos limang-bilyong miyembro buhat sa 120 bansa.

Ito ay itinatatag noong taong 1948 sa bansang Netherlands na may layuning pagbuklurin ang lahat ng iglesyang Baptists, Methodists, Presbyterian, Fundamentalists, Episcopalians, Adventists at Pentecostals.




Sa suma-total na 337 iglesyang kasapi, 147 nito ay pawang mga Protestante, samantalang ang iba ay binubuo ng Orthodox Christian Churches.

Matatagpuan sa *website address* nilang www.wcc-coc.org ang kanilang *mission-vision* na nagsasabing:

"*The World Council of Churches is an International Christian Organization built upon the foundation of ecumenical collaboration, encouraging its members for a common commitment that people may see the glory of the Triune God - Father, Son and Holy Spirit. The goal of the WCC is to deepen the communion of Christian Churches and communitites in one authentic expression of the "One Holy Catholic and Apostolic Church.*"

Bagama't hindi kasali sa kanila ang *Roman Catholic Church*, ito'y pinagkalooban nilang bumoto at maging isa sa kanilang mga pangunahing tagapayo o *adviser* sa tinagurian nilang "*Commission on Faith and Order.*"

Ang *National Council of Churches of the Philippines* na matatagpuan sa EDSA ay aktibong kabilang sa samahang ito.

Nilalayong papag-isahin ng *World Council of Churches* ang lahat ng sekta at denominasyon sa buong mundo. At sa tulong ng *United Nations*, darating ang araw na ipapatupad nga nila ang *One-World Religion*, sa pangangasiwa pa rin naman ng Papa ng Roma.

Darating ang araw kung saan aalisin nang muli ang kalalagayang "*Separation of Church and State*" upang maging iisa nang muli ang pamunuan ng gobyerno at relihiyon na gaya ng pamumuno ng papa sa panahon ng "Dark Ages."

Hihikayating sumapi ang lahat ng sekta at relihiyon sa ilalim ng **World Council of Churches**. Gagamiting layunin ng programang "church unity" at "counter terrorism" bilang pinaka-adhikain ng panukalang ito. At ang alinmang sektang hindi sasapi, tututol, o magmamatigas, ay aalisan nila ng karapatan pang magtipon o magdaos ng kani-kanilang mga gawain. Maraming sekta ang magkokompromiso at sasapi sa pandaigdigang organisasyon na ito para lamang sila mapahintulutang makapagpatuloy sa kani-kanilang mga ritwal.

Kaya nga't minamadali na ngayon ang **Charter Change** (*cha-cha*) at **Constitutional Convention** (*con-con*) sa kongreso upang mabago nang




tuluyan ang Constitution at isa sa maalis na batas dito ay ang "**Freedom of Religion**" upang maitupad na ngang tuluyan ang One-World Government sa mas lalong madaling panahon.

Nauna nang naipasa ang batas na "**Anti-Terrorism Bill**" sa Pilipinas at maaari ngang abusuhin at gamitin ang naturang batas sa mga mga ayaw makipag-isa sa sistemang ito ng "One World Religion".

Kung papaanong nakipagsabwatan ang mga relihiyon ng mga Hudyong Pariseo at Saduceo noon sa gobyerno ni Augustus Caesar ng Roma upang usigin ang ating Panginoong JesuCristo at maipapako Siya sa Krus, di malayong maulit na naman ang tagpong ito upang usiging muli ng Diablo ang mga totoong mananampalataya ni JesuCristo na nasa mga "*non-denominational groups*" sa huling kapanahunan.

# ISRAEL: HINOG NA SA MULING PAGBABALIK NG MESSIAH

**Alam n'yo ba na sadyang binulag ng Dios ang kanyang sariling bayan** upang ang Ebanghelyo ng Kaligtasan ay makalabas mula sa Israel at makarating sa ating mga Gentil upang tayo naman ay mapabilang din sa mga ililigtas ng Dios?

Ganyan kayaman ang pag-ibig ni Cristo sa atin. Kung si Cristo ay tinanggap siguro ng mga Hudyo noon at hindi nila Siya itinakwil bilang sarili nilang Mesias ay hindi na sana nakarating pa sa atin ang Mabuting Balita ng Ebanghelyo.

Mababasa sa Roma 11:25 ang pahayag ni apostol Pablo ukol dito, "*Sapagka't di ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka, na ang kabulagan ng isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Gentil; at sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas, gaya ng nasusulat.* "

Ang Israel ngayon ay naging isang bansa nang muli, may sariling bandila, sariling pananalapi, at may sariling pamahalaan. Ibinalik nang tunay ng Dios ang mga Israelita sa kanilang bansa mula pa noong taong 1948 buhat sa iba't-ibang panig ng mundo. Naisakatuparan ang propesiyang ito sa pamamagitan ng ginawang pag-uusig na ipinataw sa kanila ni Hitler ng Alemanya, ni Mussolini ng Italya, at ni Stalin ng Rusya. Ang mga Hudyo'y kanilang pinag-uusig at pinagpapatay sa pamamagitan ng *gas chamber,* at tuluyang nilang ipinagtabuyan ang mga ito papalabas ng Europa noong *World War-II.*

Ito ang naging mabisang kaparaaanan ng Dios upang sila ay papanumbalikin nang muli sa *Promise Land* at upang dito sila datnang muli ng ikalawang pagbabalik ni JesuCristo.

Ang bansang Israel ay itinuturing na siyang Puno ng Igos o *"Fig Tree"* ng Biblia. Nang itanong ng mga apostol kay JesuCristo kung kailan darating ang wakas, ito ang isinagot ng Panginoon sa kanila:

Mateo 24:32-35: "***Sa puno ng igos** nga ay pag-aralan ninyo ang kanyang talinhaga: pagka nanariwa ang kanyang sanga, at sumupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit na ang tag-araw. Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyo ang lahat ng mga ito, ay talastasin ninyo na siya'y malapit na, nasa mga pintuan na nga. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay na ito.*"

Sadyang babalikan ni Jesus ang Kanyang itinuturing na mga kapatid - ang ***144,000 Jews,*** ayon sa hula ng Apocalipsis7:4-8. Sila ang 12 angkan ni Jacob na isasama ni Cristo sa Kanyang *Millennial Reign.*

At gaya nga ni Joseph sa Lumang Tipan, si Cristo ay magpapakilala rin sa kanyang mga kapatid na siyang




Ginamit ang mga diktador na sina Hitler, Mussolinni at Stalin upang pabalikin na ang mga Israelita sa lupang ipinangako sa kanila ng Dios sa Palentine.

nagkanulo sa kanya. Mangag-iiyakan ang mga angkan ng Israel sa oras na malaman nila na ang ipinako pala nila sa krus noon ay walang iba kundi ang totoong Mesias na isinugo sa kanila ng Dios.

Susuguin ding muli ng Dios si Moises at si Elias upang patunayan sa mga Israelitas na si Cristo ang kanilang Mesias, sa pagsapit ng *Tribulation Period* ( Apoc. 11). Hahantong ang lahat sa digmaang ***Armageddon***, kung saan lulusubin ng Rusya at iba pang mga komunista at arabong bansa ang Israel. Sa tagpong ito, bababa nang muli si Cristo sa lupa upang sila'y ipagtanggol. At Siya'y mananaig laban sa Kanyang mga kaaway. (Rev 19:11-21)

Itatatag nang muli ni Cristo ang kaharian ng Dios sa lupa - ang *Bagong Jerusalem*. At paghaharian na Niya ang Israel sa *Millennium* bilang "*The Son of David"*, kasama ang *144,000 Jews,* at ang *Bride of Christ* na magmumula naman sa Pitong kapanahunan ng Iglesyang Gentil *(Apocalipsis 1:10-11).*




"**I predict that the two denominational groups, Pentecostal** and the **Evangelical groups,** will work together in a **denomination**, will unite themselves together, and will become a member (all of them) of the **Federation of the Council of Churches** or the **Council of Churches**. They already belong to it -- all of them. And there will come through them a forcing or a **boycott**, that'll stop everything but what belongs to that union of churches. The Bible said that there would be a boycott, even to such a way **it would cause people to not buy or sell** unless they had received this, the **"mark of the beast"**, which is **Romanism**, and the **"image of the beast"**, which is **Protestantism** ... The beast had power, **authority** to give the **image** life to speak, and it did. And that's the **Confederation of Churches**, when they confederate themselves together."

*-The Spoken Word is the Original Seed/1962*

"**I believe, one of these glorious days, when this united confederation of church goes together**, and the **new pope is brought out of the United States** and put over there according to **prophecy**, then they'll **form** an **image** like unto the **beast**. And I tell you, the true Church of God will be drove together. The real, true believers out of Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, Nazarene, Pilgrim Holiness, whatever they'll be, will go together and cemented by the love of God, that'll make the Body of the Lord Jesus Christ, all the believers. And agnostics and shallow-minded will be cast to one side; they'll go right on into the **confederation of churches.**" *-Acts of the Holy Spirit, 1954*

"**But as this move becomes the "IMAGE ERECTED TO THE BEAST," the saints will be gone in the rapture.** And this little delightful, winsome movement that started out in fellowship at Ephesus will become the monster of Satan that defiles and deceives the whole world. For the church system of the **Roman Catholic and the Protestant** in coming together will control the whole wealth of the world system and force the whole earth into its **religious trap**, or will kill them, by refusing them the privilege of buying and selling whereby they would make a living. This will be accomplished simply, for the harlot's daughters are all but gone back to her. In the meantime, **Rome has acquired nearly all the supplies of gold. The Jews have the bonds and all the paper.** At the right time, **the harlot will destroy the present day money system by calling in all the paper, and demanding gold**. ***With no gold, the system falls***. The Jews will be trapped and come into the alliance, and the harlot church will take over the whole world. *-Philadelphian Church Age*


"**And after the church is taken away, Rome and the Jews will make a covenant with one another.** The Bible said they would, with the **holy people.** And now notice, they'll make it, because why? **This nation is going to be busted, and the rest of the world that's on the gold standard is busted. You know that. If we're living off of taxes, due bills for forty years from now, where are we at?** There's only one thing can happen. That's to call in the currency and pay off the bonds; and we can't do it. Wall Street owns them, and **Wall Street's controlled by the Jews; the rest of it's in the Vatican,** and the Jews has got the rest of it in Wall Street with the commerce of the world. The rich merchants of the earth hold it, and then there's only one thing to do: **The Catholic church can pay it off. She's the only one that's got the money; she can do it, and she will do it. And in doing this to get it, she'll compromise with the Jews and make a covenant,** and when she makes this **covenant with the Jews**... Now, remember, I'm taking this from the Scriptures. And now, when she does this and makes this **covenant,** we notice in **Daniel 8:23** and **25** he will cause **craft to prosper** (And **craft** is **manufacturing**), **in his hand.**

*The First Seal, 1963*

# ANG BAGONG KAPANGANAKAN

Sinabi ni Cristo na "maliban na ang tao ay ipanganak nang muli sa tubig at sa espiritu, kailanman ay hindi niya masusumpungan ang kaharian ng Dios" (John 3:3).

Kailangan ang bagong kapanganakan sa kaligtasan ng isang tao. Ito ay tinaguriang "*changing of the soul*" o ang pagbabago sa kalalagayang ispiritwal ng ating mga kaluluwa.




Nang dahil sa dumaan ang tao sa *sex birth*, nabahiran tayo ng *original sin* na gawa ng pagsuway nina Eva at Adan. Hindi niloob ng Dios na dumami ang tao sa pamamagitan ng sex. Bagkus ang orihinal na plano ng Dios ay ang likhain lamang ang tao sa pamamagitan ng *Spoken Word*, o ang pagbigkas sa tao mula sa alabok, gaya ng orihinal Niyang pagkakalikha kay Adan.

Nang dahil sa pagkain nina Eva at Adan ng ipinagbabawal na bunga, nasumpungan nila ang karnal na pagpaparami ng tao sa pamamagitan ng *sex*. Kung kaya't inalisan ng Dios ang tao ng karapatan sa buhay na walang hanggan nang dahil sa pagsuway na ito. Kamatayan ang naging kapalit ng bagay na ito. *"For the wages of sin is DEATH"*. Kaya nga't sinabi ng Biblia na ang lahat ng taong ipinanganak ng isang babae ay "maikli ang buhay at puno ng kabagabagan" *(Job 14:1)*.




Nabahiran ng kasalanan ang kaluluwa ng tao kung kaya't kinakailangang mamatay ang tao sa kanyang lumang kalikasan (*old nature*) upang maipanumbalik sa kanya ng Dios ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng *New Birth*.

**Hindi kailanman nagtuturo ang Biblia ng dalawang kaluluwa sa iisang tao**, bagkus **dalawa** ang naging **kalalagayan** nito. Isang dating masamang kalikasan (*old nature*) at isang bagong nilalang o kalikasan (*new nature*) ang pumalit matapos na ang tao ay makapagsisi at tumanggap kay Cristo Jesus bilang sariling Tagapagligtas niya. Ito ang wastong pang-unawa sa doktrinang "*changing of the soul*".

Ang ating kaluluwa ay TINUBOS ng Dios. "*Now, the SOUL'S REDEEMED because it was IN SIN. So God come down by process of justification, sanctification, baptism of the Holy Ghost, and REDEEMED your SOUL*", ito ang salaysay ng propeta sa mensaheng *Future Home, pp. 49*.

Oo nga't namatay ang ating kaluluwa sa **kalalagayang makasalanan**, subali't ito'y muling binuhay ng Dios sa **panibagong anyo** ng **kabanalan**.


REDEMPTION IN THREE STAGES

| | | | |
|---|---|---|---|
| Natural Birth | Water | Blood | Spirit |
| The New Birth | Justification | Sanctification | Holy Spirit Baptism |
| The Earth | Noah | Jesus | Armageddon |

TYPOLOGIES OF THE "NEW BIRTH" IN THE BIBLE

*"Christianity is based upon **resurrection, not replacement,**"* iyan ang turo ni Brother Branham. Mababasa rin ito sa **Romans 6:11**-"*Likewise reckon ye also yourselves to be **DEAD** indeed unto **SIN**, but **ALIVE** unto **God** through Jesus Christ our Lord.*" Dalawa ang kalalagayan ng isang taong na-"born again". **Patay** siya sa **kasalanan**, subali't **buhay** naman siya kay **Cristo Jesus**.

Kung ang isang tao ay may buhay na walang hanggan nga (*eternal life*), ang kanyang **kaluluwa** ay walang pasimula ni kamatayan man. Iyan ang tunay na kahulugan ng salitang "*eternal soul*".

"But the **main thing**, now, is to the SOUL which will NEVER DIE. The body will die, but the SOUL will NEVER DIE." (-WMB, Church & Its Condition, p.4)

"But the INSIDE PART of you, down in here, INSIDE, that is the **person** that CANNOT DIE. See? That's the person that the new life starts from, from this new birth; and it builds another person you are around that life." *(C.O.D. p.1114)*

Nabahiran lamang ng kasalanan ang ating mga kaluluwa dulot ng *sex birth*, kung kaya't kinakailangang maipanganak tayong muli sa espiritu.

"The **nature** of your **soul** is **God**, if you are **born again**. If it's not, it's of the world." *(-WMB, Souls in Prison, 1963)*

Mali ang katuruang nagsasabi na ang dati mong kaluluwa ay si Satanas, at kinakailangang patayin daw ito upang ang bagong kaluluwa mo raw na si Cristo ay pumasok sa iyo (*Two Soul Doctrine*). Akin pong nililinaw na ang kaluluwa ay hindi pinapatay bagkus ang pinapatay ay ang kasalanang bumabalot dito.

Tinawag na "**control tower**" ang ating kaluluwa sa Mensahe. **Hindi pinalitan ang ating "control tower" kundi yaon lamang pong kumukontrol dito.** Dati si Satanas ang may kontrol sa "tower" mo. Subali't nung ma-"born again" ka, si Cristo na ang kumukontrol sa "tower" o kaluluwa mo. Hindi ho pinalitan ang "control tower" mo.

Si Satanas ay hindi rin pwedeng ma-"born again. At sa totoo lang, wala pa pong pinapatay na kaluluwa sa ngayon. At maging ang kaluluwa ng mga "**wicked**" ay nasa **Fifth Dimension** pa rin ngayon, o sa tinaguriang "**Souls in Prison**". Papatayin ang lahat ng kaluluwang nagkakasala sa pagsapit pa ng "**White Throne Judgement**" kung saan itatapon silang lahat sa literal na "**Lake of Fire.**"

Tama na mababasa nga sa **Ezekiel 18:4** na "*the soul that sinneth it shall die*" o ang "kaluluwang makasalanan ay mamatay". Subalit ang dapat nating itanong ay kung kailan literal na papatayin ito? Kung itutuloy lamang ninyo ang pagbasa pababa sa mga talatang 27-28 ng Ezekiel 18, ay ating matutunghayan duon na ang kaluluwa ng masasamang tao ay maliligtas din pala kung sila'y magsisisi at tatalikod sa kanilang mga kasalanan. *Ezekiel 18:27-28* - "*When the WICKED man turneth away from his wickedness that he hath committed, he shall SAVE his SOUL ALIVE. Because he considereth,and turneth away from all his transgressions that he hath committed, he shall surely LIVE, HE SHALL NOT DIE.*"

"So if the **soul** is of the **world**, it has to be **destroyed**. But if it's **eternal** with God, it never did begin because it's part of God; **it can never be destroyed**" *(WMB,The Future Home, 1964, pp. 41).* **For FURTHER SCRIPTURAL READING about the SOUL BEING "REDEEMED", Read James 1:21; Heb. 10:39; 1 Pet. 1:22; Ps. 41:4; Ps. 56:13; 1 Jn.3:9; 1Thes. 5:23.** (RMM)




visit www.wealth4freedom.com


Ang kasuduang naganap sa pagitan ng Israel at Palistine na pinangunahan ni President Clinton sa Middle East.

*Ang New World Order* ay isang pandaigdigang panukala ng iilang makapangyarihang tao sa mundo na naglalayong limitahan ang kapangyarihan at kasarinlan ng bawat bansa upang lubusang makontrol ang mga ito sa ilalim na lamang ng iisang pamahalaang global na kilala sa tawag na ***One-World Government.***

Ipinapanukala ng mga promotor nito na kilala sa tawag na *Committee of 300* na mas mapapangalagaan daw ang siguridad, kapayapaan at ekonomiya ng buong mundo kung isasailalim na lamang ito sa isang pamumuno na siyang magpapatakbo sa pandaigdigang komersyo at militarisasyon. Ang *General Agreement on Tariffs and Trade* o GATT, ang *World Trade Organization* (WTO), at ang *UN Security Council*, ito'y pawang mga pangunahing sangay ng *United Nations* na kinakasangkapan ngayon upang maisakatuparan ang globalisasyon na ito sa mas lalong madaling panahon.

Ang *mission* ng NWO ay nasasaad sa sumusunod na pamamahayag:

*"**Global governance** aspires to provide to every person on earth security from threat of war, environmental degradation, and from the injustice of poverty, intolerance, and disease. The oppressed people of the world surely take great hope from such noble aspirations. The central theme of global governance is embodied in the concept of "sustainable development": the integration of economic activity with social justice and environmental protection.*"

Balang araw, mawawalan na ng *identity* ang bawat bansa, at sasailalim tayong lahat sa pamumuno ng isang *world dictator.* Ang *National ID system* ay isa sa mga hakbang ng gobyerno ngayon upang ihanda tayo sa bagay na ito. Kukunin ang impormasyon patungkol sa bawat tao sa lupa upang makontrol tayo ng isang *worldwide database* system.

Ang Pilipinas ay kabilang na ngayon sa *UN Security Council* ng Asia at pinasok na rin tayo ng militarisasyon ng America sa tinaguriang VFA o *Visiting Forces Agreement.* Nakaposisyon na nga ang lahat ng bagay para dito. Ang mga teknolohiya ng *internet, cashless society*, at *telecommunications network* ay kakasangkapaning lahat upang maipatupad ang panukalang ito. Kulang na lamang ng isa pang *global terroristic attack* at tuluyan na ngang mailalagay ang buong mundo sa ilalim ng "*martial law*" ng *United Nations.*

Inihula rin sa Biblia na mahahayag ang Anti-Cristo at gagamitin nito ang pagkakataong ito upang ang lahat ng mga tao ay makontrol sa pamamagitan ng pagtatatak sa noo at sa kamay ng bilang na 666. Hindi pahihintulutang bumili at magbili ang sinumang walang tatak nito.

Handa na nga ba kaya ang Pilipinas na sumailalim sa tinaguriang *global totalitarian society*? Kayo na ho ang magpasya.

# Ang Aklat ng Apocalipsis

**AT ANG PITONG MENSAHERO SA PITONG KAPANAHUNAN NG IGLESYA**




**EPHESUS | SMYRNA | PERGAMOS | THYATIRA | SARDIS | PHILADELPHIA | LAODECIA**
A.D. 53-170* A.D. 170-312* A.D. 312-606* A.D. 606-1520* A.D. 1520-1750* A.D. 1750-1906* A.D. 1906-Rapture

**PAUL IRENAEUS ST. MARTIN COLUMBA LUTHER WESLEY BRANHAM**

Matapos ang Araw ng Pentecostes kung saan pinuspos ng Santong Espiritu ng Dios ang Kanyang mga mananampalataya, sinimulang iwan ng Dios ang mga Hudyo dahil sa kanilang tuwirang pagtakwil kay JesuCristo na Kanyang sinisintang Anak.

Sinimulang tawagin ng Dios ang mga Hentil papasok sa kaharian ng Dios mula sa panahong A.D 53 hanggang sa kasalukuyan.



Ginamit ng Dios si Apostol Pablo upang pasimulan ang "**Grace Dispensation**" o "Panahon ng Biyaya" sa pitong kapanahunan ng Iglesya na nasa Asia. Ang Pitong kapanahunan ng Iglesyang ito ay tinatayang tatagal ng humigit kumulang sa 2000 taon bago pa muling magbalik si JesuCristo. Sa maikling panahon na ito, iipunin ni Cristo ang Kanyang mga Nobya mula sa lahat ng dako ng daigdig upang maihanda sila sa nalalapit na "**Rapture**" na nasasaad sa 1 Tesalonica 4:16-17. Ang mga Cristiyanong ito ay ang Kanya manding mga hinirang na tinaguriang Bride o "Wise Virgins" sa kadahilanang matatanggap nila ang "Langis" sa kanilang ilawan na sumisimbolo sa Bautismo ng Ispiritu Santo (Matt. 25). Pitong Mensahero ang Kanyang susuguin upang mailabas ang mga kabilang sa Nobya ni Cristo mula sa lahat ng mga bansa at denominasyon. Ito na nga ang siyang katuparan ng hula sa Apokalipsis, Kabanata 1 hanggang 3. (*sundan sa pp.* 8)

**" The mystery of the seven stars which thou sawest in My right hand, and the seven golden candlesticks. The seven stars are the angels of the seven churches: and the seven candlesticks which thou sawest are the seven churches." -** *Revelation 1:20*

# DANIEL`S KINGDOMS

**DANIEL 2:31-45**

Ang mga kahariang nabanggit sa pangitain ni Propeta Daniel na siyang maghahari sa lupa bago pa dumating ang Mesias na si JesuCristo ay ang mga sumusunod:
1. Babilonia na sinisimbolo ng ulong Ginto;
2. Medo-Persia na sinisimbolo naman ng Pilak na dibdib; 3. ang Grecia na siyang Tansong hita, at 4. ang Roma na siyang bakal na binti.




Ang panghuling kaharian ay bubuuin ng mga Catoliko at Protestante sa pinagsamang bakal at putik na mga paa sa imahen ni Daniel.




Ating matutunghayan sa Biblia ang isang **Aklat** na tinatakan ng **Pitong Selyo** (Revelations 5-Seven Sealed Book). Ang Aklat na ito ay naglalaman ng mga nakatagong lihim ng Dios na nakatakdang mahayag sa huling kapanahunan.

Nasilayan ang Aklat na ito ni propeta Daniel sa Lumang Tipan subali't ang mga nilalaman nito'y hindi sa Kanya ipinasulat ng Dios upang sa huling kapanahunan lamang ito malantad (Dan.12:4). Ipinakita rin ang Aklat na ito ng anghel ng Dios kay Juan sa Apocalipsis 10 datapuwa't hindi rin sa kanya ipinasulat ang mga napapaloob na lihim dito na tinawag ding **Pitong Kulog** (Seven Thunders). Ang Aklat na ito ay tinaguriang "Book of Redemption" o ang "***Aklat ng Katubusan***" na siya namang naglalaman ng mga pangalan ng lahat ng mga ililigtas ng Dios. Ito ay tinawag ding "Title Deed" na siya namang pinakatitulo ng sangkalupaan na dati'y tangan ni Eva at ni Adan noong sila ay hindi pa nahulog sa pagkakasala. Dito napapaloob ang mga kayamanang mamanahin ng bawat matapat na Cristiano sa pagdating ng bagong langit at lupa.

Tinawag din itong "Lamb's Book of Life" o "***Aklat ng Buhay ng Cordero***" kung saan nakasulat ang mga pangalan ng lahat ng mga hinirang ng Dios bago pa man naitatag ang sanlibutang ito.

Ating matutunghayan sa Apocalipsis 5 na isang duguang **Kordero** ang tumubos sa Aklat na ito mula duon sa nakaupo sa luklukan ng langit. At atin din namang matutunghayan na ang Aklat na ito ay **nabuksan** at dinala sa lupa ng isang malakas na Anghel upang ipagkatiwala naman sa **ikapitong anghel** na siya namang Mensahero sa Ikapitong Kapanahunan ng Iglesya - ang *Laodecian Church Age*. Ang **ikapitong anghel** na ito ang siyang naatasan ng Dios upang mailahad ang mga nakatagong lihim ng Biblia sa Kanyang mga hinirang na Nobya sa huling mga araw. Ito ay malinaw na nasasaad sa *Apocalipsis 10:7* na nagsasabing, "***Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit na siyang humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, ayon sa mabubuting balita na Kanyang isinaysay sa kanyang mga alipin na propeta.***"

Ang **ikapitong anghel** na ito (*messenger*) ay isa ring propeta. Nabuksan ang tinatakang Aklat na ito sa pamamagitan ng isang propeta na isinugo ng Dios sa ating kapanahunan. Kung ikaw ay tunay na anak ng Dios, mahalaga ang nilalaman ng Aklat na ito para sa iyong ikatitibay, at ito ang siyang maghahanda sa iyo para makasama ka sa pag-agaw (*rapture*). Subali't kahit nga bukas na ang Aklat na ito sa kasalukuyan, tanging ang mga hinirang lamang o Nobya ni Cristo ang makauunawa nito. Ang Aklat na ito ay inilinggid ng Dios sa kaalaman ng mga di-mananampalataya. Ito'y ipinauna nang sabihin ni Cristo sa Mateo 11:25: "*Sumagot si Jesus at sinabi, "Ako'y nagpapasalamat sa Iyo, Oh Ama, Panginoon ng langit at lupa, na iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag mo sa mga sanggol; Oo nga, Ama, sapagka't gayon ang nakalulugod sa Iyong paningin*".

**Ano ang mga hiwagang napapaloob sa Pitong Selyo?** Bakit mahalaga ito para sa isang Cristiano? Kung nais ninyong matuklasan ang hiwagang bumabalot dito, makipag-ugnayan sa DYARYONG MENSAHE para sa libreng pamamahayag at mga babasahin. **Tumawag** sa **456-3857** o sa **931-8796**, o kaya'y mag-text sa **0919-3681887, o mag-email sa:** ronmillevo@yahoo.com.